IslamHouse.com

Osoul Center
www.osoulcenter.com

# ANG TALAMBUHAY NI PROPETA MUHAMMAD

## Ang Huling Sugo ng Allah

Hinango mula sa aklat ni Ibn Kathir



PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني


Isinalin sa Wikang Pilipino (Tagalog) ni
**Ahmad Jibreel Salas**

Sinuri ni
**Mohammad Taha Ali**

# السيرة النبوية
# من كتاب ابن كثير

إعداد
مركز أصول للمحتوى الدعوي
ترجمة
أحمد جبريل سالاس
مراجعة
محمد طه علي

PHILIPPINE
PILIPINO
فلبيني

ⓒ **المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد و توعية الجاليات بالربوة، ١٤٤١هـ**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية أثناء النشر**

مركز أصول للمحتوى الدعوي

السيرة النبوية من كتاب ابن كثير. اللغة الفلبينية . / مركز أصول للمحتوى الدعوي؛ أحمد جبريل سالاس. - الرياض، ١٤٤٠هـ

١٢٠ ص، ١٤ سم x ٢١ سم

ردمك : ١-٧٤-٨٢٤٩-٦٠٣-٩٧٨

١- السيرة النبوية أ. سالاس، أحمد جبريل (مترجم) ب. العنوان

**ديوي ٢٣٩ ١٤٤١/٢٨٣٢**

**رقم الايداع: ١٤٤١/٢٨٣٢**

**ردمك : ١-٧٤-٨٢٤٩-٦٠٣-٩٧٨**

Osoul Center
www.osoulcenter.com

This book has been conceived, prepared and designed by the Osool International Centre. All photos used in the book belong to the Osool Centre. The Centre hereby permits all Sunni Muslims to reprint and publish the book in any method and format on condition that 1) acknowledgement of the Osool Centre is clearly stated on all editions; and 2) no alteration or amendment of the text is introduced without reference to the Osool Centre. In the case of reprinting this book, the Centre strongly recommends maintaining high quality.

+966 11 445 4900

+966 11 497 0126

P.O.BOX 29465 Riyadh 11457

osoul@rabwah.sa

www.osoulcenter.com

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah
Ang Mahabagin,
Ang Maawain



# ANG MGA NILALAMAN


| | |
|---|---|
| Ang Paglalarawan Kay Propeta Muhammad ﷺ | 9 |
| Ang Panahon ng Kaguluhan sa Mga Mamamayan ng Makkah | 16 |
| Ang Kapahayagan ng Allah ay Dumating Kay Muhammad ﷺ | 20 |
| Ang Paglaganap ng Kaalaman sa Relihiyong Islam sa Pamamagitan ng Propeta ﷺ | 25 |
| Ang Pag-usig at Pagmamalupit ng Mga Tribung Quraish sa Makkah | 27 |
| Ang Ibayong Pag-usig ng Mga Quraish - Unang Hijrah (Paglikas) Patungong Abyssinia sa taong 615 AD | 33 |
| Si Negus, ang Hari ng Abyssinia ay Nangalaga sa Mga Muslim | 34 |
| Ang Kamatayan nina Abu Talib at Khadijah | 41 |
| Ang Mi`raj (Pag-akyat sa Mga Kalangitan) Sakay ng Isang Hayop na Tinawag na Buraq | 43 |
| Al-Aqabah - ang Unang Panunumpa ng Katapatan -, ang Mga Mamamayan ng Yathrib (Madinah) ay Yumakap sa Islam | 50 |
| Ang Hijrah (Paglikas sa Madinah)–Malugod Na Tinanggap ng Mga Mamamayan ng Yathrib (Madinah) ang Mga Muslim | 52 |
| Ang Propeta ﷺ ay Lumikas Patungong Madinah | 60 |
| Ang Labanang Badr - Ang Pangkat ng mga Taga-Makkah ay Sumalakay sa Madinah | 65 |
| Ang Labanan Sa Uhud | 68 |
| Ang Kasunduan ng Hudaibiyah | 79 |
| Si Heraklius ay Kumilala sa Dakilang Allah | 81 |
| Ang Huling Khutbah (Talumpati) ni Propeta Muhammad ﷺ, sa Bundok ng Arafah | 98 |
| Ang Mga Huling Araw ng Sugo ng Allah ﷺ | 107 |
| Ang Kalagayan ng Mga Sahabah Hinggil sa Kamatayan ng Sugo ng Allah ﷺ | 114 |



# Ang Paglalarawan Kay Propeta Muhammad (ﷺ)

Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay isinilang sa Makkah, Arabia, sa araw ng Lunes, ika-12 ng buwang Rabi' Al-Awwal (2 Augosto A.D. 570). Ang kanyang ina, si Aminah, ay anak na babae ni Wahb bin Abdu Manaf na nagmula sa angkan ng Zahrah. Ang kanyang ama, si Abdullah, ay anak ni Abdul Muttalib. Ang kanyang angkan ay mula sa lahi ni Propeta Ismail (Ismail), ang anak na lalaki ni Propeta Ibrahim (Abraham) sa ika-apatnapung salinlahi. Ang ama ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay namatay bago pa man siya isinilang.

Bago sumapit ang ika-anim na taong gulang, ang kanyang ina ay namatay, at siya ay kinupkop ng kanyang lolong si Abdul Muttalib at siya ay inalagaan nang buong pagmamahal. Nguni't, pagkaraan lamang ng dalawang taon, ang kanyang lolo ay yumao. Sa huling sandali, si Abdul Muttalib ay naghabilin sa kanyang anak na lalaking si Abu Talib upang ipagpatuloy ang pangangalaga kay Muhammad (ﷺ).

# Ang Kanyang Kamusmusan

Karaniwang kaugalian ng mga Arabong naninirahan sa mga kabayanan na ang kanilang mga anak ay ipinadadala sa disyerto at ipinaaalaga (at ipinapasuso) sa mga babaing bedouin upang sila (mga bata) ay lumaki sa isang malaya at malusog na kapaligiran ng disyerto na kung saan sila ay lumalaking mayroong matibay na pangangatawan at natututong magsalita ng purong wika at mga kabutihang asal ng mga bedouin, na kilala (at bantog) sa kalinisan ng kanilang wika at malayo mula sa mga bisyo na karaniwang nakukuha sa isang lipunan na ang mga mamamayan nito ay palagian nakaupo lamang (at walang ginagawa).

Hindi naglaon, ang sanggol [na si Muhammad (ﷺ)] ay ipinagkatiwala kay Halimah bint Abu Dhuaib, isang tagapag-alaga na nagmula sa tribu ng Bani Saad bin Bakr. Ang kanyang asawa ay si Al-Harith bin Abdul Uzza na kilala sa tawag na Abu Kabshah, na nagmula rin sa naturang tribu. Si Muhammad (ﷺ) ay mayroong mga kinakapatid (o kapatid sa suso) sina, Abdullah bin Al-Harith, Anisah bint Al-Harith, Hudhafah o Judhamah bint Al-Harith (kilala sa tawag na Ash-Shaima'), at palagi niyang inaalagaan ang Propeta (ﷺ) at si Abu Sufyan bin Al-Harith bin Abdul Muttalib, ang pinsan ng Propeta (ﷺ). Si Hamzah bin Abdul Muttalib, ang amain ng Propeta (ﷺ), ay pinasuso rin ng dalawang tagapag-alagang sina Thuyeba at Halimah As-Sa`diyah, na siya rin nagpasuso sa panahon ng pagiging sanggol ng Propeta (ﷺ).

Ang mga kasaysayan ay kaaya-ayang iniulat kung paano si Halimah at ang kanyang buong mag-anak ay pinagkalooban ng sunud-sunod na mabubuting biyaya habang ang batang si Muhammad (ﷺ) ay nasa kanyang pangangalaga. Ayon kay Ibn Ishaq, isinalaysay ni Halimah na siya, kabilang ang kanyang asawa ay naglakbay kasama ng ilang mga kababaihan ng kanyang tribu upang maghanap ng mga batang pasusosuhin. Siya ay nagsabi:

**"Panahon noon ng tagtuyot (walang ulan) at taggutom, at kami ay walang anumang makain. Ako ay sumakay sa babaing asno na kulay kayumanggi. Mayroon din kaming isang matandang kamelyo. Subali't (sumpa man sa Allah), kami ay makakuha kahit man lang isang patak ng gatas. Hindi namin makuhang matulog sa gabi sapagkat ang aming alagang bata ay patuloy sa pag-iyak dahil sa gutom. Wala namang makuhang sapat na gatas sa aking dibdib at kahit na ang babaing kamelyo ay walang anupamang maipainom sa kanya. Kami ay lagi nang nagdarasal para sa ulan at para sa madaliang kaginhawahan. At pagkaraan ng mahabang paglalakbay, kami ay nakarating sa Makkah sa paghahanap ng mga batang pasusosuhin. Walang isa mang babaing kabilang sa amin ang nais kumuha sa Sugo ng Allah (ﷺ). Sa oras na sabihin sa kanila na siya (Muhammad ﷺ) ay ulila, siya ay kanilang tinatanggihan. Nakatuon ang aming mga mata para sa gantimpala na maaari naming makuha mula sa ama ng bata. Isang ulila! Ano**

**kaya ang maaaring gawin ng kanyang mga lolo at lola? Kaya, siya ay aming tinanggihan dahil sa ganun. Bawa't babae na lumapit sa akin ay nakakuha ng batang pasusuhin, kaya nang kami ay paalis na, sinabi ko sa aking asawa. "(Sa ngalan ng) Allah, ayaw kong bumalik na kasama ng mga babae na wala man lang akong dala kahit isa mang batang pasusuhin, (Naisip ko na) dapat kong balikan ang batang ulilang iyon at siya ay aking kukunin." Siya (ang aking asawa ) ay nagsabi, "Wala namang masama kung gawin mo iyon at maaaring pagpalain ka ng Allah sa pamamagitan niya (ng batang si Muhammad ﷺ)." Kaya aking binalikan (ang sanggol na si Muhammad ﷺ) at siya ay aking kinuha, sapagka't wala naman iba pang mapagpipilian kundi ang kuhanin siya. Nang siya (ang bata) ay aking inilagay sa aking mga bisig, siya ay aking pinasuso habang kami ay pabalik sa aming lugar (sa disyerto), at sa aking pagkamangha, naramdaman ko na ako ay nagkaroon ng sapat na gatas. Siya (ang bata) ay sumuso nang buong kasiyahan at maging ang kanyang mga kapatid sa suso, at pagkaraan ay kapwa natulog nang mahimbing bagaman noong nagdaang gabi, ang aking (tunay na) anak ay hindi nakatulog sanhi ng gutom. Pagkaraan, ang aking asawa ay nagtungo sa aming babaing kamelyo upang gatasan ito, at sa kanyang pagkamangha, ito ay kanyang natagpuang sagana sa gatas. Kami ay uminom nang buong kasiyahan at nakatulog nang mahimbing sa buong gabi.** Kinabukasan, ang aking asawa ay nagsabi: **"Sa (ngalan ng) Allah, dapat mong maunawaan, O Halimah, na ikaw ay nakakuha ng isang pinagpalang bata." At ako ay sumagot naman: "Ako ay tunay na umaasa sa pagpapala ng Allah."**

Ang salaysay ay tahasang nagbigay-linaw na ang paglalakbay pabalik ni Halimah at ang kasunod na kalagayan ng kanilang buhay hanggang ang Propeta (ﷺ) ay nanatili sa kanya ay napapalibutan ng magandang sinag ng kapalaran. Ang asno na kanyang sinakyan noon nang siya ay dumating sa Makkah ay payat at halos may sakit at hindi makausad, nguni't ito ay nanumbalik sa pagiging mabilis sa paglalakad na sadyang ikinagulat ng mga kasamang naglalakbay ni Halimah. Sa oras na kanilang marating ang kinaroroonang tirahan ng angkan ng Saad, kanilang natagpuan ang malaking sukat ng biyaya na kanilang tinamasa. Ang dating tigang na

lupa ay tinubuan ng mayayabong at mabubulas na damuhan at ang mga hayop ay nagsibalik sa kanila na nasisiyahan at tunay na sagana sa gatas. Si Muhammad (ﷺ) ay nanatili kay Halimah ng dalawang taon hanggang siya ay awatin (sa pagsuso) tulad ng sinabi ni Halimah:

**"Pagkaraan, siya ay aming dinalang pabalik sa kanyang ina, at aming hiniling sa kanya (sa ina nito) na siya (ang batang si Muhammad ﷺ) ay manatili sa amin upang sa gayon ay aming tamasahin ang magandang biyaya at pagpapala na kanyang dinala sa amin. Kami ay nagpumilit sa aming kahilingan sa pamamagitan ng pagpapatunay na aming pinangangambahan ang pagdapo ng anumang karamdaman sa bata bunga ng kakaibang panahon ng Makkah. Sa huli, ipinagkaloob sa amin ang aming kahilingan at ang Propeta (ﷺ) ay nanatili sa amin hanggang siya ay umabot sa apat o limang taong gulang."**

Tulad ng salaysay ni Anas na naitala sa Sahih Muslim, nang si Anghel Jibreel (Gabriel) ay bumaba (mula sa langit) at binuksan ang kanyang dibdib at kinuha ang puso. Pagkaraan ay kanyang kinuha ang isang kimpal ng dugo nito at sinabi: "Iyan ay isang bahagi ng Satanas na nasa sa iyo." At pagkaraan, ito ay kanyang hinugasan mula sa tubig ng Zamzam na nasa gintong sisidlan. Pagkatapos, ang puso ay muling ikinabit at isinauli sa dating kinalalagyan nito. Ang mga batang lalaki at kanyang mga kalaro ay tumatakbong dumating sa kanyang ina-inahan; (o sa kanyang tagapangalaga) at sinabing: **"Katotohanan, si Muhammad (ﷺ) ay pinatay."** Sila ay nagsitakbong pabalik patungo sa kanya (kay Muhammad ﷺ) nguni't siya ay kanilang natagpuang nasa maayos na pangangatawan maliban sa kanyang namuti (at namumutlang) mukha.

## Ang Pagbabalik sa Kanyang Ina

Pagkaraan ng pangyayaring naganap na iyon, pinangambahan ni Halimah ang kalagayan ng bata at siya ay ibinalik sa kanyang ina na kung saan siya ay nanatili hanggang sa gulang na anim.

Minsan, bilang alaala sa kanyang yumaong asawa, si Aminah (ina ni Propeta Muhammad ﷺ) ay nagpasiyang dumalaw sa puntod nito sa Yathrib (Madinah). Siya ay nagbalak na maglakbay sa layong 500 kilometro kasama ng kanyang anak na lalaki (si Muhammad ﷺ), ang kanyang babaing aliping si Umm Aiman at ang kanyang biyenang lalaking si Abdul Muttalib. Siya ay nanatili roon ng isang buwan at pagkaraan ay muling naglakbay pabalik sa Makkah. Sa daan, siya ay nagkaroon ng malubhang sakit at siya ay namatay sa Abwa sa pagitan ng daang patungong Makkah at Madinah.

## Ang Pangangalaga ng Kanyang Mabait na Lolo

Dinala (at iniuwi) ni Abdul Muttalib ang bata sa Makkah. Siya ay mayroong damdamin ng pagmamahal at pagkagiliw sa bata, ang kanyang ulilang apo, na ang mapait na pagdadalamhati (sa pagkamatay ng kanyang ina) ay nakaragdag sa mga nakaraan pang kapaitan. Si Abdul Muttalib ay higit na mapagmahal sa kanyang apo kaysa sa kanyang sariling mga anak. Hindi niya kailanman hinayaang mahulog ang bata sa kalungkutan, bagkus higit niyang itinangi ito nang higit kaysa sa kanyang sariling mga anak. Si Ibn Hisham ay nag-ulat: Isang higaan ang inilagay sa lilim ng Ka'bah para kay Abdul Muttalib. Ang kanyang mga anak ay lagi nang nagsisiupo sa gilid ng higaang ito bilang pagpaparangal (at paggalang) sa kanilang ama, nguni't si Muhammad (ﷺ) ay laging umuupo sa higaang ito. Siya ay lagi namang iniaalis ng kanyang mga amain, subali't kapag si Abdul Muttalib ay naroroon, siya ay nagsasabing: **"Inyong iwanan ang aking apo. Ako ay sumusumpa sa Allah na ang batang ito ay gaganap (o tatangan) ng isang mahalagang tungkulin."** Palagian niyang iniuupo ang bata sa kanyang higaan, tinatapik (at hinihimas-himas) ang likod nito at lagi nang nalulugod sa anumang gawin ng bata. Nang si Muhammad (ﷺ) ay walong taon, dalawang buwan at sampung

araw na gulang, ang kanyang lolong si Abdul Muttalib ay yumao sa Makkah. Kaya, ang pangangalaga sa Propeta (ﷺ) ay iniatang sa kanyang amaing si Abu Talib, na kapatid ng kanyang yumaong ama. Pinangalagaan nang buong husay ni Abu Talib ang kanyang batang pamangkin. Isinama niya ito sa kanyang mga anak at higit na itinangi kaysa sa mga ito. Itinangi ng may pagmamahal, paggalang at pagpapahalaga. Si Abu Talib ay nanatili sa loob ng apat napung taong pagmamahal sa kanyang pamangkin at siya ay kanyang pinagkalooban ng lahat ng pangangalaga at siya ay kanyang dinamayan. Ang kanyang pakikipag-ugnayan (at mabuting pakikitungo) sa mga ibang tao ay batay sa pakikitungo na kanilang ipinakikita sa Propeta (ﷺ).

Si Ibn Asakir ay nag-ulat mula sa mapananaligang salaysay ni Jalhamah bin Arfuta na nagsabi: **"Ako ay dumating sa Makkah nang ito ay taon ng walang ulan, kaya ang mga Quraish ay nagsabi 'O Abu Talib, ang lambak ay nawalan ng mga dahon (o nangatuyot) at ang mga bata ay nagugutom, halina tayong magdasal para sa pag-ulan.' Si Abu Talib ay nagtungo sa Ka'bah kasama ng batang si Muhammad na sadyang makisig tulad ng kakisigan ng araw, at ang isang maitim na ulap ay nasa dakong itaas ng kanyang ulo. Si Abu Talib at ang batang si Muhammad (ﷺ) ay tumayo sa dingding ng Ka'bah at nagdasal para sa ulan. Kapagdaka'y ang mga ulap ay nagsitipon sa lahat ng dako ng alapaap at ang ulan ay bumuhos nang malakas at naging sanhi upang umagos ang mga bukal at sumibol ang mga halamanan sa buong kabayanan (ng Makkah at sa buong Arabia)."**

## Ang Paglalakbay sa Basra - Isang Kristiyanong Monghe ay Nagpatotoo Kay Muhammad (ﷺ)

Nang si Muhammad (ﷺ) ay labingdalawang taon (12) gulang, siya ay sumama sa tiyuhin niyang si Abu Talib para sa kalakalang paglalakbay patungong Syria, at sila ay nakarating hanggang sa malayong bayan ng

Basra. Ang paglalakbay ay nagtagal ng mga ilang buwan. Sa bayan ng Basra, si Muhammad (ﷺ) ay nakilala ng isang kristiyanong monghe. Ayon sa kasaysayan, ang kristiyanong monghe na ito ay nagbabala at sinabi kay Abu Talib: **"Ibalik mo ang batang lalaking ito at siya ay iyong pangalagaan laban sa poot ng mga Hudyo, sapagka't mayroong dakilang pangyayari ang naghihintay para sa iyong pamangkin."**

## Ang Matapat at Marangal na Pag-uugali ni Muhammad (ﷺ)

Pagkaraan ng paglalakbay na ito, ang batang si Muhammad (ﷺ) ay lumaking tulad ng karaniwang bata, nguni't lahat ng mamamayan ng Makkah ay nagkakaisa sa pagkilala sa kanya bilang isang batang nag-aangkin ng isang mataas na antas ng kagandahang-asal, dalisay at pinagkakapuring pag-uugali na sadyang bihirang taglayin ng ibang mga mamamayan ng Makkah. Ang maganda at marangal na pagkatao ng batang ito ay nagkamit ng mga papuri sa mga mamamayan ng Makkah, kaya siya ay tinawag na **"Al-Ameen"** na ang malapit na kahulugan ay **"Ang matapat (o ang mapagkakatiwalaan)."** Sa kanyang mga nauna at maagang taon, si Muhammad (ﷺ) ay hindi malaya mula sa mga tungkulin ng buhay. Siya ay naging pastol ng mga tupa ng kanyang amain, na tulad ng ibang angkan ng Bani Hashim, ang malaking bahagi ng yaman ay ginugol at inilaan para sa pag-aalaga ng mga hayupan.

## Ang Pagiging Mapag-isa ni Muhammad (ﷺ) sa Kanyang Pamamaraan ng Buhay

Mula sa kabataan hanggang sa kanyang paglaki, siya ay namuhay sa pagiging mapag-isa. Ang kawalan ng batas na laganap sa mga

mamamayan ng Makkah, ang biglaang silakbo ng walang kabuluhang awayan ng mga tribu, ang mga kalaswaan at kawalan ng paniniwala ng mga Quraish, ay likas na nagdulot ng damdamin ng pagkahabag at kalungkutan sa puso ng isang maramdaming bata. Ang gayong mga tagpo mula sa isang lipunang pinamugaran ng karukhaan at kawalan ng relihiyon ay nagpapahiwatig na ito ay isang masamang kapanahunan.

## Ang Pagpapakasal ni Muhammad (ﷺ) Kay Khadijah

Nang si Muhammad (ﷺ) ay umabot sa dalawamput limang (25) taong gulang, siya ay muling naglakbay sa Syria bilang tagapag-angkat ng kalakal ng isang marangal at mayamang biyudang babae na nagmula sa kilalang angkan ng Quraish na nagngangalang Khadijah. At bunga ng kanyang katapatan sa mga kalakal ng babaing ito, hindi naglaon, siya ay inalok ng kasal. Ang pag-aasawang ito ay naging matagumpay at maligaya. Si Khadijah ay higit na matanda sa kanyang asawa, nguni't sa kabila ng agwat ng gulang sa kanilang pagitan, ang tunay na pagmamahal ay nanatili sa kanilang dalawa. Ang magandang ugnayan ng mag-asawa ay nagbigay sa kanya (kay Muhammad ﷺ) ng isang babae na may pusong mapagmahal na lagi nang nakaagapay sa kanya sa panahon ng kanyang kalungkutan at sa alab ng pag-asa sa panahon na walang sinuman ang naniwala sa kanya habang ang mundong kanyang kinagalawan ay lubhang makulimlim sa kanyang mga mata.

## Ang Panahon ng Kaguluhan sa Mga Mamamayan ng Makkah

Hanggang siya ay umabot ng tatlumpung taong (30) gulang, si Muhammad (ﷺ) ay halos tila isang banyaga sa labas ng mundo. Mula nang mamatay ang kanyang lolo, ang pamamalakad sa Makkah ay nahati

sa sampung tagapangasiwa na binuo ng isang pangkat ng tagapamahalang samahan ng Arabia. Dito, ay walang takdang kasunduan upang magkaroon ng katiyakan para sa kaligtasan at pangangalaga ng bawa't karapatan at ari-arian ng mga mamamayan. Bagaman ang ugnayang pangkamag-anakan ay nagbigay ng ilang antas ng pangangalaga para sa mga mamamayan, ang mga dayuhan ay madalas na makaranas ng pag-usig at nagiging biktima ng karahasan. Sa maraming pagkakataon, sila ay ninanakawan, hindi lamang ng kanilang mga kalakal o kagamitan kundi maging ang kanilang mga asawa at mga anak na babae. Sa pangunguna ng matapat na si Muhammad (ﷺ), ang matandang samahan na kung tawagin ay Kalipunan ng Pangangalaga, ay muling binuhay upang sugpuin ang malubhang kaguluhan at pangalagaan ang bawa't mahihina - maging ito man ay mamamayan ng Makkah o isang dayuhan, malaya man o isang alipin - laban sa anumang kamalian o ng gawaing di-makatarungan na maaaring danasin ng sinuman sa loob ng kinasasakupan ng Makkah. Nang si Muhammad (ﷺ) ay umabot na sa gulang na tatlumput lima (35), nagawa niyang lutasin ang isang maselang hidwaan sa pamamagitan ng kanyang kahusayan sa paghatol. Kung hindi niya napagtagumpayan ang hidwaang ito, ang buong Arabia ay maaaring masadlak sa isang panibagong sunud-sunod na digmaan (labanan) sa pagitan ng dalawang panig.

Noong taong 605 AD, napagpasiyahang kumpunihin at ayusin ang ilang nasirang bahagi ng sagradong bahay-dalanginan (ang Ka'bah). Nguni't, naging suliranin kung sino ang may karapatang magtaas ng Batong Itim sa wastong kalagayan nito, sapagka't bawa't tribu ay nag-angkin nang gayong karangalan at karapatan. Kaya, ang mga nakatatandang mamamayan ay nagpayo na piliin at kunin bilang kanilang tagapamagitan ang sinumang unang lalaking pumasok mula sa itinakdang pintuan ng Ka'bah. Ang mungkahi ay pinagtibay at ang unang lalaking pumasok sa araw na iyon patungo sa pintuan ng Ka'bah ay si Muhammad (ﷺ). Ang kanyang payo ay kinasiyahan ng lahat. Siya ay nagmungkahing ilagay ang itim na bato sa kapirasong tela, at ang bawa't tribu ay makibahagi sa pagtaas nito nang sabay-sabay sa pamamagitan ng pagtangan ng bawa't tribu sa bawa't dulong bahagi ng tela. Sa gayon, ang bato ay matagumpay na nailagay sa wastong kalagayan nito at ang bahay-dalanginan ay naisaayos nang buung-buo nang walang hidwaang namagitan sa lahat.

## Pinigil ni Muhammad (ﷺ) Ang Layong Pangasiwaan ng Mga Romano Ang Makkah

Sa panahong ito, isinalaysay na ang isang nagngangalang Usman, anak na lalaki ni Huwairith ay binigyan ng ginto ng mga namumuno sa Roma upang tangkaing palitan ng mga Romano ang pangangasiwa sa lupain ng Hijaz, nguni't ang pagtangkang ito ay nabigo dahil sa paghadlang ni Muhammad (ﷺ).

## Ang Kabaitan at Pagmamalasakit sa Mga Tao

Ayon sa mga mapananaligang salaysay ng mga manunulat ng kasaysayan, si Muhammad (ﷺ) ay halos nakibahagi sa mga gawaing panlipunan sa mga unang labinlimang (15) taon ng kanyang pag-aasawa kay Khadijah. Sa kanyang pribadong buhay, siya ay inilarawan na lagi nang matulungin sa mga kapus-palad at mga nangangailangan. Ang kanyang tiyuhing si Abu Talib ay naghirap nang dahil sa kanyang pagsisikap na panatiliin ang dating kalagayan ng kanyang pamilya. Kaya, si Muhammad (ﷺ), sa halip na naging mayaman sa pagkakataong ito nang dahil sa kanyang pag-aasawa kay Khadijah, ay nagpumilit na pasanin ang bahagi ng utang na loob at tungkulin sa kanyang tiyuhin sa pamamagitan ng pagsasabalikat para sa pangangalaga at pagpapaaral kay Ali. Hindi naglaon, inampon niya si Akil, ang isa pang anak na lalaki ng kanyang amain.

Si Khadijah ay nagkaanak kay Muhammad (ﷺ) ng dalawang lalaki at apat na babae. Lahat ng lalaki ay namatay sa kanilang kamusmusan, kaya natagpuan niya ang kasiyahan ng pagmamahal kay Ali, ang kanyang nakababatang pinsan. Sa ganitong kalagayan, si Muhammad

(ﷺ) ay naging isang magandang halimbawa ng kabaitan na nagbigay ng lugod sa kanyang mga mamamayan. Ang asawa niyang si Khadijah ay nagkaloob sa kanya ng isang batang alipin na nagngangalang Zaid, anak na lalaki ni Haritha. Si Zaid ay dinala sa Makkah bilang aliping bihag, siya ay ipinagbili kay Khadijah. Nang maglaon, nabalitaan ni Haritha (ang ama ni Zaid) na si Muhammad (ﷺ) ang nagmamay-ari kay Zaid, kaya siya ay nagmadaling nagtungo sa Makkah at naghain at nag-alok ng malaking halaga para sa kalayaan ng kanyang anak na si Zaid.

Sa pagkakataong iyon, si Muhammad (ﷺ) ay nagsabi kay Haritha: **"Hayaang lumapit si Zaid sa akin, at kung nais niyang sumama sa iyo, siya ay iyong kunin nang walang kapalit na kabayaran, nguni't kung nais niyang manatili sa akin, bakit hindi ko siya tutulutang manatili sa akin?"** Si Zaid ay dinala sa harapan ni Muhammad (ﷺ), at pinili niyang manatili sa piling ni Muhammad (ﷺ), sapagka't siya ay itinuring nito bilang isang anak. Hindi nagtagal, hinawakan ni Muhammad (ﷺ) ang kamay ni Zaid, at siya ay dinala sa batong Itim ng Ka'bah, na kung saan ay hayagan niyang sinabi na inaampon niya si Zaid bilang kanyang anak. Bumalik ang tunay na ama ni Zaid sa sariling bayan nang nasisiyahan. Simula noon si Zaid ay tinawag na anak ni Muhammad (ﷺ).

Nang si Muhammad (ﷺ) ay malapit na sa kanyang gulang na apatnapu (40), ang kanyang isip ay lagi nang nakatuon sa malalim na pagninilay-nilay. Nasa kanyang isip ang kalagayan ng kanyang pamayanang watak-watak bunga ng masalimuot na digmaan at di-pagkakasundo ng bawa't mamamayan, nakasadlak sa mga karahasan o kalupitan sanhi ng kamangmangan, pagkahumaling sa mga pamahiin at mga di-makatuwiran at nakagisnang ritwal. Ang kanyang dalawang ulit na paglalakbay sa Syria ay nagbukas sa kanya para sa isang tagpo nang hindi maihayag na asal at panlipunang pangungulila, magkasalungat na paniniwala at mga sektang naglalaban-laban upang pangibabawan ang isa't isa. Maging sa mga lambak at disyerto ng Hijaz ay dala-dala ang gayong suklam at galit na nagdulot ng kapaitan sa kanilang mga pamumuhay.

# Ang Kapahayagan ng Allah ay Dumating Kay Muhammad (ﷺ)

Pagkalipas ng mga taon ng kanyang pag-aasawa, nakagawian ni Muhammad (ﷺ) na mapag-isa sa isang yungib sa bundok ng Hira, ilang milyang layo mula sa Makkah. Sa yungib na ito, siya ay palagiang nagdarasal. Dito, ay madalas niyang gugulin ang buong gabi sa malalim na pagninilay-nilay at taimtim na pakikipag-ugnayan sa Di-nakikita, nguni't Ganap na Maalam na Diyos (ang Allah). Minsan, sa mga oras ng kanyang mapayapang pamamahinga sa yungib at sa katahimikang bahagi ng gabi, isang Anghel ang dumating sa kanya at nagpahayag sa kanya na siya ay nakatakda bilang Sugo ng Allah para sa isang lipon ng mga mamamayang nakasadlak sa dilim ng kamangmangan upang siya ay maghatid (o magpalaganap) ng kaalamang nagmumula sa kanilang Panginoon. Ang mga bantog na tagapagtala ng mga mapananaligang salaysay ng Islam ay nagkaisa sa pangyayaring tunay na naganap sa unang kapahayagang tinanggap ni Propeta Muhammad (ﷺ) nang siya ay mapag-isa sa loob ng yungib ng Bundok Hira at dito, siya ay marubdob na nagdarasal sa loob ng tatlong araw at gabi. Siya ay nagbabalik sa kanyang mag-anak sa Makkah anumang oras niya naisin at muling babalik sa bundok. Patuloy ang kanyang pagbabalik-balik kay Khadijah tuwina hanggang isang araw, sa loob ng yungib, ang banal na kapahayagan ay bumaba sa kanya. Ang Anghel Jibreel (Gabriel) ay lumitaw sa kanya at nag-utos: **"Basahin (o bigkasin) mo!"**

Nguni't dahil si Propeta Muhammad (ﷺ) ay hindi nakapag-aral, at kailanman ay hindi tumanggap ng alinmang pormal na alituntuning pampaaralan hinggil sa pagbasa at pagsulat, siya ay nagsabi sa Anghel: **"Ako ay hindi marunong bumasa."** Siya ay hinatak at hinawakan ng Anghel at diniinan nang mahigpit hanggang sa kanyang makayanan, at muli ay sinabi sa kanya: **"Basahin (o bigkasin) mo."** Nguni't ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ako ay hindi marunong bumasa."** Hinatak muli ng Anghel si Propeta Muhammad (ﷺ), diniinan at siya ay nagsabi:

**{Basahin (o bigkasin) mo![1] Sa Ngalan ng iyong Panginoon na lumikha - Lumikha sa tao mula sa isang namuong (kimpal ng) dugo. Basahin (o bigkasin) mo, at ang iyong Panginoon ay Lubos na Mapagbigay, Na nagturo (sa paggamit) ng panulat, (Siya na) nagturo sa tao ng (mga bagay na) hindi niya nalalaman}. Qur'an (96:1-5)**

Pagkaraan, inulit na binigkas ng Propeta (ﷺ) ang mga salita nang may nanginginig na puso. Siya ay nagbalik kay Khadijah mula sa bundok ng Hira at siya ay nagsabi: **"Balutan mo ako! Balutan mo ako!"** Siya ay binalutan ng damit hanggang mapawi ang kanyang panginginig. Isinalaysay nito kay Khadijah ang naganap at kanyang inakala sa sarili na siya ay nakulam o inalihan ng pagkabaliw. Nguni't si Khadijah ay nagsabi: **"Hindi itutulot ng Allah ang gayon, katiyakang hindi Niya hahayaan ang gayong bagay na mangyayari sa iyo, sapagka't ikaw ay makatotohanan, matapat, at pinapasan mo ang hirap ng mga tao, ikaw ay gumugugol sa mabubuting gawaing mula sa iyong malinis na pangangalakal, ikaw ay mapagbigay at magiliw sa pakikitungo at matulungin sa iyong kapwa. "Ano ba ang nangyari sa iyo, nakakita ka ba ng anumang kagimbal-gimbal na bagay?"** Si Muhammad (ﷺ) ay tumugon: **"Oo,"** at isinalaysay niya ang kanyang nakita. Pagkaraan nito, si Khadijah ay nagsabi: **"Dapat kang malugod, O aking asawa at magalak. (Sumpa man sa Allah) na Siyang may tangan ng buhay ni Khadijah, ako ay sumasaksi sa katotohanan ng pangyayaring ito, na ikaw ay tatanghalin bilang Propeta ng mga mamamayang ito."**

### Sinangguni ni Khadijah sa Kanyang Pinsang Bihasa sa Mga Banal na Kasulatan; at Pinatotohanan ang Pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ).

1 Ito ang simula ng pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ) at ang una sa mga kapahayagan ng Qur'an. Si Imam Ahmad ay nagtala na sinabi ni Aishah: "Ang unang bagay na nangyari sa Sugo ng Allah (ﷺ) tungkol sa kapahayagan ay nasa anyo ng panaginip na kanyang nakikita sa kanyang pagtulog at nagkakatotoo. Hindi niya makikita ang isang panaginip maliban na ito ay nagkakatotoo tulad ng liwanag ng pagbubukang-liwayway. Pagkaraan nito, ang pagiging mapag-isa ay kinagiliwan niya. Kaya, siya ay lagi nang nagtutungo sa Yungib ng Hira at inilalaan ang panalangin doon para sa maraming bilang ng gabi at nagdadala siya ng pagkain at nagbabalik lamang sa kanyang asawang si Khadijah upang muling kumuha ng pagkain para sa gayon ding pananatili sa yungib." (Tafsir Ibn Kathir Vol. 10)

Pagkaraan ng karanasang ito, si Khadijah ay nagtungo sa kanyang pinsang si Waraqa bin Naufal, isang matandang bulag na bihasa sa mga Banal na Kasulatan ng mga Hudyo at Kristiyano, at nagsabi na ang mga kasulatang ito ay naisalin sa wikang Arabik. Nang isalaysay sa kanya ni Khadijah ang anumang kanyang narinig, siya ay nagsabi:

**"Katotohanan, ito ang Namus (Banal na Espiritu) na dumating kay Musa (Moises). Siya ay magiging Propeta ng kanyang mga mamamayan. Sabihin mo ito sa kanya (kay Muhammad ﷺ) at pagpayuhan mo siyang maging matibay ang loob."**

Nang magkita ang dalawa [sina Muhammad (ﷺ) at Waraqa], ang bulag na bihasa sa mga Banal na Kasulatan ng mga Hudyo at Kristiyano ay nagsalita tungkol sa pananampalataya at pagtitiwala. **"Ako ay sumusumpa sa (Allah) na Siyang may tangan ng buhay ni Waraqa, ikaw ay pinili ng Allah na maging Propeta ng iyong mga mamamayan. Ikaw ay kanilang pararatangan bilang isang sinungaling, ikaw ay kanilang uusigin, ikaw ay kanilang ipagtatabuyan, at ikaw ay kanilang kakalabanin para rito. Marahil kung ako ay buhay pa sa panahong iyon, ako ay makikipaglaban para sa iyo."** At siya ay kanyang hinalikan sa noo.

# Ang Pananaw at Pagpupunyagi ni Muhammad (ﷺ) Upang Hadlangan Ang Kalungkutan

Ang unang kapahayagan ay sinundan ng isang mahabang panahon. Sa loob ng panahong ito, si Muhammad (ﷺ) ay nakaranas ng kalungkutan at pananamlay. Tanging Allah lamang ang lubos na nakababatid kung ano ang nasa isip at damdamin ni Muhammad (ﷺ) sa oras na iyon. Maaaring siya ay nababalisa tungkol sa mga kapahayagan, at ang walang katiyakang pagkilala ng mga nakararaming mamamayan tungkol sa pagpapalang ito ng Allah sa kanya - ang pagiging Sugo ng Allah. Sapagka't dito

nakasalalay ang kanilang sariling mga kapakanan at magandang kinabukasan. Ang mga mamamayan ng Makkah, sa panahong iyon, ay umaasa nang lubusan sa mga kalakal na dala-dala ng mga pagano para sa mga ritwal na pag-aalay sa mga huwad na diyos, sa mga estatwa at sa mga iba pang kanilang sinasamba (na nasa Ka'bah). Sinuman ay walang kakayahang isipin ang kanyang kahihinatnan at pananagutan sa mga tao, at maging ang mga hamon na pinili ng Dakilang Allah para sa kanila.

# Ang Propeta (Muhammad ﷺ) ay Bumangon Upang Simulan Ang Kanyang Pagpapalaganap ng Mensahe ng Allah

Ang kanyang nakatakdang kapalaran ay inihayag (o inilahad nang malinaw) sa kanya, nang siya ay nakabalot sa taimtim na pagninilay-nilay, nakaramdam sa sarili ng kapanglawan at kalungkutan. Siya ay tinawag ng isang tinig mula sa kalangitan at inutusang bumangon at magpalaganap ng mensahe. Ang Anghel ay nagsalita sa nagdadalamhating puso ng pag-asa at pananalig at ng maliwanag na kinabukasan upang kanyang ipakita sa mga tao ang pagtitipon para sa isang dalisay na pananampalataya.

**{O Ikaw (Muhammad ﷺ) na tinatakpan (ang sarili) ng kasuutan![1] (Ikaw ay) bumangon at magbigay ng babala. At ipagbunyi mo ang (papuri ng) iyong Panginoon}. Qur'an (74:1-3)**

---

1 Mula sa Sahih Al-Bukhari at Sahih Muslim sa pagsasalaysay ni Abu Salamah na si Jabir bin Abdullah ay nagsabi na narinig niya ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasalaysay tungkol sa panahon ng pagpapahayag at ang paraan ng pagpapahayag ng Qur'an sa kanya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Habang ako ay naglalakad, ako ay nakarinig ng isang tinig mula sa langit. Kaya, itinaas ko ang aking paningin sa dakong kalangitan at aking nakita ang dating Anghel na lumapit noon sa akin sa Yungib ng Hira. Siya ay nakaupo sa isang silya sa pagitan ng langit at lupa. Kaya ako ay dagliang lumisang papalayo sa kanya nang dahil sa takot hanggang ako ay madapa. At saka, ako ay bumalik sa aking pamilya at aking sinabi: "Balutin ninyo ako, balutin ninyo ako." At binalutan nila ako. Kaya, ipinahayag ng Allah: {O ikaw na nababalutan! Bumangon ka at magbigay babala!} hanggang Ayah na {at lisanin mo ang mga idolo}. Pagkaraan nito, ang kapahayagan ay nagsimulang maging matindi at madalas na nagkasunud-sunod."

Siya ay tumindig at nagsimulang gumawa sa sarili ng mga gawain ng pagpapalaganap ng mensahe. Si Khadijah ang unang yumakap sa kanyang paanyaya sa Islam. Siya ay naniwala sa mga kapahayagan upang talikdan ang idolatriyang nakapaligid sa kanila at sumama sa kanya sa pagdalisay ng puso at sa pagdarasal sa Dakilang Allah.

# Ang Mga Sahabah (Kasamahan Ng Propeta ﷺ)

Sa simula ng kanyang panawagan (at pangangaral), si Propeta Muhammad (ﷺ), pagkaraan nito, ay tinawag na bilang Propeta ng Allah- binuksan ang kanyang kalooban sa mga natatanging malalapit sa kanya at sila ay kanyang pinalaya mula sa masasamang kaugalian ng kanilang mga ninuno. Pagkaraang yumakap si Khadijah, ang kanyang nakababatang pinsang si Ali bin Abu Talib ay naging kasunod na kasamahan. Ang Propeta (ﷺ) ay lagi nang nagtutungo sa disyerto sa paligid ng Makkah kasama ng kanyang asawa at ng batang pinsang si Ali upang sila ay magsagawa ng pasasalamat sa Allah sa Kanyang mga biyaya. Minsan, sila ay nabigla nang sila ay nakita ni Abu Talib, ang ama ni Ali. Siya ay nagtanong sa Propeta (ﷺ): **“O anak ng aking kapatid, ano itong relihiyon na iyong sinusunod?”** Sumagot si Propeta Muhammad (ﷺ): **“Ito ay relihiyon ng Allah, (ang relihiyon) ng Kanyang mga anghel, ng Kanyang mga Sugo (o Propeta) at (siya ring relihiyon) ng ating ninunong si Ibrahim (Abraham). Ako ay isinugo ng Allah sa Kanyang mga alipin upang sila ay aking patnubayan tungo sa katotohanan, at ikaw, aking amain, ang pinakakarapat-dapat sa lahat. Ako ay nag-aanyaya sa iyo at ikaw ay dapat yumakap sa katotohanan ng Islam at tumulong sa akin para sa pagpapalaganap nito.”**

Si Abu Talib ay sumagot: **“O anak ng aking kapatid, hindi ko magagawang itakwiI (o talikdan) ang relihiyon ng aking mga ninuno; nguni’t, sumpa man sa Kataas-taasang Panginoon, habang**

**ako ay nabubuhay, walang sinuman ang maaaring manakit sa iyo."** Pagkaraan, ay bumaling kay Ali at nagtanong sa kanyang anak kung ano ang kanyang relihiyon. Si Ali ay sumagot: **"O aking ama, ako ay naniniwala sa Allah at sa Kanyang Propeta (ﷺ) at ako ay sasama sa kanya."** Si Abu Talib ay sumagot: **"Kung gayon aking anak, siya ay hindi mag-aanyaya sa iyo sa anupamang bagay maliban kung ano ang mabuti, kaya ikaw ay malayang sumama sa kanya."**

Pagkaraan ni Ali, yumakap din ang inampon ni Muhammad (ﷺ) na si Zaid sa bagong relihiyon. Siya ay sinundan ni Abu Bakr, isang pangunahing kaanib ng Tribung Quraish at siya ay isang matapat, mayamang mangangalakal na kinalulugdan ng kanyang mga kaibigan at mga kakilala. Siya ay nakababata ng dalawang taon kay Propeta Muhammad (ﷺ). Ang kanyang pagyakap sa bagong relihiyon ay nagbigay ng panibagong lakas at mabuting tulong. Hindi naglaon, limang tao na kilala at ginagalang sa lipunan ang nagpahayag ng pagyakap sa Islam sa harapan ng Propeta (ﷺ). Marami ring dumating kay Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa mga tribung Arabo na may mababang uri ng pagkatao at sila ay yumakap sa Islam.

## Ang Paglaganap ng Kaalaman sa Relihiyong Islam sa Pamamagitan ng Propeta (ﷺ)

Sa tatlong taon ng pagpupunyagi, ang Propeta (ﷺ) ay tahimik na inilayo nang unti-unti ang kanyang mga mamamayan mula sa pagsamba sa mga idolo. Ang pagsamba sa maraming diyus-diyusan ay malalim na nag-ugat sa puso ng mga tao. Ito ay may sariling pang-akit. Ang Quraish ay mayroong pansariling pakinabang sa dating pagsamba, at ang kanilang dangal ay nakasalalay sa pangangasiwa ng mga ritwal ng kanilang relihiyon. Ang Propeta (ﷺ) ay nanindigan laban sa mga maling pagsamba ng mga mamamayan nito at nagtakwil sa nangingibabaw na maling pamamahala na siya rin nagtakda kung ano ang kanilang nais na maging kalagayan para sa mga mamamayan.

Pagkaraan ng tatlong taon nang palagian nguni't tahimik na pagpupunyagi, tatlumpung katao lamang ang naging tiyak at matatag. Isang mahalagang pagbabago ang naganap sa panahong ito hinggil sa mga ugnayan ng Propeta (ﷺ) sa mga mamamayan ng Makkah. Ang kanyang mga mamamayan ay nagsimulang pag-alinlanganan ang katinuan ng kanyang isip, kanilang inakalang siya ay nababaliw o inaalihan ng masamang espiritu. Gayon paman, siya ay patuloy sa pangangaral nang tahimik at walang sagabal. Ngayon, siya ay nagpasiyang mag-anyaya nang hayagan sa mga mamamayan ng Makkah, naghikayat sa kanila na talikdan ang kanilang pang-iidolo (o pagsamba sa mga idolo, mga rebulto at imahen). Siya ay naghanda ng mga pagtitipon sa mga kalapit pook at doon siya ay nagsalita sa kanila tungkol sa kanilang mga kamalian bunga ng kanilang pagsamba sa mga kapirasong bato na kanilang kinikilala at itinuturing bilang diyos. Siya ay nag-anyaya sa kanila na talikdan ang kanilang mga sinaunang pamahiin ng pagsamba at yakapin ang pananampalatayang Islam batay sa pagmamahal, katotohanan at kadalisayan. Siya ay nagbabala ng kapalarang naranasan ng mga naunang henerasyon na hindi nagbigay-pansin sa mga pangaral ng mga naunang propeta. Nguni't ang pagtitipon ay natapos nang walang nakinig sa babalang ipinagkaloob sa kanila ng Propeta (ﷺ).

Nang mabigo ang panghihikayat niya sa kanyang mga mamamayan upang makinig sa kanya, binalingan niya ang mga dayuhang mangangalakal o ang mga taong dumadalaw sa Makkah para sa pilgrimahe. Nguni't ang Tribung Quraish ay gumawa ng mga hakbangin upang sugpuin ang kanyang mga pagsisikap. Sila ay nagmamadali at nagpapatiunang kinakausap ang mga dayuhan sa mga iba't ibang daaranan upang sila ay bigyang-babala sa pakikipag-ugnayan sa Propeta (ﷺ) na kanilang ipinakilala bilang isang mapanganib na salamangkero (o bihasang mahikero). Kapag nagsibalik sa sariling bayan ang mga dayuhan, kanilang dala ang balita ng pagkakaroon ng isang matapang at mapangahas na mangangaral sa Makkah na nag-aanyaya sa mga Arabo nang hayagan upang talikdan ang pagsamba sa kanilang mga nakagisnang idolo o diyus-diyusan.

# Ang Pag-usig at Pagmamalupit ng Mga Tribung Quraish sa Makkah

Ang Propeta (ﷺ) at ang kanyang mga tagasunod ay sumailalim sa mga pag-uusig at pang-aalipusta. Ang mga napoot na Quraish ay humahadlang sa Propeta (ﷺ) sa pagdarasal sa bahay-dalanginan (Ka'bah); siya ay kanilang sinusundan saan man siya magtungo. Siya ay tinatapunan ng mga maruruming bagay kapag sila ay nagsasagawa ng pagsamba. Sila ay nagkakalat ng mga tinik sa daan na madalas nilang daanan. Sa gitna ng mga pagsubok at pasakit na kanilang dinaranas, ang sigasig ng Propeta (ﷺ) ay hindi kailanman naglaho para sa pagpapalaganap ng Islam. Siya ay tigib ng pananalig at tiwala sa kanyang layunin, at maging sa ibang pagkakataong siya ay inilalagay sa panganib ng kamatayan. Sa panahong ito ng pag-usig, si Hamza, ang pinakabatang anak na lalaki ni Abdul Muttalib ay yumakap sa Islam. Siya ay isang lalaking bantog sa katapangan, mapusok o walang takot na mandirigma, mapagbigay at matapat, at ito ang siyang dahilan upang siya ay bansagan sa tawag na **"Ang Leon ng Allah."** Siya ay naging matapat sa Islam at namatay sa pagpupunyagi para sa landas ng Allah.

Nagpatuloy ang Propeta (ﷺ) sa pangangaral at pagpapalaganap ng Islam sa mga Arabo sa paraang mahinahon at makatuwiran. Hinikayat niya ang mga tao na talikdan ang mga nakagisnang gawaing hindi makatarungan at mga makasalanan. Sa mga nakaaantig na mga salitang nagbigay ng inspirasyon sa puso ng mga nakakarinig, siya ay nagbigay ng babala ng parusa na iginawad ng Allah sa mga naunang tribu ng Ad at Thamud, sapagka't sila ay matitigas na sumuway sa mga babala ng mga Sugo ng Allah. Sila ay kanyang hinimok na magnilay-nilay sa pamamagitan ng mga likas na tanawin sa kapaligiran, sa pamamagitan ng liwanag sa maghapon, sa gabi kapag ito ay nagdidilim, sa araw kapag ito ay lumilitaw na marilag at matapat na makinig sa kanyang mga babala bago dumating sa kanila ang nakakatulad nitong kapahamakang bababa sa kanila. Siya ay nagsalita sa kanila tungkol sa Araw ng Pagbabayad-

sala, kapag ang kanilang mga gawa sa mundong ito ay titimbangin sa harap ng Walang Kinikilang Paghuhukom, kapag ang mga bata na inilibing ng buhay ay tatanungin kung anong dahilan at sila ay pinatay.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Bagkus, sila (mga Tribu ng Quraish) ay namangha nang may dumating sa kanila na isang tagapagbabala mula sa kanilang (lahi). Kaya, ang mga di-naniniwala ay nagsabing: "Ito ay isang kamangha-manghang bagay!" "Kapag kami ba ay nangamatay na at maging alabok (kami ay mabubuhay muli?) Iyan ay (isang) pagbabalik na malayong (maganap)." Katotohanan, Aming nababatid kung ano ang ibinabawas (o ginagawa) ng lupa (sa kanilang mga patay na katawan), at nasa Amin ang isang talaan na pinangangalagaan. (Hindi), bagkus kanilang itinakwil ang katotohanan nang ito ay dumating sa kanila, kaya sila ay nasa nakalilitong katayuan. Hindi ba nila pinagmamasdan ang kalangitang nasa kanilang itaas, kung paano Namin ito itinayo at pinalamutian ito, at (paanong) ito ay walang (makikitang) siwang (o awang)? At ang kalupaan - ito ay Aming inilatag (nang malawak) at nagtirik doon ng mga bundok na matatag, at doon ay nagpatubo Kami ng bawa't uri ng naggagandahang (mga halamang) magkakapares. (Ito ay bilang) isang (magandang) tanawin at isang paalaala sa bawa't alipin (tao) na nagbabalik-loob (sa Allah). At Aming ibinaba ang pinagpalang ulan mula sa langit, at Aming pinangyaring tumubo sa pamamagitan nito ang mga halamanan at mga butil na pag-aanihan. At ang mga nagtataasang puno ng datiles na (hitik sa) mga bungang nagkakalipumpunan - (Bilang) panustos para sa mga alipin (ng Allah). At Aming binigyang buhay sa pamamagitan nito ang (dati ay) tigang na lupa. Ganyan (nahahalintulad) ang paglabas (ng mga patay mula sa mga libingan sa Araw ng Pagkabuhay na Muli). Ang mga mamamayan ni Nuh (Noah) ay naunang nagtakwil sa kanila, at ang mga naninirahan sa (bayan ng) Rass at ang (Tribu ng) Thamud; At ang (mga mamamayan ng) Aad, at si Fir`aun (Paraon), at ang mga kapatid (o mga mamamayan) ni Lut (Lot); At ang mga naninirahan sa Aikah (mga kakahuyan) at ang mga mamamayan ng Tubba. Silang lahat ay nagtakwil sa mga sugo, kaya ang Aking banta (babala ng parusa) ay makatuwirang ipinatupad}. Qur'an (50: 2-14)**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi pa:

**{Ang lahat ng papuri ay sa Allah na Siyang lumikha sa mga kalangitan at sa kalupaan at (Siya ang) gumawa sa kadiliman at sa liwanag. (Datapuwa't), pagkaraan yaong mga di-naniwala ay kanilang ipinapantay ang kanilang Panginoon (sa iba). Siya ang lumikha sa inyo mula sa luad (putik), pagkaraan ay nagtakda ng isang taning (na panahon upang kayo ay mamatay) at isang taning (upang kayo ay ibalik) sa Kanya. (Nguni't), pagkaraan kayo ay nag-aalinlangan (sa katotohanan nito). At Siya ang Allah (ang Diyos na sinasamba) sa mga kalangitan at sa kalupaan; nababatid Niya ang inyong ipinaglilihim at ang inyong inilalantad, at nababatid Niya ang anumang inyong pinagsumikapan (mabuti man o masama). At walang isang Ayah (kapahayagan) ang dumarating sa kanila mula sa mga Ayat (kapahayagan) ng kanilang Panginoon maliban na sila ay nagsisilayo mula rito. Kaya, tunay ngang kanilang itinakwil ang katotohanan (ng Qur'an) nang ito ay dumating sa kanila, at darating sa kanila ang mga balita ng anumang kanilang lagi nang pinagtatawanan. Hindi ba nila nakikita kung ilang henerasyon na ang Aming winasak nang una sa kanila na Aming itinatag sa balat ng lupa na hindi Namin naitatag para sa inyo? At Aming ipinadala sa kanila (ang ulan mula) sa kalangitan nang may mga ambon at Aming ginawang umagos ang mga ilog sa kanilang ilalim. Subali't, sila ay Aming winasak dahil sa kanilang mga kasalanan at Aming pinalitaw pagkaraan nila ang panibagong mga henerasyon (o salin-lahi)}. Qur'an (6:1-6)**

Nang maragdagan ang bilang ng mga naniniwala (Muslim) at ang pagpapalaganap ng Islam ay naging matatag sa dami ng mga makapangyarihan at bantog na taong nagsiyakap, ito ay naging hudyat para sa mga tribu ng Quraish, sapagka't ang kanilang kapangyarihan at dangal ay nanganganib na maglaho. Sila ang mga tagapangasiwa ng mga idolo (estatwa, rebulto at imahen) na siyang ibinababalang wasakin ng Propeta (ﷺ), sila ang mga namumuno sa pagsamba, na kanyang tinutuligsa. Katunayan, ang pinagkukunang kabuhayan ng mga Quraish ay ang pagiging tagapangasiwa ng mga idolong ito. Ang Propeta (ﷺ) ay nagturo sa kanila na lahat ng tao ay magkakatulad, na ang tanging kaibahang kinikilala ay ang sukat ng Taqwa (isang katagang nagpapahiwatig ng kabanalan, takot sa Allah at pagiging matuwid).

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{O sangkatauhan, kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa (paningin ng) Allah ay ang may (taglay na) ibayong takot (sa Kanya). Katotohanan, ang Allah ay Maalam, Lubos na Nakababatid}. Qur'an (49:13)**

Ang Quraish ay walang taglay na ganitong pagkakilanlan o katangian, sapagka't ito ay nakatatak na sa mahabang taon ng kanilang mga minanang pribilehiyo (o karapatan). Alinsunod dito, sila ay gumawa ng pamamaraan ng pag-usig upang sugpuin ang relihiyong Islam bago pa man ito ay ganap na maitatag. Sila ay nagpasiya na bawa't pamilya ay dapat gumawa ng sariling hakbangin upang hadlangan ang relihiyong Islam. Bawa't pamilya ay nagbigay ng kaukulang parusa o pananakit sa kani-kanilang sariling kasambahay o alipin na may kaugnayan sa relihiyong ipinangangaral ng Propeta (ﷺ). Maliban sa Propeta (ﷺ) na pinangangalagaan ni Abu Talib at ng kanyang mga kamag-anak, at si Abu Bakr, at ilang iba pang mayroong malakas na ugnayan sa mga Quraish, ang lahat ng bagong yakap sa Islam ay dumanas ng iba't ibang uri ng labis na pananakit. Ang iba sa kanila ay itinapon sa bilangguan, ginutom, at pagkaraan ay hinagupit. Ang burol (o bulubundukin ng) Ramada at ang pook na tinawag na Bata ay nagmistulang isang tagpo ng pangmamalupit at pagpapahirap sa parusa.

## Pinangambahan ng Tribung Quraish Ang Paglaganap ng Islam - Nagtangkang Suhulan Ang Propeta (Muhammad ﷺ)

Isang araw, ang mga Quraish ay nagtangkang himukin ang Propeta (ﷺ) upang itigil ang kanyang pagpapalaganap ng Islam na nagdulot ng hidwaan (o alitan) sa mga mamamayan. Si Utba bin Rabi'a ay ipinadala

upang makipagkita sa Propeta (ﷺ). Si Utba ay nagsabi**: "O anak na lalaki ng aking kapatid, ikaw ay kilala sa iyong mabubuting ugali; nguni't ikaw ay nagdulot ng alitan sa pagitan ng ating mga mamamayan at naghasik ng pagtatalo sa aming mga pamilya; itinakwil mo ang aming mga diyos at diyosa at inakusahan mo ang aming mga ninuno ng kawalang paniniwala. Ngayon kami ay naparito upang gumawa ng mungkahi sa iyo, at hinihiling ko sa iyo na iyong pakaisipin bago mo ito tanggihan." "Ako ay nakikinig sa iyo O Abu Walid,"** ang sagot ng Propeta (ﷺ). **"O anak na lalaki ng aking kapatid, kung sa pamamagitan nito (ng pagpapalaganap ng Islam) ikaw ay naglalayon ng yaman, karangalan at kabantugan, kami ay handang magtipon para sa iyo ng malaking yaman na hindi maaaring taglayin ng sinuman sa amin; ikaw ay aming hihirangin bilang aming pinuno at kami ay hindi gagawa ng anupamang pasiya nang hindi namin isinasangguni sa iyo. Kung ikaw ay nagnanais ng kapamahalaan, ikaw ay aming itatanghal bilang aming hari; at kung ang demonyong iyong kinasasapian ay hindi mo maitataboy, kami ay magdadala rito para sa iyo ng mga dalubhasang manggagamot at sila ay aming pagkakalooban ng yaman hanggang ikaw ay lubos na gumaling."** Nang matapos si Utba sa kanyang pagsasalita, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ngayon ikaw naman ang makinig sa akin, O Abu Walid." "Ako ay makikinig."** Ang kanyang tugon. Binigkas ng Propeta (ﷺ) para sa kanya ng unang labing tatlong talata (Ayah) ng Qur'an (Surah Fussilat):

**{Ha, Mim.[1] (Ang Qur'an na ito ay) ibinaba mula sa Mahabagin, ang Maawain - Isang Aklat na ang mga Ayat (o talata) nito ay masusing ipinaliwanag - isang Qur'an sa (wikang) Arabik para sa mga taong nakaaalam, (Nagsisilbi) bilang tagapaghatid ng mga magagandang balita at tagapagbabala nguni't karamihan sa kanila ay nagsilayo, kaya sila ay hindi makaririnig (sa mga mahahalagang paanyaya nito). At sila ay nagsabi: "Ang aming mga puso ay nakatakip mula sa anumang ipinag-aanyaya mo sa amin; at sa aming mga tainga ay pagkabingi.**

1 **Ha, Mim**. - ito ay binibigkas na (Ha Mim). Ito ay mga titik ng wikang Arabik na itinuturing bilang bahagi ng himalang nakaugnay sa pagpapahayag ng Banal na Qur'an. Tanging ang Allah lamang ang nakakaalam sa ganap na kahulugan nito.

**At sa aming pagitan at iyong pagitan ay isang harang. Kaya ikaw ay gumawa (para sa iyong sarili), katotohanan kami ay gumagawa (rin para sa aming sarili).” Sabihin mo (O Muhammad ﷺ): “Ako ay isang taong katulad lamang ninyo. Ipinapahayag sa akin na ang inyong Diyos ay isang diyos, samakatwid, inyong panindigan (at tahakin ang tamang daan patungo) sa Kanya at inyong hingin ang Kanyang kapatawaran.” At kasawian sa mga nagtatambal (sa Kanya) - (Sila) yaong mga hindi nagbibigay ng kawanggawa at (hinggil sa anumang kahihinatnan) sa kabilang buhay, sila ay mga di-naniniwala. Katotohanan, yaong mga naniwala at gumawa ng mga gawaing matuwid, para sa kanila ay gantimpalang walang kupas. Sabihin: “Kayo ba ay hindi naniniwala sa Kanya na Siyang lumikha sa kalupaan sa loob ng dalawang araw? At kayo ay nag-aakibat sa Kanya ng mga kapantay? Iyan ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha.” At Kanyang inilagay doon (sa lupa) ang mga matatag na bundok na nakatirik sa ibabaw nito, at ito ay Kanyang pinagpala at doon ay sinukat ang kabuhayan nito (ng mga nilikha) sa loob ng apat na araw nang magkakapantay - (ito ay) para sa (kaalaman) ng mga nagtatanong Pagkaraan, Siya ay pumaitaas sa dakong kalangitan habang ito ay usok pa lamang, at Kanyang sinabi rito (sa langit) at sa lupa: “Humayo kayong dalawa nang kusa o nang sapilitan.” At sila (ang langit at lupa) ay nagsabi: “Kami ay humayo nang may pagkukusa.” Kaya, Kanyang binuong ganap ang mga ito bilang pitong kalangitan sa loob ng dalawang araw at ipinagkaloob sa bawa’t langit ang (sariling) kautusan nito. At Aming pinalamutian ang pinakamababang langit ng mga lampara (mga bituin) bilang bantay (laban sa mga demonyo). Iyan ang takda ng Ganap na Makapangyarihan, ang Maalam. Nguni’t kung sila ay magsilayo, magkagayon, iyong sabihin (sa kanila, O Muhammad ﷺ): “Kayo ay aking binalaan ng isang Sai`qah (matinding pagkulog at pagkidlat) tulad ng Sai`qah (na pumuksa) sa (mga mamamayan ng) Aad at (Tribu ng) Thamud”.} Qur’an (41:1-13)**

Nang matapos ang Propeta (ﷺ) sa kanyang pagbigkas, siya ay nagsabi kay Utba: **“Ito ang aking tugon sa iyong mungkahi; ngayon magpasiya ka kung aling landas ang iyong nakikitang pinakamabuti para sa iyo.”**

# Ang Ibayong Pag-usig ng Mga Quraish - Unang Hijrah (Paglikas) Patungong Abyssinia sa Taong 615 AD

Ang pag-usig ng mga Quraish ay higit na naging masidhi araw-araw at ang pagdurusa ng mga tagasunod ng Propeta (ﷺ) ay lubhang mahirap makayanan. Nabalitaan niya ang kabutihan, kabaitan at pagiging mapagbigay ng kapit-bansang kristiyanong hari ng Abyssinia. Kaya, siya ay nagmungkahi sa kanyang mga ibang kasamahang walang tagapangalaga sa Makkah, na sila ay nararapat humingi ng tulong sa mabuting haring si Najashi (Negus). Ang labinlimang (15) tagasunod ng Propeta (ﷺ) na walang tagapangalaga sa Makkah ay maagap na sinunod ang tagubilin ng Propeta (ﷺ), at sila ay naglayag patungong Abyssinia. Doon, sila ay tinanggap ng mabait na haring Negus. Ito ang unang Hijrah (paglikas o pangingibang-bayan) sa kasaysayan ng Islam at naganap sa ika-limang taon ng pagpapalaganap ng Propeta (ﷺ) [sa taong 615 AD]. Ang mga nagsilikas ay sinundan pa ng maraming Muslim na dumanas ng kalupitan, hanggang sila ay umabot sa bilang na walumpu't tatlong (83) lalaki at labingwalong (18) babae.

Ang mga Quraish ay nagpupuyos sa galit nang dahil sa pagtakas ng kanilang mga biktima, kaya sila ay nagpadala ng kinatawan sa hari ng Abyssinia upang kanilang hilingin sa kanya na ibalik sa Makkah ang mga nagsitakas na Muslim at sa gayon sila ay mapatawan ng parusa ng kamatayan nang dahil sa kanilang pagtalikod sa kanilang dating relihiyon at pagyakap sa Islam. Ipinatawag ng hari ang mga mahihirap na takas at nag-usisa sa kanila kung anong relihiyon ang kanilang niyakap kapalit ng dating relihiyon. Si Ja'far, anak na lalaki ni Abu Talib at kapatid ni Ali, ay tumayo bilang tagapagsalita ng mga takas. Siya ay nagsabi: **"O Haring Najashi (Negus), kami po ay nasadlak sa dilim ng kamangmangan at ng kawalang-dangal, kami ay sumasamba sa mga idolo (mga diyus-diyusan), kami ay nabuhay sa karungisan, at kami ay kumakain ng laman ng patay, kami ay nagsasalita ng kasuklam-**

**suklam na salita, ipinagwawalang-bahala ang makataong damdamin at pakikipagkapwa, at wala kaming nababatid na batas maliban sa batas ng mga malalakas. Isinugo ng Allah sa amin ang isang taong kabilang sa aming lahi na ang kanyang kapanganakan, ang kanyang katapatan, ang kanyang pagiging makatotohanan at dalisay ay aming nababatid. Siya ay nag-anyaya sa amin na magpahayag sa pagsamba sa Nag-iisang Diyos, na huwag kaming magbigay ng katambal sa pagsamba sa Kanya at nagturo sa amin na magsalita ng katotohanan, maging matapat sa mga pangako at tiwala, maging mahabagin, at kilalanin ang karapatan ng kapitbahay, ipinagbawal sa amin ang magsalita ng kasamaan at nagpayo sa amin na huwag magbalik sa pagsamba sa mga iniidolong mga bato at kahoy, itinagubilin sa amin ang pagdarasal, ang magbigay ng kawanggawa, ang mag-ayuno. Kami ay naniwala sa kanya at tinanggap ang kanyang mga aral at batas sa pagsamba sa Allah lamang. Nguni't' ang aming mga mamamayan ay umuusig sa amin, hinahadlangan ang pagsamba sa Allah at nag-aanyayang muling magsibalik sa pagsamba sa mga iniidolong diyus-diyusan (na yari sa) kahoy at bato. Sila ay lubhang nanakit sa amin at kami ay hinamak hanggang kami ay wala nang matagpuang kaligtasan sa aming bayan, kaya kami ay nagtungo sa inyong kaharian, umaasa sa inyo na kami ay iyong gawaran ng pangangalaga laban sa kanilang pag-usig at katampalasanan."**

## Si Negus, Ang Hari ng Abyssinia ay Nangalaga sa Mga Muslim

Pagkaraang marinig ng maunawaing hari ang paliwanag ni Jafar, siya ay nag-utos sa mga kinatawan ng Quraish na sila ay dapat nang magsibalik sa Makkah nang matiwasay at huwag nang manghimasok sa kanilang mga takas. Kaya, sa gayong pasiya ng hari, naglubag ang damdamin ng mga Muslim na nagsitakas at sila ay nakaramdam ng kapayapaan at kaginhawaan sa kanilang kalooban, sapagka't kanilang nalampasan

ang panahon ng kanilang paghihirap. Habang ang mga tagasunod ng Propeta (ﷺ) [sa Makkah] ay humantong sa paghanap ng kaligtasan sa ibang bayan laban sa pag-usig ng kanilang sariling mga mamamayan, siya ay walang tigil na nagpatuloy sa mga babala para sa mga Quraish. Muli, sila ay nagsisilapit sa kanya nang may dalang mga alok na mga yaman at paggawad ng mga karangalan, nguni't ito ay matatag at hayagang niyang tinanggihan. At siya ay kanilang pinagtawanan at inudyukang magpakita ng mga himala upang patunayan ang kanyang layunin. Siya ay lagi nang nagsasabing: **"Ako ay isinugo hindi upang gumawa ng mga kababalaghan, bagkus ako ay Kanyang isinugo upang mangaral sa inyo (upang kayo ay mapatnubayan)."**

Kaya, sa kanyang pagtakwil sa lahat ng kapangyarihang magpakita ng mga himala, itinuon ng Propeta (ﷺ) ang katotohanan ng kanyang banal na mensahe batay sa kanyang mga mabubuti at magagandang katuruan. Inilaan ang kanyang sariling pangangaral sa malalim na kamalayan ng tao, sa kanyang likas na pananaw at sa kanyang sariling pagpapakabuti sa larangan ng paghatol.

Ang Banal na Qur'an ay nagsalaysay nito:

**{Sabihin mo (O Muhammad ﷺ): "Ako ay isang taong katulad lamang ninyo. Ipinapahayag sa akin na ang inyong Diyos ay isang diyos, kaya inyong panindigan (at tahakin ang tamang daan patungo) sa Kanya at inyong hingin ang Kanyang kapatawaran." At kasawian sa mga nagtatambal (sa Kanya) - (Sila) yaong mga hindi nagbibigay ng kawanggawa at (hinggil sa anumang kahihinatnan) sa kabilang buhay, sila ay mga di-naniniwala. Katotohanan, yaong mga naniwala at gumawa ng mga gawaing matuwid, para sa kanila ay gantimpalang walang kupas}. Qur'an (41:6-8)**

Sa kabila ng lahat ng pagsisikap ng Propeta (ﷺ) sa pag-anyaya, ang mga Quraish ay patuloy sa paghiling sa kanya ng mga himala at palatandaan. Sila ay nagpumilit sa pagsasabing hanggang hindi siya makapagbibigay ng mga palatandaan mula sa kanyang Panginoon, sila ay mananatiling hindi maniniwala. Ang mga di-naniniwala ay laging nagtatanong sa kanya: **"Bakit si Muhammad (ﷺ) ay hindi binigyan ng mga himalang katulad ng mga naunang Propeta?"** Ang Propeta (ﷺ) ay

nagsabi: **"Sapagka't ang mga himala ay napatunayang hindi sapat. Si Nuh (Noah) ay isinugo nang may mga palatandaan, at ano ang ibinunga? Nasaan na ang mga naligaw ng tribu ng Thamud? Sila ay tumangging tumanggap ng pangaral ni Propeta Salih malibang siya ay magpakita sa kanila ng isang palatandaan at ang malaking bato ay nagluwa ng isang buhay na kamelyo. Ginawa niya kung ano ang kanilang kahilingan. Nguni't sa kanilang suklam, kanilang nilumpo hanggang mamatay ang kamelyo at pagkaraan, ay kanilang hinamon ang Propeta (ﷺ) na ipatupad sa kanila ang kanyang banta ng parusa, sila ay natagpuang patay na nakahandusay sa kanilang mga pamamahay, bunga ng paghampas ng anghel ng Panginoon."**

# Ang Qur'an ay Isang Himala

Mayroong labimpitung talata (17 na matatagpuan) sa Qur'an, na kung saan si Propeta Muhammad (ﷺ) ay hinamon na magpakita ng isang himala, at siya ay tumugon sa kanila sa pamamagitan nang gayon ding nakakatulad na kasagutan. Lagi nang iginigiit ng Propeta (ﷺ) sa mga di-naniniwala na ang Qur'an ay isang pinagpalang Aklat - isang dakilang himala, at walang hanggang himala na nagbababala sa buong sangkatauhan; ito ay isang ganap na patnubay at nagpapaliwanag sa lahat ng bagay na kailangan, ito ay isang paalala para sa anumang nakakintal sa likas ng tao at nagpapalaya mula sa lahat ng mga kamalian, ng kabalintunaan at ng pagkasira. Ito ay isang Aklat, tunay na patnubay at liwanag para sa lahat. Tungkol sa mga bagay na iniidolo (o sinasamba), maraming papuri at pagmamahal ang iniaalay ng mga paganong Arabo sa mga ito, kaya ang Propeta (ﷺ) ay hayagang binigkas ang isang kapahayagan ng Banal na Qur'an:

**{Wala ang mga ito (mga iniidolong diyus-diyusan) maliban sa mga pangalan na inyong ipinangalan sa kanila - kayo at ng inyong mga ninuno. Walang ibinaba (o ipinahayag) ang Allah ng anupamang batayan tungkol dito}. Qur'an (53:23)**

Nang ang Propeta (ﷺ) ay nagsalita nang gayong panunuligsa sa mga sinasambang diyus-diyusan ng mga Quraish, higit na naragdagan ang kanilang pag-usig sa kanya. Nguni't, sa kabila nito, siya ay patuloy pa rin sa kanyang pangangaral nang walang pagkatakot, nguni't ang poot ng kanyang mga kaaway o ng kanilang masasakit na pag-usig sa kanya ay lubhang naging matindi. At sa kabila ng lahat ng pagtutol at karagdagang pag-usig, ang Islam ay nagtamo ng katatagan sa buong kabayanan at karatig pook ng Makkah. Ang mga bedouing naninirahan sa mga disyerto ay naakit sa mga katuruan ng Propeta (ﷺ). Kanilang naunawaan ang maling pagsamba sa mga idolo (ng mga rebulto, estatwa, at mga imahen). Sa kanilang pagbabalik sa sariling tahanan sa disyerto, kanilang dinala ang mga aral na ito, kaya naman ang pagdating ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay naging bantog sa lahat ng sulok na bahagi ng tangway Arabia.

## Ang Pakiusap ng Mga Taga-Makkah Kay Abu Talib Upang Tumigil Ang Propeta (Muhammad ﷺ)

Magkagayunman, ang mga mamamayan ng Makkah ay higit na naging masidhi ang galit laban sa Propeta (ﷺ). Kanilang hiniling kay Abu Talib na pigilin ang kanyang pamangkin, nguni't hindi niya ito magawang pigilin. At dahil sa masigasig na pagbatikos ng Propeta (ﷺ) laban sa kanilang maling paniniwala, siya ay kanilang ipinagtabuyan mula sa sagradong bahay-dalanginan (Ka'bah) na kung saan siya ay madalas na maupo at mangaral. Pagkaraan ay kanilang hinikayat ang mabait na pinuno (si Abu Talib) na pigilin ang kanyang pamangkin mula sa paglapastangan sa kanilang mga diyos o pigilin sa pagsabi ng anumang masasakit na salita laban sa kanilang mga ninuno. Kanilang binalaan si Abu Talib na kung ito ay hindi niya gagawin, walang isa mang mamamayan ng Makkah ang makikipag-usap at makikipag-ugnayan sa kanya at siya ay itataboy upang pumanig kay Muhammad (ﷺ); kung mangyari nga ang gayong banta, ang bagay na ito, samakatuwid, ay malulutas lamang sa pamamagitan ng paglaban ng magkabilang panig

hanggang ang isa sa dalawa ay mapatay. Hindi nais ni Abu Talib na ang gayong pangyayari ay maganap, at hindi niya nais na siya ay mapahiwalay mula sa mga tao, at hindi rin naman niya magagawang iwanan ang kanyang pamangkin para paghigantihan ng mga Mushrik (nang-iidolong) Quraish. Kaya, kinausap niya ang Propeta (ﷺ) nang mahinahon at nagsumamo sa kanya na talikdan ang kanyang mga ginagawang pangangaral. Sa payo at mungkahing ito, ang Propeta (ﷺ) ay matatag na sumagot: **"O aking amain, kung magagawa man nilang ilagay ang araw sa aking kanang kamay, at ang buwan sa aking kaliwang kamay, upang ito ang maging matibay na dahilan para sa akin upang talikdan ko ang aking tungkulin (bilang Propeta ng Allah), katotohahan, hindi ako magtitigil mula rito hanggang gawing malinaw ng Allah para sa akin ang Kanyang dahilan (upang ako ay tumalikod) o kaya naman ako ay masawi at maglaho (sanhi ng kanilang) tangkang pagpigil (sa akin)."** Nang manaig ang kanyang pag-aakalang siya ay nais talikdan ng kanyang mapagmahal na amain, siya ay marahang tumalikod nang papalayo. Nguni't siya ay tinawag ni Abu Talib nang malakas upang magbalik, at siya ay nagbalik at sinabi sa kanya ni Abu Talib: **"O aking pamangkin, sabihin mo ang anumang iyong nais na sabihin sa kanila, sapagka't sumpa man sa Panginoon, kailanman ay hindi ko magagawang ikaw ay aking iwanan (o talikdan)."**

# Pinangalagaan ni Abu Talib Ang Kanyang Pamangkin - Ang Propeta (Muhammad ﷺ)

Ang mga Quraish ay muling nabigo sa pagtangkang magbigay ng dahilan upang si Abu Talib ay magkaroon ng magandang katuwirang talikdan ang kanyang pamangkin. Ang kagalang-galang na pinuno ay nagpahayag ng kanyang layuning ipagtanggol ang kanyang pamangkin laban sa alinmang karahasan o panganib. Siya ay nanawagan (at nagsumamo) para sa dangal ng dalawang pamilya ng Bani Hashim at Bani Muttalib, ang dalawang pamilya bilang kamag-anak ng Propeta (ﷺ), na pangalagaan (at ipagtanggol) ang isang kasapi ng kanilang pamilya laban sa mga poot ng

mga kaalitang pangkat. Lahat ng kasapi ng dalawang pamilya ay marangal na tumugon sa kahilingan ni Abu Talib maliban kay Abu Lahab, isa sa mga amain ng Propeta (ﷺ), na sumapi at pumanig sa mga nang-uusig.

## Si Umar Bin Al-Khattab ay Yumakap sa Islam

Sa panahong ito, si Umar bin Al-Khattab ay yumakap sa Islam. Sa kanyang pagyakap, ang Islam ay nagtamo ng isang mahalagang tagasunod at isang makabuluhang dahilan upang ang Islam ay magpatuloy sa pagyabong. Siya, noon, ay naging marahas sa pagsalungat sa Propeta (ﷺ) at isang kaaway ng Islam. Kaya, ang kanyang pagyakap ay itinuring na isang himala nang ang isang kabanata ng Qur'an ay binigkas o binasa ng kanyang kapatid na babae sa kanilang pamamahay na noong sandaling iyon siya ay naroon upang paslangin ang kanyang kapatid na babae sanhi ng pagyakap nito sa Islam. Kaya, ang pangkat ng Propeta (ﷺ) ay higit na naging matatag sa pagyakap nina Umar at Abu Bakr na kapwa nagtataglay ng malaking lakas at karangalan, at ng kanyang amaing si Hamza, isang lalaking nagtataglay ng dakilang katangian at pambihirang katapangan. Ang mga Muslim ay nagkaroon ng lakas ng loob upang makapagsagawa ng kanilang mga gawaing pagsamba nang hayagan at walang pangamba.

## Ang Tribung Quraish ay Binubuo ng Dalawang Pangkat

Ang mga Quraish ay nabalisa sa malakas na paninindigan ng Propeta (ﷺ) at ng kanyang mga kasamahan, at ito ay hindi nila nagawang pigilin, at karagdagan pa nito, sila ay naligalig sa pagbabalik ng mga kinatawang kanilang ipinadala

mula sa Abyssinia at ang kanilang pag-amin sa kabiguan ng kanilang layunin. Bunga nito, ang mga Quraish ay naging masigasig upang siyasatin ang isang matinding dagok ng mabilisang pagsulong o paglaki ng Islam. Sa dakong huli, sa ika-pitong taon ng pagpapalaganap ng Islam, sila ay gumawa ng isang matapat na kasunduan laban sa mga angkan na kinabibilangan ng Propeta (ﷺ) - ito ang angkan ng Hashim at Muttalib -, nangako sa kanilang mga sarili na sila ay hindi mag-aasawa sa alinman sa kanilang angkan at hindi makikipag-ugnayan sa kanila. Ang mga Quraish ay naghati sa dalawang pangkat, at ang dalawang pamilya ng Hashim at Muttalib ay tumalima sa kanilang pinuno na si Abu Talib bilang pinunong karapat-dapat na sundin.

## Ang Suklam ni Abu Lahab sa Islam

Bunga ng kanyang matindi at likas na pagkapoot sa kanyang pamangkin (kay Propeta Muhammad ﷺ) at sa katuruan ng Islam, si Abu Lahab ay pumanig sa kabilang pangkat na pinamunuan ni Abu Sufyan bin Harb, na nagmula sa pamilya ng Umaiyah. Ang pinag-usig na pangkat, ang mga Muslim, kabilang na rin ang mga Mushrik (nang-iidolo) (na pumanig sa angkan ng Hashim at Muttalib) ay pinilit ang kanilang mga sarili na manirahan sa silanganing karatig ng Makkah. Sila ay nabuhay sa gayong kalagayan sa loob ng tatlong taon. Ang kanilang dala-dalang kabuhayan ay unti-unting nauubos. At sa gayong mahirap na kalagayan, sila ay maaaring malipol kundi lamang sa kanilang mga tinatanggap na tulong mula sa mga kababayang hindi masidhi sa pagiging panatiko.

## Ang Pagkakasundu-sundo ng Mga Tribung Quraish

Sa simula ng ika-sampung taon ng paglaganap ng Islam, ang muling pakikipagkasundo ay pinagtibay sa pagitan ng mga Quraish at ng dalawang

pamilya ng Bani Hashim at Bani Muttalib sa pamamagitan nina Ibn Umar, Zubair, at Ibn Abu Umaiyah. Magkagayon, ang pagkakaisa laban sa dalawang pamilya ay pinawalang-saysay, at sila ay nagsibalik sa Makkah. Pinalampas ng Propeta (ﷺ) at ng kanyang mga kamag-anak ang kanilang kalagayan, at ang Islam ay hindi nakagawa ng pagyabong sa gayong kalagayan; nguni't sa mga sagradong buwan, nang ang karahasan ay itinuring bilang kalapastangan, ang Propeta (ﷺ) ay palagiang lumalabas upang ipalaganap ang Islam sa mga nagsasagawa ng pagdalaw (o pilgrimahe) sa Makkah.

## Ang Kamatayan Nina Abu Talib at Khadijah

Sa buwan ng Rajab ng ika-sampung taon ng pagiging Propeta ni Muhammad (ﷺ), si Abu Talib ay nagkasakit at pagkaraang maratay sa Ash-Sh`b, siya ay namatay. Ayon sa salaysay ni Al-Musaiyab, nang si Abu Talib ay malapit ng mamatay, si Propeta Muhammad (ﷺ) ay pumasok sa kanyang silid na kung saan nakita niya roon sina Abu Jah'l at Abdullah bin Abu Umaiyah. Hiniling niya sa kanyang amain at nagsabing: **"O Aking amain, ikaw ay magpahayag lamang na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, at ako ay sasaksi sa Allah (para sa iyong pagiging isang Muslim)."** Nguni't sina Abu Jah'l at Abdullah bin Abu Umaiyah ay naroroon din at nagpupumilit: "**O, Abu Talib, magagawa mo bang talikdan ang relihiyon ni Abdul Muttalib?"** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay patuloy pa rin ang pakiusap na siya ay yumakap sa Islam at gayon din naman sina Abu Jah'l at Abdullah bin Abu Umaiyah na patuloy din ang pagpigil kay Abu Talib hanggang si Abu Talib ay nagpasiyang manatili sa relihiyon ni Abdul Muttalib at tumangging magpahayag na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah bago malagutan ng hininga. Sa huli, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi:

**"Sumpa man sa Allah, ako ay patuloy na makikiusap para sa iyo hanggang ako ay pagbawalan ng Allah na gawin ito."**

Pagkaraan, ang Dakilang Allah ay nagpahayag tungkol dito:

**{Hindi (marapat) para sa Propeta at sa mga naniniwala na hingin**

**(sa Allah) ang kapatawaran para sa mga Mushrik (nang-iidolo), kahit pa sila ay kanilang malalapit na kamag-anak, pagkaraang ito ay naging malinaw sa kanila na sila ay mga (taong) maninirahan sa Impiyerno}. Qur'an (9:113)**

Si Abu Saed Al-Khudri ay nagsalaysay na narinig niya ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsabi tungkol sa kalagayan ni Abu Talib sa kabilang buhay:

**"Siya ay nasa mababaw (na bahagi) ng apoy sa Impiyerno na (ang apoy ay) umaabot lamang hanggang sa sakong (ng kanyang mga paa)."** [Sahih Al-Bukhari: 1/548]

Dalawang buwan pagkaraan lamang ng kamatayan ni Abu Talib, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay muling dumanas ng isang masakit na pangyayari, ang pagpanaw ng kanyang butihing asawang si Khadijah. Si Khadijah ay animnapu't limang taon (65) gulang at ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay limampung taong (50) gulang. Sa loob ng dalawamput limang taong pagsasama, siya ang kanyang naging pag-asa at inspirasyon. Ang Propeta (ﷺ), dala ng mabigat na kalooban at kalungkutang dulot ng pagpanaw ng kanyang mabait na tagapagtanggol at ng kanyang mapagmahal na asawa, ay hindi umasang magagawa niyang ilayo ang mga Quraish mula sa idolatriya, nguni't sa kanyang tigib ng tiwala, ay matatag na nanindigan upang tuparin ang nakaatang na tungkulin ng pagpapalaganap ng Islam sa ilang mga lugar. Pinili niya ang Taif, isang bayan na animnapung milya sa silangang bahagi ng Makkah na kung saan siya ay sinamahan ng kanyang matapat na aliping si Zaid. Bagaman, lubhang malamig at matamlay ang pakikitungo ng Tribu ng Thakif (ang mga mamamayan ng Taif), kay Propeta Muhammad (ﷺ) siya ay nanatili roon ng isang buwan. Siya ay pinakitunguhan ng mga maunawain at mabuting kalalakihan nang may bahagyang paggalang, nguni't ang mga alipin at karaniwang mamamayan ng Taif ay tumangging makinig sa kanyang mga aral; sila ay mararahas at nasusuklam sa kanyang paanyaya na talikdan ang mga diyus-diyusan na kanilang sinasamba. Hindi nagtagal, sila ay naghimagsik laban sa kanya, at siya ay ipinagtabuyan, kaya naman siya ay napilitang lumisan at muling magbalik sa Makkah.

Sa buwan ng Shawwal, sa ika-sampung taon ng pagiging Propeta, inalok niya ng kasal si Sawdah. Ang babaing ito ay dumanas ng labis na kahirapan para sa landas ng Allah nang siya at ng kanyang unang asawang si As-Sakran bin Amr ay inusig ng mga mamamayan ng Makkah at naging dahilan upang sila ay lumikas patungong Abyssinia. Sa kanilang pagbabalik sa Makkah, si As-Sakran ay namatay. Siya (Sawdah) ang unang babae na pinakasalan ng Sugo ng Allah (ﷺ) pagkaraan ng kamatayan ni Khadijah.

## Ang Pagyakap sa Islam ng Mga Mamamayan ng Madinah

Ang pagtaboy ay lubhang nakapanghina ng loob sa kanyang mga tagasunod, nguni't ang Propeta (ﷺ) ay matatag na ipinagpatuloy ang pangangaral sa mga pampublikong pagtitipon sa pook ng pilgrimahe at dito, siya ay nagtamo ng maraming bagong mamamayang yumakap sa Islam, kabilang sa kanila ay anim mula sa bayan ng Yathrib (nang malaunan ay tinawag na Madinah) mula Tribung Hudyo ng Khazraj. Nang ang mga bagong yakap na taga-Madinah ay nagsibalik sa kanilang pamamahay, sila ay nagpalaganap ng balita sa kanilang mga mamamayan na isang Propeta ang lumitaw sa lahing Arabo na nananawagan tungo sa pagsamba sa Allah at nagbigay-wakas sa kanilang mga masasama at mga di-makatarungang paniniwala, pamahiin at kaugalian.

## Ang Mi`raj (Pag-akyat sa Mga Kalangitan) Sakay ng Isang Hayop na Tinawag na Buraq

Sa ika-12 taong ng kanyang pagpapalaganap ng Islam, ang Propeta (ﷺ) ay nagsagawa ng gabing paglalakbay mula sa Makkah patungong

Herusalem. Ang kanyang paglalakbay na kilala at bantog sa kasaysayan bilang Mi`raj (Ang Pag-akyat sa Mga Kalangitan) ay isang tunay na paglalakbay sa pisikal niyang katawan at hindi isang pangitain lamang. Ito ang panahon na ang Allah ay nagpahayag at nag-utos sa mga Muslim na magtatag ng pagdarasal nang limang ulit sa maghapon.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{Luwalhati sa Kanya na Siyang nagpalakbay sa Kanyang alipin (si Propeta Muhammad ﷺ) sa gabi mula sa al-Masjid al-Haram (sa Makkah) patungong al-Masjid al-Aqsa (sa Herusalem), na ang mga kapaligiran nito ay Aming pinagpala, upang Aming ipakita sa kanya ang Aming mga Ayat (palatandaan). Katotohanan, Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na Nakakikita}. Qur'an (17:1)**

Si Abbas bin Malik ay nag-ulat na si Malik bin Sasa ay nagsabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsalaysay sa kanila tungkol sa kanyang gabi ng paglalakbay. Bago naganap ang gabi ng paglalakbay, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabing: **"Habang ako ay nakahiga sa Al-Hatim o sa Al-Hijr, biglang dumating sa akin ang Anghel (Jibreel) at biniyak niya ang aking dibdib mula rito (sa aking lalamunan) hanggang dito (sa ibabang bahagi ng dibdib)."**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpatuloy sa pagsabing, **"Pagkaraan ay kanyang kinuha ang aking puso. Pagkatapos, isang gintong sisidlan ng Iman (pananampalataya) ang dinala sa akin at ang aking puso ay hinugasan at ito ay pinuno ng (Iman-pananampalataya) at pagkaraan ay muling ibinalik ang aking puso sa dating kinalalagyang bahagi nito."**

**"Pagkaraan, isang hayop na puti ang kulay ang dinala sa akin, ito ay higit na maliit kaysa sa isang mola at higit na malaki sa asno."** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Ang mga hakbang nito ay (sadyang malapad na) naabot ang pinakamalayong pook sa abot ng paningin ng hayop. Ako ay dinala (o isinakay) nito."**

# Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Adam (Adan) - Mula sa Isang Hadith

**“Si Anghel Jibreel (Gabriel) ay kasama kong humayong naglakbay hanggang kami ay makarating sa pinaka malapit na kalangitan. Nang hiniling niyang buksan ang pinto”**, siya ay tinanong, **“Sino ito?”** Si Jibreel ay sumagot: **“Ako ay si Jibreel.”** Tinanong sa kanya: **“Sino ang kasama mo?”** Si Jibreel ay sumagot: **“Si Muhammad (ﷺ).”** Siya ay tinanong: **“Si Muhammad (ﷺ) ba ay tinawagan na?”** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, sinabi niya: **“Kung gayon, magsipasok kayo**. **Sadyang isang napakainam na pagdalaw.”** Ang pinto ay nagbukas at nang ako ay nagtungo sa unang kalangitan, doon ay nakita ko si Adam. Si Jibreel ay nagsabi sa akin: **“Ito ang iyong ama, si Adam, magbigay ka ng pagbati sa kanya.”** Kaya ako ay bumati sa kanya at siya ay bumati sa akin at sinabing: **“Malugod na pagdating, O aking anak na lalaki at banal na Propeta.”**

# Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ), Propeta `Isa (Hesus) at Propeta Yahya (Juan) - Mula sa Isang Hadith

Kasama kong umakyat ang Anghel Jibreel (Gabriel) patungong kalangitan hanggang kami ay nakarating sa ikalawang kalangitan. Nakiusap si Jibreel na buksan ang pinto. Ito ay tinanong: **“Sino ito?”** Si Jibreel ay sumagot**: “Ako ay si Jibreel.”** Siya ay tinanong: **“Sino ang kasama mo?”** Sumagot si Jibreel: **“Si Muhammad (ﷺ).”** Muli siyang tinanong: **“Siya ba ay tinawag na?”** Si Jibreel ay sumagot ng **“Oo,”** Pagkaraan ay sinabi: **“Siya ay malugod na tinatanggap. Sadyang isang napakainam na pagdalaw!”** Ang pinto ay nagbukas. **“Nang**

**ako ay pumasok sa loob ng ikawalang kalawang, doon ay aking nakita ang magpinsang sina Yahya at `Isa."** Si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ay sina Yahya at `Isa; magbigay ka ng pagbati sa kanila."** Kaya, ako ay bumati sa kanila at sila ay kapwa gumanti ng pagbati sa akin at nagsabi: **"Ikaw ay malugod na binabati, O dakilang Propeta at marangal na kapatid."**

## Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Propeta Yusuf (Joseph)

Pagkaraan, si Jibreel at ako ay umakyat sa ikatlong kalangitan, at hiniling na buksan ang pinto nito at tinanong sa kanya: **"Sino ito?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Ako ay si Jibreel."** Tinanong sa kanya: **"Sinong kasama mo?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Si Muhammad (ﷺ)."** Tinanong sa kanya: **"Siya ba ay tinawag na?"** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, ito ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, sadyang napakainam na pagdalaw."** Ang pinto ay binuksan at nang ako ay pumasok sa ikatlong kalangitan, nakita ko roon si Yusuf at si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ay si Yusuf, magbigay ka ng pagbati sa kanya."** Kaya, binati ko siya at ibinalik niya ang pagbati sa akin at nagsabi: **"Malugod na pagdating, aking mabuting kapatid at Propeta."**

## Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Propeta Idres (Enok)

Pagkaraan, si Jibreel at ako ay umakyat sa ikaapat na kalangitan, at hiniling na buksan ang pinto nito, at tinanong sa kanya **"Sino ito?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Ako ay si Jibreel."** Tinanong sa kanya: **"Sinong kasama mo?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Si Muhammad (ﷺ)."** Tinanong

sa kanya: **"Siya ba ay tinawagan na?"** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, ito ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, sadyang napakainam na pagdalaw."** Ang pinto ay binuksan at nang ako ay pumasok sa ikaapat na kalangitan, nakita ko roon si Idres at si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ay si Idres, magbigay ka ng pagbati sa kanya."** Kaya, binati ko siya at ibinalik niya ang pagbati sa akin at siya ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, aking mabuting kapatid at Propeta."**

## Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Propeta Haron (Aaron)

Pagkaraan, si Jibreel at ako ay umakyat sa ikalimang kalangitan, at hiniling na buksan ang pinto nito tinanong sa kanya **"Sino ito?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Ako ay si Jibreel."** Tinanong sa kanya: **"Sinong kasama mo?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Si Muhammad (ﷺ)."** Tinanong sa kanya: **"Siya ba ay tinawagan na?"** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, ito ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, sadyang napakainam na pagdalaw."** Ang pinto ay binuksan at nang ako ay pumasok sa ikalimang kalangitan, nakita ko roon si Haron at si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ay si Haron, magbigay ka ng pagbati sa kanya."** Kaya, binati ko siya at ibinalik niya ang pagbati sa akin at siya ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, aking mabuting kapatid at Propeta."**

## Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Propeta Musa (Moises)

Pagkaraan, si Jibreel at ako ay umakyat sa ikaanim na kalangitan, at hiniling na buksan ang pinto nito, tinanong sa kanya **"Sino ito?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Ako ay si Jibreel."** Tinanong sa kanya: **"Sinong**

**kasama mo?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Si Muhammad (ﷺ)."** Tinanong sa kanya: **"Siya ba ay tinawagan na?"** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, ito ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, sadyang napakainam ng pagdalaw."** Ang pinto ay binuksan at nang ako ay pumasok sa ikaanim na kalangitan, nakita ko roon si Musa at si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ay si Musa (Moises), magbigay ka ng pagbati sa kanya."** Kaya, binati ko siya at ibinalik niya ang pagbati sa akin at siya ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, aking mabuting kapatid at Propeta."** Nang siya ay aking iniwan, siya ay umiyak. Ako ay nagtanong sa kanya**: "Bakit ka umiiyak?"** Si Musa ay nagsabi: **"Ako ay umiiyak, sapagka't pagkaraan ko ay mayroong isang lalaking isinugo (bilang Propeta) na ang mga tagasunod na magsisipasok sa Paraiso ay lubhang marami sa bilang kaysa sa aking mga tagasunod."**

# Ang Pagkikita Nina Propeta Muhammad (ﷺ) at Propeta Ibrahim (Abraham)

Pagkaraan, si Jibreel at ako ay umakyat sa ikapitong kalangitan, at hiniling na buksan ang pinto nito at tinanong sa kanya: **"Sino ito?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Ako ay si Jibreel."** Tinanong sa kanya: **"Sinong kasama mo?"** Si Jibreel ay sumagot: **"Si Muhammad (ﷺ)."** Tinanong sa kanya: **"Siya ba ay tinawagan na?"** Si Jibreel ay sumagot nang pasang-ayon. Pagkaraan, ito ay nagsabi: **"Malugod na pagdating, sadyang napakainam na pagdalaw."** Ang pinto ay binuksan at nang ako ay pumasok sa ikapitong kalangitan, nakita ko roon si Ibrahim (Abraham) at si Jibreel ay nagsabi sa akin: **"Ito ang iyong ama (si Ibrahim), magbigay ka ng pagbati sa kanya."** Kaya, binati ko siya at ibinalik niya ang pagbati sa akin at siya ay nagsabi: **"Malugod na pagdating aking mabuting kapatid at Propeta."** Pagkaraan ako ay umakyat sa Sidratul Muntaha (ang punong lote sa dulong hangganan ng kalangitan). Pagmasdan, ang mga prutas nito ay katulad ng mga banga ng Hajr (isang pook sa Madinah) at ang mga dahon nito ay kasinlaki ng

mga tainga ng mga elepante. Si Jibreel ay nagsabi: **"Ito ang punong Lote sa kadulu-duluhang hangganan ng kalangitan."** Pagmasdan, doon ay mayroong umaagos na apat na ilog, ang dalawa ay nakatago at ang dalawa ay nakikita. Ako ay nagtanong: **"Anong uri ng ilog ang dalawang ito, O Jibreel."** Siya ay sumagot: **"Tungkol sa dalawang nakatagong ilog, ito ay mga ilog ng Paraiso, at ang dalawang nakikitang ilog ay ang ilog ng Nile at ng Euprates."**

# Ang Payo ni Musa Kay Propeta Muhammad (ﷺ) Upang Makiusap sa Allah na Bawasan Ang Bilang ng Pagdarasal

**"Pagkaraan ay ipinakita sa akin ang Baitul Ma'mur (ang sagradong bahay) at dinala sa akin ang isang sisidlang puno ng alak at isang sisidlang puno ng gatas at isa pang sisidlang puno ng pulutpukyutan. Kinuha ko ang sisidlang may gatas." Si Jibreel ay nagsabi: "Ito ang relihiyong Islam na siya mong sinusunod at ng iyong mga tagasunod."** Pagkaraan, ang pagdarasal ay itinagubilin sa akin, ito ay may bilang na limampung ulit sa maghapon. Nang ako ay nagbalik, nadaanan ko si Musa na nagtanong sa akin: **"Ano ang ipinag-utos sa iyo?"** Ako ay sumagot: **"Ako ay pinag-utusang magsagawa ng limampung ulit na pagdarasal sa maghapon."** Si Musa ay nagsabi: **"Ang iyong mga tagasunod ay walang kakayahang itaguyod ang limampung ulit na pagdarasal sa maghapon, at sumpa man sa Allah, aking nasubukan ang mga tao nang una sa iyo, at aking ginawa ang aking makakayanan sa mga anak ni Israel, nguni't ito ay nawalan ng kabuluhan. Kaya, bumalik ka sa iyong Panginoon upang ibaba ang bilang ng pagdarasal nang sa gayon ay mabawasan ang pasanin ng iyong mga tagasunod."** Kaya ako ay bumalik sa Allah at ako ay inutusang magsagawa ng sampung ulit na pagdarasal. Muli, ako ay bumalik kay Musa, nguni't muli niyang sinabi ang gayon sa akin tulad ng una niyang sinabi sa akin. Kaya, ako ay muling bumalik

sa Allah, at Kanyang ibinaba sa sampung ulit na pagdarasal. Nang ako ay lumapit kay Musa, gayon din ang sinabi. Kaya muli akong bumalik sa Allah, at ako ay Kanyang pinag-utusang magsagawa ng sampung ulit na pagdarasal sa maghapon. Nang ako ay bumalik kay Musa, gayon din ang kanyang sinabi at inulit ang payo sa akin. Kaya ako ay bumalik sa Allah at ako ay Kanyang pinag-utusang magsagawa ng limang ulit na pagdarasal sa maghapon.

Nang ako ay bumalik kay Musa, siya ay nagsabi: **"Ano ba ang ipinag-utos sa iyo?"** Ako ay sumagot: **"Ako ay pinag-utusang magsagawa ng limang ulit na pagdarasal sa maghapon."** Siya ay nagsabi: **"Ang iyong mga tagasunod ay walang kakayahang itaguyod ang limang ulit na pagdarasal sa maghapon, at walang alinlangan, ako ay naunang nagkaroon ng karanasan sa mga tao, at aking ginawa ang lahat ng aking kakayahan para sa mga anak ni Israel, kaya ikaw ay muling bumalik sa iyong Panginoon at hilingin mong ito ay ibaba upang mabawasan ang pasanin ng iyong mga tagasunod."** Aking sinabi: **"Ako ay humiling na nang labis sa aking Panginoon kaya ako ay nahihiya, nguni't ako ay nasisiyahan ngayon at ako ay tumatalima sa kanyang kautusan." Nang ako ay lumisan, narinig ko ang isang tinig na nagsasabing: "Aking pinangyaring ipatupad ang aking kautusan at Aking binawasan ang pasanin ng Aking mga alipin."**

## Al-Aqabah - Ang Unang Panunumpa ng Katapatan -, Ang Mga Mamamayan ng Yathrib (Madinah) ay Yumakap sa Islam

Sa taong ito, labindalawang lalaki ng Yathrib, ang sampu sa kanila ay mula sa tribung Hudyo ng Khazraj at ang dalawa ay tribung Aws, sila ay dumating sa Makkah sa panahon ng Hajj at sila ay nanumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ) sa Aqabah, isang burol o bulubundukin sa bahaging hilaga ng pook na iyon. Ito ang nilalaman ng kanilang panunumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ): **"Kami ay hindi magbibigay**

**ng pagtatambal ng anumang bagay sa pagsamba sa Allah; kami ay hindi magnanakaw, o mangangalunya (o makikiapid) at hindi namin kikitlan ng buhay ang aming mga anak (tulad ng nakagawian ng mga paganong Arabo kapag naiisip nilang hindi nila magagawang pakainin o pangalagaan ang mga anak na ito). At kami ay hindi maninirang-puri, at kami ay susunod sa Propeta (ﷺ) sa lahat ng bagay na makatuwiran, at kami ay magiging matapat sa kanya sa lahat ng pagkakataon."** Nang sila ay taimtim na nanumpa sa kanya, ang Propeta (ﷺ) ay nagpadala ng isang kinatawan mula sa kanyang kasamahan, si Mus`ab bin Umair upang sila ay turuan ng pangunahing paniniwala at ng mga ritwal ng Islam. Si Mus`ab ay dumating sa Yathrib sa pamamagitan ng pagtulong niya sa mga dating yumakap sa Islam, at matagumpay niyang napayakap sa Islam ang ilang mamamayan at natatangi rito ay sina Usaid bin Khudair, ang pinuno ng bayan at Saad bin Mu`adh, ang prinsipe ng tribung Aws. Ang Islam ay lumaganap nang mabilis na halos walang isang bahay na walang Muslim ang kasaping naroroon.

# Al-Aqabah - Ang Ikalawang Panunumpa ng Katapatan

Sa sumunod na taon, bilang ika-13 taon ng pagpapalaganap ng Islam (A.D. 622) si Mus`ab ay nagbalik mula sa Yathrib kasama ng (73) katao at (2) babae na yumakap sa Islam bukod sa iba na hindi pa mga Muslim. Sa kanilang pagdating, ang mga mamamayan ng Yathrib na ito ay agad na nag-anyaya sa Propeta (ﷺ) sa kanilang bayan. Sila ay nagkaroon ng panunumpa ng katapatan sa pook na kung saan ang unang panunumpa ay pinagtibay, ito ang Al-Aqabah. Tinanggap ng Propeta (ﷺ) ang kanilang mungkahi at sila ay kanyang hinarap sa gabi sa Al-Aqabah na dinaluhan ng kanyang amaing si Al-Abbas na bagaman noon ay hindi pa Muslim, ay malugod niyang tinanggap ang kanyang pamangkin.

Si Al-Abbas ay gumawa ng talumpati para sa mga mamamayan ng Yathrib

at siya ay nagsabi sa kanila na ang Propeta (ﷺ) ay nakahandang lumisan sa kanyang bayang sinilangan at humanap ng pagkakanlungan sa ibang pook, at sila ay nag-alok sa kanya ng pangangalaga, sila ay nangakong hindi magtataksil sa kanya, at kung sila ay hindi pa matatag upang siya ay ipagtanggol, maaari nilang ipahayag ang anumang nasa sa isip nila at siya ay tutulungan para sa kanyang kaligtasan sa iba pang pamamaraan. Sa pagbibigay nila ng kanilang katapatan, ang Propeta (ﷺ) ay nangako na siya ay magiging matapat sa kanila, sa kasunduang sila ay dapat sumamba sa Allah lamang, sumunod sa lahat ng aral at prinsipyo ng Islam, sumunod sa Propeta (ﷺ) sa lahat ng wastong tagubilin, at siya ay dapat pangalagaan nang buong puso laban sa lahat ng uri ng pang-aalipusta tulad ng kanilang pangangalaga sa kanilang sariling pamilya. Pagkaraan, sila ay nagtanong sa kanya kung ano ang magiging kapalit kung mangyari ngang sila ay masawi sa pakikipaglaban sa landas ng Allah; siya ay sumagot: **"Ang Paraiso".** Pagkatapos niyon, sila ay nanumpa ng kanilang tapat na pananampalataya sa kanya at sa kanyang adhikain.

# Ang Hijrah (Paglikas sa Madinah) - Malugod Na Tinanggap ng Mga Mamamayan ng Yathrib (Madinah) Ang Mga Muslim

Pagkaraan ay pumili ang Propeta (ﷺ) ng labindalawang lalaki mula sa kanilang mga bilang upang tumayo bilang kinatawan. Ganyan pinagtibay ang ikalawang kasunduan ng Al-Aqabah. Ang mga mamamayan ng Yathrib (lumang pangalan ng Madinah) ay nagsibalik sa kanilang pamamahay at iniwan ang Propeta (ﷺ) upang isaayos ang paglalakbay sa kanilang bayan. Inutusan ng Propeta (ﷺ) ang kanyang mga tagasunod nang madaliang paghahanap ng kaligtasan sa Yathrib na kanila namang agad na sinunod ayon sa tagubilin. Halos isandaang pamilya ang tahimik na lumikas mula sa Makkah patungong Yathrib, na kung saan sila ay malugod na tinanggap nang may mainit na paglingap at pagmamalasakit. Sa huli, lahat ng mga kasamahan ay

nagsitungo sa Yathrib. Ang Propeta (ﷺ) ay mag-isang nanatili sa Makkah, kasama ng kanyang batang pinsan, si Ali, at ang kanyang matalik na kaibigang si Abu Bakr.

## Ang Mga Mamamayan ng Makkah ay Nagbalak Paslangin Ang Sugo ng Allah (ﷺ)

Dahil kanilang pinangambahan ang idudulot ng panibagong pagkikipagkasundo, ang mga mamamayan ng Makkah ay nagsimulang magbalak upang pigilin si Propeta Muhammad (ﷺ) mula sa pagtakas patungong Yathrib (Madinah). Sila ay madaliang nagsitipon. Pagkaraan ng maraming talakayan tungkol sa mga paraan ng pagpigil sa kanya, sila ay nagpasiya na patayin siya. Sila ay nagkasundong pumili ng isang lalaking karapat-dapat mula sa bawa't tribu at ang bawa't espada ng isang lalaki ay dapat dumagil (o tumama) sa katawan ng Propeta (ﷺ) upang ang pagkakasala ng pagpatay ay maging pantay at maging pangkalahatang pananagutan ng lahat. Ang Bani Hashim, ang tribu ng sariling angkan ng Propeta (ﷺ) ay ginawang mahina at samakatuwid ay walang kakayahang maghiganti para sa kamatayan ng kamag-anak. Pumili ng ilang bilang na matitikas na lalaki para paghandaan ang pagpaslang sa Propeta (ﷺ). Nang dumating ang gabi, ang mga napiling papaslang ay umaligid sa bahay na tinitirhan ng Propeta (ﷺ). Sila ay nagmatyag nang buong magdamag, hinintay ang tamang oras ng kanyang pagbaba sa madaling araw upang kanilang maisagawa ang pagpaslang sa kanya. Nguni't ang Propeta (ﷺ) ay nabigyan na ng paunang babala tungkol sa kanilang masamang balakin, kaya inutusan niya si Ali na humiga sa kanyang hinihigaan at binalot ang sariling katawan ng berdeng balabal. Sa pamamagitan ng pagdaan sa bintana, ang Propeta (ﷺ) ay nakatakas mula sa bahay na hindi namalayan ng mga taong nagmamatyag sa kanya at siya ay agad na nagtungo sa bahay ni Abu Bakr. Ang mga taong nagbalak na paslangin ang Propeta (ﷺ) ay nakaramdam ng pagka-inip, kaya sila ay sumilip mula sa siwang ng

bahay, at doon ay kanilang nakita si Ali na nanatiling natutulog at siya ay kanilang inakalang ito ay si Propeta Muhammad (ﷺ) kaya naman sila ay patuloy na nagmamatyag hanggang umabot sa kinaumagahan.

Nang si Ali ay bumangon, saka pa lamang nila napag-alaman na sila ay napaglalangan. Hindi napigilan ng mga Quraish ang lubhang pangangalit. Ang mga taong inatasang papaslang sa Propeta (ﷺ) ay nagbalik nang bigo at ang pagtakas ng Propeta (ﷺ) ay nagdulot ng ibayong lakas upang sila ay magbalak pang muli. Isandaang kamelyo ang ginawang pabuya para sa madaliang pagdakip o pagpaslang kay Propeta Muhammad (ﷺ).

## Isang Salaysay ni Aishah, Anak na Babae ni Abu Bakr (Ang Asawa ng Propeta ﷺ)

Isinalaysay ni Aishah Bint Abu Bakr (ang asawa ni Propeta Muhammadﷺ ): **"Kailanman ay wala akong naalala na ang aking mga magulang ay naniwala sa alinmang relihiyon maliban sa tunay na relihiyon (ang Islam), at (kailanman ay wala akong naalalang) isang lumipas na araw na hindi kami dinalaw ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa tuwing umaga at gabi. Nang ang mga Muslim ay inilagay sa pagsubok (sa mga pananakit ng mga pagano), si Abu Bakr ay nagbalak na lumikas patungong lupain ng Abyssinia (Ethiopia), at nang siya ay nakarating sa Bark-al-Ghimad, nakatagpo niya si Ibn Ad-Daghina, ang pinuno ng tribung Qara at ito ay nagsabi sa kanya: "O Abu Bakr, saan ka patutungo? Si Abu Bakr ay sumagot: "Ako ay itinaboy (ng aking mga kababayan), kaya nais kong mangibang-bayan at sumamba sa aking Panginoon." Si Ibn Ad-Dhagina ay nagsabi: "O Abu Bakr, ang isang taong katulad mo ay hindi dapat lumisan sa sariling lupaing sinilangan at hindi rin naman dapat na ikaw ay kanilang ipagtabuyan, sapagka't ikaw ay matulungin sa mga kapus-palad, at sa mga mahihirap, at pinananatili mo ang magandang ugnayan sa iyong mga kamag-anak, at tumutulong**

**ka sa mga mahihina at mga taong dumanas ng mga kapinsalaan. Kaya, ako ang iyong magiging tagapangalaga. Ikaw ay magbalik at sambahin mo ang iyong Panginoon sa iyong sariling bayan."**

**"Kaya, si Abu Bakr ay nagbalik at siya ay sinamahan ni Ibn Ad-Daghina. Kinagabihan, si Ibn Ad-Daghina ay dumalaw sa mga pinuno ng Quraish at nagsabi sa kanila: 'Ang isang taong katulad ni Abu Bakr ay hindi dapat lumisan sa kanyang sariling bayan, at hindi rin naman siya dapat ipagtabuyan. Kayo ba ay magtataboy sa isang taong tumutulong sa mga kapus-palad, mahihirap, siya ay marangal sa paghahanap-buhay, pinananatili ang magandang ugnayan sa mga kamag-anakan, pinakikitunguhan nang maayos ang mga panauhin at tumutulong sa mga mahihina at mahihirap?' Kaya ang mga Quraish ay hindi nagawang tumanggi sa pagtatanggol at pangangalaga ni Ibn Ad-Dhagina kay Abu Bakr. Kaya, sila ay nagsabi kay Ibn Ad-Dhagina: "Hayaan mong si Abu Bakr na sumamba sa kanyang Panginoon sa loob ng kanyang pamamahay. Maaari siyang magdasal at magbasa ng Qur'an doon anumang nais niya, nguni't hindi niya dapat isagawa ito nang hayagan at kami ay hindi niya dapat saktan sa pamamagitan nito, sapagka't kami ay nangangambang siya ay magdulot ng kapinsalaan sa aming mga kababaihan at mga anak."** Sinabing lahat ni Ibn Ad-Dhagina kay Abu Bakr ang lahat ng nilalaman ng kasunduan. Si Abu Bakr ay nanatili sa gayong kalagayan. Siya ay hindi nagdarasal nang hayagan at hindi rin bumibigkas ng Qur'an sa labas ng kanyang pamamahay.

## Si Abu Bakr ay Nagtayo ng Masjid

**"Pagkaraan, isang pasiya ang pumasok sa isip ni Abu Bakr upang magtayo ng isang masjid sa harapan ng kanilang bahay, at doon, siya ay palagiang nagdarasal at bumibigkas ng Qur'an. Ang mga kababaihan at mga anak ng mga pagano (Mushrik o nang-iidolo) ay nagsimulang magtipon sa kanyang paligid. Sila ay palagiang**

**nagtatakang nakasulyap sa kanya."** Si Abu Bakr ay isang lalaki na madalas lumuluha nang labis-labis at hindi niya makuhang pigilin ang pagluha kapag siya ay nagbabasa ng Qur'an. Ang kalagayan niyang ito ay nagdulot ng ligalig sa mga namumunong pagano ng Quraish kaya sila ay sumangguni kay Ibn Ad-Daghina at sila ay dumaing at nagsabing: **"Tinanggap namin ang iyong pangangalaga para kay Abu Bakr sa kasunduang siya ay dapat magsagawa ng pagsamba sa kanyang Panginoon sa loob ng kanyang pamamahay, nguni't siya ay nagtalu-sira sa kasunduan at siya ay nagtayo ng Masjid sa harapan ng kanyang bahay na kung saan siya ay nagdarasal at bumibigkas ng Qur'an nang hayagan. Kami ay nangangambang siya ay magdulot ng masamang impluwensiya sa aming mga kababaihan at mga anak. Kaya, siya ay iyong pigilin sa gayong mga gawain. Kung nais niyang magsagawa ng pagsamba sa kanyang Panginoon, dapat niyang isagawa ito sa loob ng kanyang pamamahay, nguni't kung ipinipilit niyang gawin ito nang hayagan, hilingin mo sa kanya na ikaw ay kanyang palayain mula sa iyong pananagutan sa kasunduan ng pangangalaga sa kanya."** Kaya si Ibn Ad-Dhagina ay nagtungo kay Abu Bakr at nagsabi: **"O Abu Bakr! Batid mo kung anong kasunduan ang aking ginawa para sa iyong sariling kapakanan; ngayon ikaw ay mamili, nais mo bang sumunod sa kasunduang iyon o ako ay iyong palayain mula sa pananagutan ng pangangalaga sa iyo, sapagkat hindi ko nais makarinig sa mga Arabo na ang aking mga mamamayan ay sumira sa kasunduan na aking ginawa sa ibang tao."** Si Abu Bakr ay sumagot: **"Pinalalaya kita mula sa kasunduang pangangalaga sa akin at ako ay nalulugod sa pangangalagang nagmumula sa Allah."**

Ang salaysay ni Aishah ay nagpatuloy: "Sa oras na iyon ang Propeta (ﷺ) ay nasa Makkah, at siya ay nagsabi sa mga Muslim: **"Sa aking panaginip, ipinakita sa akin ang pook ng inyong paglilikasan, (ito ay) isang lupaing sagana sa mga puno ng datiles, nasa pagitan ng dalawang bundok, at dalawang mabatong daan."** Kaya, ang ibang Muslim ay lumikas patungong Madinah. At ang karamihan sa mga Muslim na naunang lumikas sa bayan ng Ethiopia, ay nagsibalik sa Madinah. Si Abu Bakr ay naghanda rin para magtungo ng Madinah, nguni't ang Sugo ng

Allah (ﷺ) ay nagsabi sa kanya: **"Maghintay ka para sa ilang sandali, sapagka't ako ay umaasa na ako ay pahihintulutan ding lumikas."** Si Abu Bakr ay nagsabi: **"Ikaw ba ay tunay na umaasa rito?"** Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Oo."** Kaya, si Abu Bakr ay hindi lumikas bilang tanda ng pagsunod sa tagubilin ng Sugo ng Allah (ﷺ) upang siya ay kanyang makasama. Pinakain niya ang kanyang dalawang babaing kamelyo ng mga dahon ng puno ng As-Samur na nahulog mula sa pagkahampas ng isang patpat na kahoy sa loob ng apat na buwan. Isang araw, nang kami ay nakaupo sa bahay ni Abu Bakr sa katanghalian, isang tao ang nagsabi kay Abu Bakr: **"Ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nakatakip ang ulo ay dumarating sa oras na kailanman ay hindi niya palagiang ginagawa noon."** Si Abu Bakr ay nagsabi: **"Sumpa man sa Allah, siya ay hindi nagpupunta sa ganitong oras maliban para sa isang mahalagang pangangailangan."** Kaya, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay dumating at humingi ng pahintulot na pumasok sa loob, at siya ay nagsabi kay Abu Bakr: **"Sabihin mo sa bawa't isang naririto sa iyo na lumikas na."** Si Abu Bakr ay sumagot: **"Walang ibang naririto maliban sa iyong pamilya, O Sugo ng Allah."** Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ako ay binigyan ng pahintulot na lumikas."** Si Abu Bakr ay nagsabi: **"Dapat ba kitang samahan, O Sugo ng Allah?"** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Oo."** Si Abu Bakr ay nagsabi: **"O Sugo ng Allah! Kunin mo ang isa sa dalawa kong babaing kamelyo."** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay sumagot: **"Aking tatanggapin ito nang may bayad."** Kaya, aming inihanda ang mga dalahin nang mabilisan at naglagay ng ilang pagkain para sa kanilang paglalakbay. Si Asma, ang anak na babae ni Abu Bakr ay pinutol ang isang piraso ng damit sa kanyang baywang, at ito ay itinali sa bibig ng sisidlan ng pagkain. At dahil sa gayong ginawa ni Asma, siya ay tinawag na **'Dhat-un-Nitaqain'** (ang may-ari ng dalawang bigkis).

**"Pagkaraan ang Sugo ng Allah (ﷺ) at si Abu Bakr ay naglakbay at nakarating sa isang yungib sa bundok ng Thaur at sila ay nanatili roon nang tatlong gabi. Si Abdullah bin Abu Bakr na isang matalino at matalas na kabataan, ay nagbantay sa kanila sa buong magdamag. Siya ay lagi nang umaalis bago magmadaling-araw upang sa umaga siya ay kapiling ng mga Quraish na wari bang ginugol niya ang magdamag sa Makkah. Tinatandaan niya**

**ang alinmang balak na ginagawa laban sa kanila at kapag nagdilim na, siya ay nagbabalik at ipagbibigay-alam niya sa Sugo ng Allah (ﷺ) ang anumang naririnig. Si Amir bin Fuhaira, ang pinalayang alipin ni Abu Bakr, ay lagi nang naghahatid ng gatas ng tupa (na pagmamay-ari ni Abu Bakr) para sa kanila ilang sandali lamang pagkaraan ng takipsilim upang ipahinga ang mga tupa roon. Kaya, sila ay laging may sariwang gatas sa gabi, at ang gatas ay kanilang pinaiinit sa pamamagitan ng pinainit na bato. Pagkaraan ay itataboy ni Amir bin Fuhaira ang kawan ng mga tupa nang papalayo kapag madilim pa (bago mag-umaga). Ginawa niya ito nang tatlong gabi. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) at si Abu Bakr ay umupa ng isang tao sa tribu ng Bani Ad-Dail mula sa pamilya ni Bani Ab'd bin Adi bilang isang bihasang tagapaggabay ng daan, at siya ay nasa kasunduan ng pamilya ni Al-As bin Wail As-Sahmi at siya ay nasa relihiyon ng mga paganong Quraish. Ang Propeta (ﷺ) at si Abu Bakr ay nagtiwala sa kanya at siya ay binigyan ng dalawang babaing kamelyo at nangako na dadalhin niya ang dalawang babaing kamelyo sa yungib ng bundok ng Thaur sa umaga pagkaraan nang tatlong gabi. At nang sila ay nagsilakad na, si Amir bin Fuhaira at ang tagagabay ng daan ay sumama sa paglalakbay at sila ay ginabayan ng tagagabay ng daan sa tabi ng dagat."** [Sahih Al-Bukhari].

Ang pamangkin ni Suraqa bin Jusham ay nagsabi na ang kanyang ama ay nag-ulat sa kanya na narinig niya si Suraqa bin Jusham na nagsabing:

**Ang mga tagapaghatid ng balita mula sa mga pagano ng Quraish ay dumating sa amin na nagpapahayag na sila ay nagtakda ng mga taong papaslang at darakip sa Sugo ng Allah (ﷺ) at kay Abu Bakr, at isang pabuyang katumbas ng halaga ng salaping ibabayad sa isang pinatay.** Habang ako ay nakaupo sa isang pagtitipon ng aking tribu, Bani Mudlij, isang lalaki mula sa kanila ang dumating sa amin at tumayo habang kami ay nangakaupo at nagsabing: **"O Suraqa! Hindi! Ngayon lang ay nakita ko ang ilang tao na malayo sa pampang ng dagat, at sa aking palagay, sila ay sina Muhammad (ﷺ) at ang kanyang kasama." Ako rin ay nag-akalang sila nga iyon. Nguni't sinabi ko: Hindi, hindi sila ang mga iyon, nguni't nakita mo si**

gayon at gayong tao na naglalakad. Ako ay nanatili sa pagtitipon nang sandali at pagkaraan ako ay tumayo at lumisan patungo sa aking bahay, at itinagublin ko sa aking aliping babae na kunin ang aking kabayo, na nasa likuran ng maliit na burol, at inihanda ko para sa aking pag-alis.

Pagkaraan, kinuha ko ang aking sibat at tumalilis mula sa likod ng pintuan ng aking pamamahay at hila-hila ko ang ibabang bahaging dulo ng aking sibat sa lapag at hinayaan kong mababa. Pagkaraan, nakarating ako sa kinaroroonan ng aking kabayo, sinakyan ko ito at kumaskas nang takbo. Nang makarating ako [kina Muhammad (ﷺ) at Abu Bakr], ang aking kabayo ay natapilok at ako ay nahulog mula rito. Pagkatapos ako ay tumayo, pinigil ko ang panginginig ko at inilabas ko ang palaso at gumawa ako ng palabunutan kung sila nga ba ay dapat kong paslangin o hindi at ang lumabas sa palabunutan ay ang alinmang kinamumuhian ko (na huwag silang paslangin). Nguni't ako ay muling sumakay sa aking kabayo at hinayaan kong kumaskas nang takbo at hindi ko pinahalagahan ang mga palaso. Nang marinig ko ang Sugo ng Allah (ﷺ) na bumibigkas ng Qur'an na hindi lumilinga-linga habang si Abu Bakr ay ginagawa ito nang madalas, walang anu-ano ang paa ng aking kabayo ay lumubog sa lupa hanggang tuhod at ako ay nahulog mula roon.

Sa gayon ito ay aking ikinagalit, at ang kabayo ay tumayo nguni't nahihirapang alisin ang kanyang mga unahang paa mula sa pagkakabaon sa lupa, at nang ito ay muling tumindig, ang mga paa nito ay nagdulot ng paglitaw ng alikabok sa langit na tila usok. Pagkaraan ako ay muling naglabas ng palaso upang magpalabunutan, nguni't muling lumabas ang alinmang aking kinamumuhian. Kaya, ako ay tumawag sa kanila (sa Sugo ng Allah (ﷺ) at kay Abu Bakr) upang ako ay makaramdam ng kaligtasan, at muli akong sumakay sa aking kabayo at lumapit sa kanila. Nang aking mapag-isipan kung paano ako nahadlangan laban sa pagpaslang at pananakit sa kanila, napatunayan ko na ang banal na layunin ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay tunay ngang magtatagumpay. Kaya ako ay nagsabi sa kanilang dalawa: Ang inyong mga mamamayan ay nag-alok ng isang pabuya para sa iyong ulo. Pagkaraan sinabi ko sa kanila ang

**lahat ng mga balakin ng mga mamamayan ng Makkah tungkol sa kanila. Sila ay binigyan ko ng pagkain at mga kagamitan para sa paglalakbay, nguni't sila ay tumangging tanggapin ang anumang bagay at sila ay hindi humiling ng anumang bagay, at ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag mong sabihin sa iba ang tungkol sa amin". Pagkaraan, ako ay nakiusap sa kanya na sumulat para sa akin ng isang kasunduan ng kaligtasan at kapayapaan. Inutusan niya si Amir bin Fuhaira, na isulat ito para sa akin sa isang pirasong papel, at pagkaraan ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay humayo sa kanyang patutunguhan."** [Sahih Al-Bukhari]

## Ang Propeta (ﷺ) ay Lumikas Patungong Madinah

Isinalaysay ni Urwa bin Az-Zubair: Nakasalubong ng Sugo ng Allah (ﷺ) si Az-Zubair sa isang karaban ng mga mangangalakal na Muslim na nanggaling sa Sham. Binigyan ni Az -Zubair ang Sugo ng Allah (ﷺ) at si Abu Bakr ng puting damit upang isuot. Nang marinig ng mga Muslim ng Madinah ang balita ng paglisan ng Sugo ng Allah (ﷺ) mula sa Makkah (patungong Madinah), sila ay nagsimulang magtungo sa Harra tuwing umaga. Sila ay nagsisipaghintay para sa kanya pagdating hanggang sila ay sapilitang magsibalik sanhi ng labis na init ng araw sa katanghaliang tapat. Isang araw, pagkaraan ng mahabang paghihintay, sila ay nagsibalik sa kanilang pamamahay, at nang sila ay nagtungo sa kanilang pamamahay, isang Hudyo ang umakyat sa bubungan ng bahay ng isa sa kanila upang hanapin ang isang bagay at natanaw niyang paparating ang Sugo ng Allah (ﷺ) at ang mga kasamahan nito, nakasuot ng puting damit, na lumalabas mula sa di-kalayuang disyerto. Hindi napigilan ng Hudyo ang mapasigaw at nagsabing: **"O kayong mga Arabo! Paparating na ang inyong dinadakilang lalaki na inyong pinakahihintay!"** Kaya ang lahat ng mga Muslim ay nagsilabas at masayang sinalubong ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa ituktok ng Harra.

Bumaling ang Propeta (ﷺ) sa kanila sa gawing kanan at bumaba sa kinaroroonan ng Bani Amr bin Auf, at ito ay nangyari sa araw ng Lunes sa buwan ng Rabi` Al-Awwal. Si Abu Bakr ay tumayo, sinalubong at tinanggap ang mga tao, habang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay umupo at nanatiling tahimik. Ang ibang mga Ansar na dumating at hindi pa nakita ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsimulang batiin si Abu Bakr, nguni't nang ang sikat ng araw ay tumama sa Sugo ng Allah (ﷺ) at si Abu Bakr ay lumapit at kanyang tinabingan ng kapirasong tela, noon pa lamang nila nakilala ang Sugo ng Allah (ﷺ). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nanatili sa himpilan ng Bani Amr bin Auf ng sampung gabi at doon ay nagtayo ng Masjid (Al-Quba) batay sa kabanalan.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagdasal doon at pagkaraan ay muling sumakay sa kanyang kamelyo at humayong kasama ng mga tao hanggang ang kanyang kamelyo ay lumuhod sa pook na kung saan ang Masjid ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa Madinah ay itinayo. Ang ibang mga Muslim ay laging nagdarasal doon sa mga panahong iyon, at ang lugar na iyon ay isang dating bakuran na ginamit para sa pagpapatuyo ng mga bungang-datiles na pagmamay-ari nina Suhail at Sah'l, ang dalawang batang lalaking ulila na nasa pangangalaga ni Asad bin Zurara. Nang ang kanyang kamelyo ay lumuhod, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "**Ito ang pook, sa kapahintulutan ng Allah."** Pagkaraan, tinawag ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang dalawang batang lalaki at sila ay tinanong niya kung magkano ang maaaring halaga ng bakuran upang ito ay gawin bilang isang Masjid. Ang dalawang batang lalaki ay nagsabi: Hindi (namin ito ipinagbibili), nguni't ito ay aming ibibigay sa iyo bilang handog, O Sugo ng Allah! Pagkaraan, itinayo ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang Masjid doon. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsimulang maghakot ng mga tipak ng bato para sa pagpapatayo nito at habang ito ay ginagawa, siya ay nagsabing: **"Ang tambak na ito ay nakahihigit kaysa sa tambak ng Khaibar, sapagka't ito ay higit na sagrado sa paningin ng Allah at higit na dalisay at mainam na gantimpala."** Sinabi rin niya: **"O Allah! Ang tunay na gantimpala ay ang gatimpala sa kabilang buhay, kaya igawad Mo po ang Iyong habag sa mga Ansar at sa mga Muhajirun (mga nagsilikas mula sa Makkah patungong Madinah)."** [Sahih Al-Bukhari].

# Al-Hijri - Ang Batayan ng Islamikong Talaarawan

Ganyan naitakda ang talaarawang Hijri, na kung saan ang mga araw (petsa) ng Islamikong kalendaryo ay pinagbatayan.

**Ang Yathrib ay Tinawag na Al-Madinah Al-Munawarah (Ang Nagliliwanag na Lungsod).**

Nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) at ang kanyang mga **Sahabah** (kasamahan) ay nanirahan sa Yathrib, binago ang pangalan ng lungsod na ito, at mula noon ay tinawag na **al-Madinah al-Munawarah (ang Nagliliwanag na Lungsod)** o sa maikling katawagang al-Madinah (ang Lungsod). Ito ay nakatayo sa layo ng labing-isang araw na paglalakbay sa bahaging hilaga ng Makkah. Sa panahong iyon, ito ay pinamumunuan ng dalawang tribu ng Kahtan, ang Aws at Khazraj. Ang dalawang tribung ito ay palagiang nag-aaway sa isa't isa. Nagkaroon lamang ng kapayapaan sa pagitan ng dalawang tribung ito nang ipinahayag ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang pangangaral para sa relihiyong Islam. Nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nanirahan sa Madinah, ang tribu ng Aws at Khazraj ay nagkaisa sa bigkas ng Islam, at ang kanilang malaon nang hidwaan ay ganap na naglaho. Ang pangalang **Ansar** (ang mga tagapagtangkilik ng Propeta (ﷺ) para sa pagpapalaganap ng Islam) ay siyang naging karaniwang katawagan sa lahat ng mamamayan ng Madinah. At yaong nagsilikas mula sa Makkah ay tumanggap ng katawagang **Muhajireen** (o ang mga nagsilikas). Ito ay ginawa ng Propeta (ﷺ) upang mapag-isa ang dalawang uri ng mamamayan sa ugnayan ng pagkakapatiran sa Islam sa pamamagitan ng gabay ng Sugo ng Allah (ﷺ).

# Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay Nanirahan sa Madinah

Ang unang hakbanging ginawa ng Sugo ng Allah (ﷺ) pagkaraang manatili sa Madinah ay ang pagpapatayo ng Masjid para sa pagsamba sa Allah batay sa prinsipyo ng Islam. At sila ay nagtayo rin ng mga bahay para sa mga nagsilikas mula sa Makkah.

**Ang Kasunduang Itinatag ng Sugo ng Allah (ﷺ) - Upang Ang Mga Hudyo at Mga Muslim ay Magkaisa Laban sa Mga Kaaway.**

Ang Madinah at ang karatig na pook nito ay pinanirahan sa panahong ito ng tatlong natatanging pangkat, ang mga **Muhajireen**, ang mga **Ansar** at ang mga **Hudyo**. Upang sila ay pag-isahin sa isang maayos na lipunan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng isang pinagtibay na kasunduan sa mga mamamayan, malinaw na ipinaliwanag ang kanilang mga karapatan at pananagutan. Ang kasunduang ito ay nagsilbing saligan ng unang pamahalaan na itinatag ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ito ay nagsimula sa ganito:

**"Sa Ngalan ng Mahabagin at Maawaing Panginoon, ang pinagtibay na kasunduang ito ay ipinagkaloob ni Muhammad (ﷺ), ang Sugo ng Allah para sa lahat ng mga naniniwala, maging siya ay nagmula sa tribu ng Quraish o sa mamamayan ng Madinah, at para sa lahat ng mga mamamayang anuman ang pinagmulan na gumawa ng pangkalahatang ugnayan sa kanila - ay binubuo bilang isang pamayanan."** Ang ilang mga sumusunod na alituntunin ay hinango mula sa kasunduan: Ang kalagayan ng kapayapaan at digmaan ay para sa lahat ng Muslim. Walang sinuman sa kanila ang magkakaroon ng karapatang makipagkasundo ng kapayapaan, o magpahayag ng digmaan laban sa mga kaaway ng kanyang kapwa relihiyon. Ang mga Hudyo na tumalima ng kanilang sarili sa ating kasunduan ay pangangalagaan mula sa lahat ng pang-aapi at kamalian; sila ay mayroong makatarungang karapatan sa ating mga mamamayan bilang pangangalaga para sa kanilang kapakanan.

Ang mga Hudyo sa iba't ibang lipon at sa lahat ng iba pang namamalagi (o naninirahan) sa Madinah ay nagpasiyang magtayo ng isang pamayanan kabilang ng mga Muslim; sila ay malayang magsasagawa ng anumang kanilang gawaing pagsamba tulad ng mga Muslim. Ang mga kapanalig ng mga Hudyo ay magtatamasa rin ng gayun ding katiwasayan at kalayaan. Ang mga nagkasala ay papatawan ng parusa. Ang pinagsanib na lakas ng mga Hudyo at mga Muslim ay itinatag upang ipagtanggol ang Madinah sa lahat ng mga kaaway. Ang loob ng Madinah ay magiging sagradong pook para sa lahat ng taong tumatangkilik sa

kasunduang ito. Lahat ng tunay na Muslim ay dapat mapoot sa bawa't taong nagkasala ng mga gawaing di-makatarungan, walang sinuman ang dapat magtanggol sa taong nagkasala, maging ito man ay kanyang sariling kamag-anak. Pagkaraang isaayos ang panloob na pangangasiwa para sa pamayanang Madinah, ang kasunduan ay pinagtibay tulad ng sumusunod: **"Lahat ng mga hidwaang kakaharapin (sa darating na panahon) ng sinumang tumanggap ng kasunduang ito ay dapat isangguni sa Sugo ng Allah (ﷺ)."**

Kaya, ang kasunduang ito ay nagbigay ng wakas sa mga kaguluhan na namayani sa mga Arabo. Ito ay binuo sa pamamagitan ni Propeta Muhammad (ﷺ) bilang punong-hukom ng pamayanang Madinah.

**Ang Kasunduan ay Dumanas ng Paghihimagsik (Mula Sa Mga Kaaway) - Sa Mga Mapagkunwari at Mga Hudyo.**

Ang pangkat ng **Ansar** ay kinabilangan din ng ilang mga bagong yakap na Muslim na walang sigasig, kaya nanatili ang kanilang dating masamang pagkiling para sa idolatriya. Ito ay pinamumunuan ni Abdullah bin Ubai, isang lalaking nagturing sa kanyang sarili bilang isang bantog at natatangi. Sila ay pakunwaring yumakap sa Islam, nguni't sila ay lihim na sumalungat sa prinsipyo ng Islam. Kadalasan, sila ang pinagmumulan ng panganib sa bagong itinatag na pamahalaang Islam at kaya naman, kinakailangan ang walang katapusang pamamatyag ng Propeta (ﷺ). Ipinakita sa kanila ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang matinding pagtitimpi at pagtitiis, sapagka't siya ay umaasang sila ay magkakaroon ng tunay na katapatan para sa pananampalatayang Islam. Nang si Abdullah bin Ubai ay yumao, ang kanyang mga kasamahang mapagkunwari ay naglaho.

Ang mga Hudyo na ikatlong pangkat ng mga mamamayan ng Madinah ay siyang nagpakita ng pinakamalubhang panganib. Walang kabaitan o kagandahang-loob ang ipinakita ng Propeta (ﷺ) malibang sila ay walang kasiyahan at pagpapasalamat. Hindi naglaon, sila ay tumiwalag sa kasunduan at naging mga kaaway ng relihiyong Islam. Sila ay walang pakundangang nagsabi na higit nilang itinatangi ang dating gawaing idolatriya kaysa sa pananampalatayang Islam. Kaya, ang Propeta (ﷺ) ay nanatiling nakamasid sa kanyang mga kaaway sa loob at labas ng Madinah. Ang mga taga-Makkah ay lubos na batid na ang mga Hudyo ay tumanggap lamang ng pakikipagkasundo

sa Sugo ng Allah (ﷺ) nang dahil sa kanilang pansamantala at pansariling kapakanan. Nguni't sa sandaling sila ay magpahayag ng pagkakaisa sa mga **Mushrik** (mga sumasamba sa mga idolo bukod sa Allah), katiyakang sila ay makikipaghiwalay sa mga Muslim upang makiisa sa mga Mushrik. Ang kaligtasan ng pamahalaan ng Madinah ay nangailangan ng pagbabawal sa mga naniniktik (o lihim na nagtataksil) na nagbigay ng mga balita sa mga kaaway. Humigit-kumulang sa anim na lalaki ang pinatawan ng kamatayan bunga ng kanilang paniniktik (o pagtataksil).

## Ang Madinah sa Ilalim ng Pamiminsala sa Pagkain at Pananalakay sa Mga Hayupan at Iba pa

Sa ikalawang taon ng Hijrah, ang mga Mushrik (nang-iidolo) ng Makkah ay nagsimula ng isang sunud-sunod na pananakit laban sa mga Muslim na taga-Madinah. Sila ay nagpapadala ng pangkat ng mga kalalakihan upang gumawa ng mga pagnanakaw sa mga bungang-pananim o sa mga ari-arian ng mga Muslim ng Madinah at gumagawa ng mga pananambang o panloloob at pagtaboy sa kanilang mga hayupan. Dumating ang panahon ng malubhang pagsubok sa katatagan ng Islam. Naging tungkulin ng Propeta (ﷺ) na gumawa ng matalinong hakbangin upang mangalaga laban sa alinmang masasamang balakin sa loob at labas ng pamayanan ng Madinah.

## Ang Labanang Badr - Ang Pangkat ng Mga Taga-Makkah ay Sumalakay sa Madinah

Inilagay ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang Madinah sa ilalim ng disiplinang pang-militar. Siya ay gumugol ng mga pangkat na palagiang nagmamatyag o nagmamanman upang mangalaga laban sa biglaang

pananalakay ng mga kalaban. Hindi naglaon, isinaayos ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang pamayanan nang may matatag na tanggulan. Sa isang banda, isang lakas-sandatahang binubuo ng isang libong kalalakihan ang naghanda sa ilalim ng pamamahala ni Abu Jah'l, isang malaking kaaway ng Islam. Sila ay patungo sa Madinah upang ito ay kanilang salakayin. Tumanggap ng babala sa tamang oras ang mga Muslim tungkol sa balak ng mga kaaway. Isang pangkat ng tatlong daan kawal na ang 2/3 bahagdan nito ay mga mamamayan ng Madinah na nagtipon upang unahan ang mga Mushrik (nang-iidolo) sa pamamagitan ng pagsakop sa lambak ng Badr, na matatagpuan sa pagitan ng Makkah at Madinah na malapit sa dagat. Nang makita ng Propeta (ﷺ) ang kawal ng mga di-naniniwala na papalapit sa lambak, siya ay nanalangin na ang maliit na bilang ng pangkat ng mga Muslim ay huwag mapuksa o malipol.

## Ang Tagumpay - Ang Labanan sa Badr ay Nagwagi

Ang mga kawal ng mga taga-Makkah ay sumulong nang hayagan na nagbigay ng daan upang magkahiwalay ang mga Muslim mula sa mga Mushrik (nang-iidolo). Ayon sa nakagawian ng mga Arabo, ang labanan ay nagsimula sa simpleng tunggalian hanggang umabot sa sagupaang pangkalahatan. Ang mga taga-Makkah ay naitaboy at dumanas ng malaking pagkatalo. Ilan sa mga namumunong Mushrik (nang-iidolo) ay nangasawi, kabilang na rito si Abu Jah'l.

## Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay Nagtakda ng Mga Alituntunin Para sa Pakikitungo sa Mga Bihag

Ang malaking bilang ng mga Mushrik (nang-iidolo) ay nanatiling mga bihag sa kamay ng mga Muslim. Sila ay pinakitunguhan nang

magandang pakikitungo na hindi kailanman naranasan sa kasaysayan ng pakikipaglaban. Natunghayan sa buong kasaysayan ng sangkatauhan na ito ay sadyang taliwas sa lahat ng mga nakagawian at nakaugalian ng mga Arabo. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay nang mahigpit na tagubilin na ang pagmamalasakit sa mga bihag ay dapat ipakita sa kanilang kalunus-lunus na kalagayan at sila ay dapat pakitunguhan nang may kabaitan. Ang mga tagubilin ay tapat na sinunod ng mga naatasang Muslim upang magbantay sa mga bihag. Dahil sa magandang pakikitungong ito, si Sir William Muir (isang manunulat ng kasaysayan), sa kanyang aklat na may Ingles na pamagat na "Life of Muhammad", ay bumanggit ng isang nakasisiyang pahayag na sinabi ng isa sa mga bihag: **"Pinagpala ang mga kalalakihang taga-Madinah, sapagka't kami (bilang mga bihag) ay kanilang isinakay, samantalang sila ay naglakad lamang; sila ay nagbigay sa amin ng tinapay upang kumain, samantalang sila ay mayroon lamang kaunti nito, kanilang ikinasiya na lamang para sa kanilang sarili ang pagkain ng bungang-datiles."**

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At katotohanan, kayo ay binigyan na ng Allah ng tagumpay sa (digmaan ng) Badr noong kayo ay mahihina pa (kakaunti lamang ang bilang). Kaya, inyong katakutan ang Allah upang sakali kayo ay (matutong) magpasalamat. At (alalahanin mo) nang iyong sabihin sa mga naniniwala: "Hindi ba sapat para sa inyo na kayo ay tulungan ng inyong Panginoon sa pamamagitan ng tatlong libong ibinabang mga anghel?" Oo, kung kayo ay manatiling matiisin at (laging) may takot (sa Allah) at (sa sandaling) ang inyong mga kaaway ay sumagupa sa inyo, kayo ay palalakasin ng inyong Panginoon (sa pamamagitan) ng limang libong anghel na may natatanging pagkakakilanlan. At ito ay hindi ginawa ng Allah maliban bilang isang mabuting balita para sa inyo at isang kapanatagan sa inyong mga puso. At walang tagumpay malibang ito ay nagmula sa Allah, ang Ganap na Makapangyarihan, ang Tigib ng Karunungan. Upang Kanyang putulin ang isang bahagi sa (pangkat) niyaong mga di-naniniwala, o di kaya'y sila ay pigilin upang sila ay bigong magsisibalik}. Qur'an (3:123-127)**

Ang mga pambihirang kalagayan na naghatid para sa tagumpay ng Badr ay nagbigay ng malalim na pananampalataya sa mga kaisipan ng mga Muslim; ang mga anghel ng kalangitan ay nakipaglaban sa kanilang panig laban sa kanilang mga kaaway. Ang pamamahagi ng mga labi ng digmaan ay nagdulot ng hidwaan sa pagitan ng mga mandirigmang Muslim. Ilang sandali lamang, ang Propeta (ﷺ) ay nagpasiyang hatiin ito nang makatarungan para sa lahat. Kasunod nito, isang kapahayagan ng Qur'an ay naglatag ng isang alituntunin para sa pamamahagi ng mga labi ng digmaan sa ibang darating pang panahon. Ayon sa alituntuning ito, ang isang ikalimang bahagdan (1/5) ay nakalaan para sa pangkalahatang laan-panggugol tulad ng pagtulong sa mga dukha at mga kapus-palad, samantalang ang pamamahagi sa mga natirang ika-apat na bahagi ay nasa kapasiyahan ng Punong Tagapamahala ng pamayanan.

## Ang Labanan sa Uhud

Ang kasunod na laban sa pagitan ng mga Quraish at mga Muslim ay ang labanan sa Uhud, isang bulubunduking (burol) na apat na milya mula sa hilagang bahagi ng Madinah. Ang mga Mushrik (nang-iidolo) ay gumawa ng malaking paghahanda para sa bagong paglusob laban sa mga Muslim upang maghiganti sa kanilang pagkatalo sa labanang Badr. Sila ay nagtipon ng isang malaking pangkat ng kawal na may bilang na tatlong libong malalakas na kalalakihan na kung saan ang pitong daan ay nasasandatahan ng mga baluti at ng dalawang daang kabayo. Ang lakas-sandatahang ito ay pinamumunuan ni Abu Sufyan at sila ay nakahimpil sa isang lambak, anim na milya ang layo mula sa Madinah na kung saan kanilang sinira ang mga pananim at mga hayupan. Sa kabilang dako, bagaman ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay may higit na mahinang bilang ng kawal, noong una, siya ay matatag sa kanyang pinanatili sa loob ng bayan upang sila ay harapin doon; nguni't pagkaraan ng payo ng mga ilan sa kanyang mga kasamahan ay nangibabaw, siya ay humayong lumakad upang harapin ang mga kalaban kasama ng isang libong kalalakihan na kung saan ang isang daan ay nasasandatahan ng mga baluti; nguni't siya

ay walang kabayo maliban sa isa para sa kanyang buong kawal bukod sa kanyang sariling kabayong sinasakyan. Sa dala niyang maliit na bilang ng kawal, siya ay tumigil sa bundok ng Uhud. Siya ay iniwan ni Abdullah bin Ubai, ang pinuno ng mga mapagkunwari na may kasamahang tatlong daang tagasunod. Kaya, ang maliit na bilang ng kawal ay lalo pang nabawasan at pitong daan na lamang ang naging bilang.

Nagpalipas ng gabi sa bundok ng Uhud ang mga pangkat ng Muslim, at kinaumagahan, pagkaraan ng kanilang pagdarasal, ay nagsilakad sa kapatagan. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbalak na gumawa ng isang paraan upang sila ay hindi mapaligiran, inilagay niya ang limampung mamamana sa likuran ng mga pangkat, at nagbigay ng mahigpit na tagubilin na huwag umalis sa kanilang kinatatayuan anuman ang mangyari. Nang sila ay dumating upang makipaglaban, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakahihigit noong una. Nguni't pagkaraan, ang kanyang mga mamamana ay umalis sa kanilang mga kinatatayuan nang dahil sa abalang pagkuha ng mga kagamitang nangagkalat sa paligid, kaya ito ay nagbigay ng pagkakataon para sa mga kaaway upang lusubin ang mga Muslim at sila ay napaligiran. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay natalo sa araw na iyon at siya ay halos mapatay. Siya ay tinamaan ng ilang paghagis ng mga bato at nasugatan ng palaso sa bahagi ng mukha, at ang isa niyang ngipin sa harapan ay nabali.

Mula sa mga Muslim, pitumpung (70) kalalakihan ang napatay, kabilang ang amain ng Propeta (ﷺ) na si Hamza bin Abdul Muttalib. Mula sa mga di-naniniwala, dalawampu't dalawang (22) kalalakihan ang nasawi.

## Ang Mga Quraish ay Matagumpay na Lumisan ng Madinah

Ang Quraish ay lubhang napagod sa paglusob sa Madinah at sa pagtaboy sa mga Muslim sa bundok ng Uhud kaya hindi nila nagawa pang sundan ng panibagong paglusob ang kanilang kalamangan. Sila ay

nagsibalik na lamang mula sa mga lupain ng Madinah pagkaraang wala nang pakundangang pagputul-putulin ang mga katawan ng mga patay na kalabang Muslim.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{At huwag kayong panghinaan ng loob at huwag kayong malungkot, sapagka't kayo ay mangingibabaw kung kayo ay naniniwala (sa Allah). Kung kayo man ay nakalasap ng sugat, katotohanang silang mamamayan na yaon ay nakalasap din nang gayong (hapdi ng) sugat. At ang mga araw na ito (na magkakaiba ang kalagayan) ay Aming ibinibigay sa pagitan ng mga tao nang halinhinan upang mapagtanto ng Allah nang hayagan yaong mga tunay na naniniwala, at upang Siya ay magtakda mula sa inyo ng mga Shuhada' (martir). At hindi minamahal ng Allah ang mga mapaggawa ng kamalian. At upang dalisayin ng Allah yaong mga naniniwala (sa pamamagitan ng mga pagsubok) at lipulin ang mga di-naniniwala. O inaakala ba ninyo na kayo ay makapapasok sa Paraiso nang hindi pa napagtatanto ng Allah (nang hayagan) kung sino nga sa inyo yaong nagpunyagi (sa Kanyang Landas) at mapagtanto yaong mga matiisin? At sa katotohanan, inyong inasam ang kamatayan (bilang martir) bago pa ninyo ito naranasan. At ito (ngayon) ay inyong nasaksihan (sa inyong harapan) habang inyong pinagmamasdan}.[1] Qur'an (3:139-143)**

Sinabi pa ng Dakilang Allah:

**{Aming ihahasik ang ligalig sa mga puso niyaong mga di-naniniwala,[2] dahilan sa anumang kanilang ginawang pagtatambal sa Allah (sa kabila ng katotohanan na) wala Siyang ibinabang**

---

1 Si Propeta Muhammad (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag ninyong hangarin na makasagupa ang mga kalaban, bagkus hingin ang katiwasayan sa Allah. Magkagayunman, kung sakaling sila ay inyong makasagupa, ihanda ang inyong mga sarili sa pagtitiis. At alalahanin na ang Jannah (Paraiso) ay nasa anino ng mga espada." [Sahih Muslim 3:1362]

2 Isinalaysay ni Jabir bin Abdullah na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi. "Binigyan ako ng limang bagay na hindi ibinigay sa kaninumang Propetang nauna sa akin. Ako ay tinulungan sa pamamagitan ng paglagay ng takot sa puso ng mga hindi naniniwala na kasing-layo ng isang buwan, ang kalupaan ay ginawang Masjid at malinis na pook para sa akin, ipinahintulot sa akin na kuhanin ang mga labi ng digmaan, iginawad sa akin ang pamamagitan (sa Araw ng Paghuhukom), at ang mga nakaraang Propeta ay ipinadala sa kani-kanilang angkan (mamamayan), samantalang ako ay ipinadala sa buong sangkatauhan." [Sahih Muslim 1:370].

**(anumang) batayan (o kautusan) tungkol dito. At ang kanilang hantungan ay ang Apoy (ng Impiyerno), at napakasamang tirahan para sa mga mapaggawa ng kamalian. At katotohanang tinupad ng Allah ang Kanyang pangako sa inyo (sa oras na iyon) noong sila ay inyong pinupuksa sa Kanyang kapahintulutan, hanggang (sa sandaling) kayo ay mawalan ng tapang at kayo ay humantong sa pagtatalu-talo tungkol sa tagubiling (ibinigay ng Propeta ﷺ), at kayo ay sumuway pagkaraang Kanyang ipakita sa inyo ang inyong minimithi (mga labing-yaman ng digmaan). Ang iba sa inyo ay minimithi ang mundong ito at ang iba nama'y minimithi ang kabilang buhay. Pagkaraan, kayo ay Kanyang hinayaang (nagapi at) nagsitakas laban sa kanila (na inyong mga kaaway) upang kayo ay Kanyang subukan. Nguni't, sa katotohanan, kayo ay Kanya nang pinatawad, at ang Allah ay May tangan ng kabutihang-loob sa mga naniniwala. (At inyong tandaan) nang kayo ay (nagsitakas at) nagsiakyat (sa bundok) na hindi man lamang ninyo nagawang lumingon sa kaninuman, at ang Sugo ay nasa inyong gawing likuran na nananawagan sa inyo (upang kayo ay magsibalik). Kaya (dahilan dito) kayo ay pinagkalooban (ng Allah) ng sunud-sunod na ligalig upang hindi kayo maghinagpis sa (mga bagay na) nawala sa inyo at maging (sa anumang) inyong sinapit. At ang Allah ay Ganap na Nababatid ang anumang inyong ginagawa. Pagkalipas ng ligalig, Kanyang ibinaba para sa inyo ang katiwasayan (sa pamamagitan) ng antok (himbing), na namayani sa isang pangkat sa inyo, samantalang ang ibang pangkat ay nag-aalala tungkol sa kanilang mga sarili, kanilang pinag-iisipan ang Allah ng iba bukod sa katotohanan tulad ng pag-iisip ng (mga taong) mangmang. Sila ay nagsasabi: "May kaugnayan ba kami sa anupamang pangyayaring ito?" Sabihin: "Katotohanan, tanging nasa Allah ang kaganapan ng lahat ng mga pangyayari." Kanilang inililihim sa kanilang sarili ang anumang hindi nila magawang ilantad sa iyo. Sila ay nagsasabing: "Kung mayroon lamang kaming kaugnayan kahit kaunti sa pangyayari dito, marahil ay walang nasawi sa amin." Sabihin: "Kahit kayo ay manatiling nasa loob ng inyong mga pamamahay, yaong mga nakatakdang mamatay ay tiyak na magtutungo sa pook**

**ng kanilang kamamatayan." At (itinakda ito) upang subukan ng Allah ang anumang nasa inyong mga kalooban at gawing dalisay ang anumang nasa inyong mga puso. At ang Allah ay Ganap na Nababatid ang nasa loob ng mga dibdib}. Qur'an (3:151-154)**

Isinalaysay ni Al-Bara' bin Azib ang pangyayaring naganap: "Pinili ng Propeta (ﷺ) si Abdullah bin Jubair bilang pinuno ng mga kawal (mga mamamana) na may bilang na limampu sa araw (ng labanan) sa bundok ng Uhud. Siya ay nag-utos: **"Manatili kayo sa inyong kinalalagyan, huwag kayong umalis kahit na kayo ay makakita pa ng mga ibong dumidikit sa atin hanggang ako ay magpadala sa inyo ng tulong; at kung inyong makita na ating nagapi ang mga di-naniniwala (mga pagano) at sila ay nagsisitakas (o nagsisitakbo) magkagayon pa man, huwag na huwag kayong aalis sa inyong kinaroroonan hanggang ako ay magpadala sa inyo ng tulong."** Sa gayon ngang mahigpit na tagubilin, ang mga di-naniniwala ay nagapi. Sumpa man sa Allah, nakita ko ang mga kababaihan na nagsisitakbong nalilis ang laylayan ng kanilang mga damit at nakita ko ang kanilang mga binti. Kaya, ang ilang mga kasamahan ni Abdullah bin Jubair ay nagsabi: **"Ang mga labi ng labanan! O aking mga kasamahan! Ano pa ang inyong hinihintay, magsikuha na kayo?"** Si Abdullah bin Jubair ay nagsabi: **"O aking mga kasamahan, nalimutan na ba ninyo ang tagubilin ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa inyo?"** Sila ay sumagot: **"Sumpa man sa Allah! Kami ay aalis sa aming kinalalagyan at magtutungo sa mga kalaban upang samsamin ang kanilang mga naiwang gamit (o labi ng digmaan)."** Nguni't nang sila ay nagsitungo sa kinaroroonan ng mga kaaway, sila ay nagaping itinaboy na pabalik ng kanilang mga kaaway. Sa sandaling iyon, ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nasa kanilang gawing likuran at siya ay tumatawag sa kanila. Labindalawa lamang ang nanatiling kasama ng Propeta (ﷺ) at ang pitumpong kalalakihan mula sa atin ay napaslang ng mga di-naniniwala". Ang Propeta (ﷺ) at ang kanyang mga kasamahan ay naging sanhi upang ang mga pagano ay mawalan ng isandaan at apatnapung lalaki, mula sa bilang na ito, ang pitumpo ay binihag at pitumpo naman ay pinagpapatay. Si Abu Sufyan ay nagtanong nang tatlong ulit: **"Si Muhammad (ﷺ) ba ay naririyan kabilang ng mga taong ito?"** Ang Propeta (ﷺ) ay nag-utos sa kanyang mga kasamahan na

huwag sumagot sa kanya. Pagkaraan siya (si Abu Sufyan) ay nagtanong nang tatlong ulit: **"Si Ibn Abu Quhafa (Abu Bakr) ba ay naririyang kabilang ng mga taong ito?"** Siya ay muling nagtanong nang tatlong ulit: **"Si Umar bin Al-Khattab ba ay naririyang kasama ng mga taong ito?"** Pagkaraan, siya ay bumaling sa kanyang mga kasama at nagsabing: **"Tungkol sa (mga taong ito), sila ay nangasawi na."** Hindi mapigilan ni Umar ang kanyang sarili at siya ay sumagot kay Abu Sufyan: **"Ikaw ay nagsabi ng kasinungalingan, sumpa man sa Allah! O kaaway ng Allah! Lahat ng taong binanggit mo ay buhay na buhay, at ang bagay na hindi makapagsasaya sa iyo ay naririto pa rin."** Si Abu Sufyan ay nagsabi: **"Ang aming tagumpay ngayon ay kabayaran para sa inyo sa labanang naganap sa Badr, at sa labanan (o digmaan), ang tagumpay ay lagi nang walang kapasiyahan at ito (ang tagumpay) ay pinagsasalitan ng bawa't mandirigma. Inyong matatagpuan ang ilan sa inyong mga kawal na nasawi at pinagputul-putol ang kanilang mga katawan bagaman hindi ko inutusan ang aking mga kawal na gawin ang gayong bagay, nguni't hindi ko rin ikalulungkot ang anumang kanilang ginawa."** Pagkaraan siya ay masayang nagsabing: **"O Hubal, ikaw ay mangibabaw!"** Nang marinig ng Sugo ng Allah (ﷺ) ito, siya ay nagsabi (sa kanyang mga kasamahan): **"Bakit hindi kayo magsisagot sa kanila?"** Sila ay nagsabi: **"O Sugo ng Allah, ano ang aming sasabihin?"** Siya ay nagsabi: **"Sabihin, ang Allah ay higit na mataas at higit na Dakila."** Pagkaraan si Abu Sufyan ay nagsabi: **"Mayroon kaming idolong si Al-Uzza, at kayo ay walang Uzza."** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi (sa kanyang mga kasamahan): **"Bakit hindi kayo magsisagot sa kanila?"** Sila ay nagsabi: **"O Sugo ng Allah! Ano ang aming sasabihin?"** Siya ay nagsabi: **"Sabihin, ang Allah ang aming tagapagtanggol at kayo ay walang tagapagtanggol."** [Sahih Al-Bukhari]

Ang masamang ibinunga ng nakapipinsalang labanang ito ay ang pagkakaroon ng pang-uudyok sa mga ilang palabuy-laboy na tribu mula sa mga karatig bayan upang sila ay manloob at magnakaw sa mga lupain ng mga taga-Madinah, nguni't karamihan sa mga ito ay kanilang naitaboy.

# Ang Paghihimagsik Bunga ng Pagkatiwalag ng Ilang Mga Kasapi

Ang mga Hudyo ay hindi pahuhuli upang gumawa ng pananakit sa Sugo ng Allah (ﷺ) at sa kanyang mga kasamahan. Sila ay nagtatangkang gumawa ng hidwaan sa pagitan ng kanyang mga kasamahan. Kanilang binibigkas ang mga salita ng Qur'an upang ito ay magkaroon ng nakakagalit na kahulugan. Sila ay gumagawa ng mga panunulsol sa mga bihasang manunula sa larangan ng kanilang kultura upang udyukin ang mga tao. Isa sa kanilang bantog na manunula ay si Ka'b mula sa Bani An-Nadir, na walang tigil sa pagpapahayag ng masamang tagumpay ng mga Mushrik (nang-iidolo) pagkaraan ng kanilang pagkukulang sa labanang naganap sa Badr. Sa pamamagitan ng kanyang mga pangungutya laban sa Propeta (ﷺ) at sa kanyang mga kasamahan, ang kanyang mga malulungkot na tula sa mga nasawing taga-Makkah sa labanang Badr, si Ka'b ay nagtagumpay sa pagbibigay-sigla sa mga Quraish upang ang alab ng poot ng paghihiganti ay sumiklab sa labanang Uhud. Pagkaraan, siya ay nagbalik sa Madinah na kung saan siya ay nagpatuloy sa panlilibak sa Propeta (ﷺ) at sa mga Muslim, mga kalalakihan at kababaihan, sa pamamagitan ng mga salitang likas na mahalay at malaswa. Bagaman siya ay kabilang sa tribu ng Bani An-Nadir na mayroon ng kasunduang pangkapayapaan sa mga Muslim at nangako sa sarili na para sa panloob at panlabas na kaligtasan, siya ay hayagang sumalungat laban sa kasunduang pangkapayapaan na kung saan siya ay isang kasapi. Ang isa pang Hudyo, na ang pangalan ay Salam na mula rin sa naturang tribu ay nag-asal din ng kapusukan at kalupitan laban sa mga Muslim. Siya ay nanirahan kasama ng kanyang mga kasamahan sa Khaibar, isang lambak na may layong limang araw na paglalakbay sa bahaging hilagang kanluran ng Madinah. Siya ay gumawa ng lahat ng makakayanan upang sulsulan ang isang Arabong karatig-bayan laban sa mga Muslim. Ang pamahalaang Muslim na may layuning magtatag ng isang matiwasay at ligtas na pamayanan ay

nagpataw ng isang kaparusahan nang dahil sa kawalan ng paggalang sa batas laban kina Ka'b at Salam.

Ang mga kasapi ng isa pang tribu ng mga Hudyo, ang Bani Qainuqa ay nahatulan ng pagtaboy mula sa mga bayan ng Madinah sanhi ng kanilang hayagang paglabag sa mga alintuntunin ng kasunduan. Mahalagang bigyang-wakas ang kanilang mga gawaing kasuklam-suklam upang mapanatili ang kapayapaan at kaligtasan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagtungo sa kanilang pinamamahayanan na kung saan hiningi niya na sila ay pumasok nang may katiyakan sa pamahalaang Muslim sa pamamagitan ng pagyakap sa Islam o sila ay lumisan mula sa Madinah. Sila ay sumagot ng pinakamasamang salita: **"Ikaw ay nakipag-away sa mga kalalakihang mangmang sa larangan ng digmaan. Kung ikaw ay masigasig sa pagkakaroon ng ugnayan sa amin, aming ipakikita sa iyo na kami ay mga lalaki."** Pagkaraan, sila ay nagkulong sa kanilang kinalalagyan at sila ay sumuway sa Propeta (ﷺ) at nilabag ang kanyang pamamahala at pagiging pinuno. Nagpasiya ang mga Muslim na sila ay lusubin sa kanilang pinaninirahan nang walang paghihinayang sa oras. Pagkaraan ng labinlimang araw, sila ay nagsisuko. Bagaman ang mga Muslim noong una ay naglayong magpataw ng ilang mabigat na parusa sa kanila, sila ay nasiyahan na lamang sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagtaboy sa mga Bani Qainuqa sa labas ng Madinah.

Ang Bani An-Nadir ay nag-asal ng tulad ng Bani Qainuqa. Sila rin ay hayagan at sinadyang ipagwalang-saysay ang mga patakaran ng kasunduan. Ang Propeta (ﷺ) ay nagpadala ng mensahe sa kanila tulad ng mensaheng ipinadala sa kanilang kapatid na tribung Bani Qainuqa. Sa kanilang inaasahang tulong mula sa pangkat ng mapagkunwari, sila ay nagsibalik para sa isang mapaghamong kasagutan. Pagkaraan ng paglusob ng limang araw, sila ay humiling ng ilang alituntunin para sa kasunduan. Ang mga Muslim ay nagbigay ng panibagong kasunduan, nguni't pinili ng mga Hudyo ng An-Nadir na lumisan sa Madinah. Sila ay pinahintulutang dalhin ang lahat ng kanilang ari-ariang maaaring dalhin maliban sa kanilang mga sandata. Bago lumisan ng Madinah, kanilang pinagsisira ang lahat ng kanilang mga pamamahay. At ang mga sandatang hindi nila nagawang dalhin ay ipinamigay ng Propeta (ﷺ) sa kapahintulutan ng mga Ansar at Muhajirun. Ito ay isang

prinsipyo na itinakda na anumang sandatang nakuha sa pakikipaglaban ay pagmamay-ari ng pamahalaan at ang pamamahagi nito ay dapat iwanan sa pagpapasiya ng mga kinauukulang pinuno.

Ang Dakilang Allah ay nagsabi:

**{(May karapatang bahagi ng Fai) yaong mga mahihirap na nagsilikas na itinaboy mula sa kani-kanilang tahanan at mga ari-arian, na naghahangad ng Kabutihang-loob mula sa Allah at Kaluguran, at nakikipagtulungan sa Allah at sa Kanyang Sugo (upang palaganapin ang relihiyong Islam); sila yaong mga makatotohanan. At [may karapatang bahagi rin] yaong mga nanirahan sa tahanan (ng Madinah) at (yaong mga yumakap) sa pananampalatayang (Islam) na una sa kanila. Kanilang minamahal yaong mga nagsilikas na nagtungo sa kanila, at walang matatagpuang paghahangad sa kanilang mga kalooban hinggil sa anumang (bagay na) ipinagkaloob sa kanila, at sila ay nagparaya sa kanila nang higit sa kanilang mga sarili bagaman sila ay labis na naghihikahos. At sinuman ang napangalagaan ang kanyang sarili laban sa karamutan, sila yaong mga magtatagumpay}. Qur'an (59:8-9)**

Ang pagpapaalis sa mga Bani An-Nadir ay naganap sa ika-apat na taon ng Hijrah. Ang nalalabing bahagi ng taong ito at ang unang bahagi ng bagong taon ay inilaan para sa pagsugpo ng pagtatangka ng mga palabuy-laboy na tribu laban sa mga Muslim at nagpapataw ng mga parusa sa iba't ibang pagpaslang at pagnanakaw sa mga sakop na bayan ng Madinah. Kabilang dito ay ang pakikipagdigma laban sa mga Kristiyanong Arabo ng Dumat Al-Jandal (isang pook na may layong pitong araw na paglalakbay sa bahaging timog ng Damascus) na pumigil sa paglalakbay ng mga mamamayan ng Madinah patungong Syria at sila ay nagbanta rin ng pananalakay sa Madinah. Ang mga magnanakaw na ito ay nagsitakas nang sila ay harapin ng mga Muslim, at ang Propeta (ﷺ) ay nagbalik sa Madinah pagkaraang pagtibayin ang kasunduan sa isang pinuno ng karatig bayan na kung saan siya ang nagbigay ng pahintulot para sa pagpapastol sa mga lupaing sakop ng Madinah.

# Ang Mga Kawal ng Kaaway sa Pamumuno ni Abu Sufyan ay Nagtungo sa Madinah

Sa taong ding iyon, ang mga kaaway ng Islam ay gumawa ng bawa't pagtatangkang sulsulan ang mga tribu laban sa mga Muslim. Ang mga Hudyo ay nakibahagi rin sa paggawa ng mga hidwaan. Ang isang pangkat ng mandirigmang kawal na may bilang na sampung libong kalalakihan ay nagsipaghanda tungo sa Madinah sa pamumuno ni Abu Sufyan. Sila ay nanatili sa dakong malapit sa Bundok Uhud, ilang milya mula sa Madinah. Ang mga Muslim ay nakapagtipon lamang ng kawal sa bilang na tatlong libo. Nang kanilang makita ang kahinaan ng mga kawal at ang ligalig at kaguluhan ng mga mapagkunwari sa loob ng bayan, pinili nilang manatiling nakahanda upang magtanggol sa anumang maaaring maganap. Sila ay naghukay ng malalim na kanal sa mga paligid ng Madinah na kung saan sila ay namamalagi at sila ay nagsilabas mula sa bayan na mayroong nakahandang mga kanal sa kanilang mga harapan. Sila ay umasa sa tulong ng kanilang kasunduan mula sa mga tribu ng Quraiza, na nagmamay-ari ng maraming tanggulang nakatayo sa bahaging timog. Sila ay nangakong makikipag-ugnayan at magtatanggol para sa mga Muslim laban sa mga nagtatangkang manalakay sa kanila. Nguni't ang mga Hudyong ito ay hinihimok ng mga Mushrik (nang-iidolo) na magtalu-sira at labagin ang kanilang panunumpa at inudyukang makianib at makiisa sa mga Quraish. Sa ganitong kalagayan ang mga Muslim ay lubhang nasa mapanganib na kapaligiran, sapagka't ang mga Hudyong ito ay nakababatid sa mga mapagkunwaring nasa loob ng bayan ng Madinah at sila ay naghihintay lamang ng pagkakataong makipaglaro upang kanilang maisakatuparan ang kanilang tunay na hangarin.

Ang paglusob ay nagtagal nang dalawampung araw. Ang mga kaaway ay gumugol ng malaking panahon upang tumawid sa malalim na kanal, nguni't ang bawa't pagtatangka ay lubhang napigil ng maliit na pangkat ng mandirigmang Muslim. Ang pagkawatak-watak ay nagsimulang maramdaman ng mga lumulusob na pangkat ng kaaway. Ang kanilang

mga kabayo ay mabilis na nagkakaubusan, at ang kanilang pagkain ay paubos nang paubos araw araw. Sa gabi, isang malakas na unos ng hangin at ulan ang sumira sa kanilang mga sinisilungang kubol at ang kanilang mga ilawan ay natutupok. Si Abu Sufyan at ang mga nakararami sa kanyang mga kawal ay nagsitakas, at ang mga nalalabi ay nagtungo sa kanlungan ng Tribung Quraiza. Bagaman, ang mga Muslim ay nasiyahan sa kabiguang tinamo ng kanilang mga kaaway, kanilang naisip na ang lubos na tagumpay ay hindi matatamo hanggang ang tribung Quraiza ay nanatiling malapit sa kanila sa kabila ng paglabag ng mga ito sa pinagtibay na kasunduan. Kanilang iniisip na maaaring ang mga Hudyong ito ay magdulot ng nakagugulat na pagtataksil mula sa kanilang panig. Naramdaman ng mga Muslim na tungkulin nilang humingi ng paliwanag kung bakit sila ay lumabag sa sinumpaang pangako. Nguni't ang paliwanag na ito ay kanilang tinanggihan. Kasunod nito, ang mga Hudyo ay nilusob at sapilitang pinasuko ng mga Muslim.

Kanilang hiniling na ang kanilang kaukulang parusa sa paglabag sa kasunduan ay nararapat na pagpasiyahan ni Saad bin Mu`adh, ang prinsipe ng tribung Aws. Ang pinunong ito ay isang mabangis na kawal na nagtamo ng sugat sa paglusob. Siya ay nagbigay ng paghatol bunga ng kanyang galit sa pagtataksil na ginawa ng mga Bani Quraiza. Sa mga kalalakihang nakipaglaban, sila ay hatulan ng kamatayan, samantalang ang mga kababaihan at kanilang mga anak ay dapat maging alipin ng mga Muslim. Ang hatol na kamatayan ay ipinatupad sa pamamagitan ng pagbitay.

## Ang Propeta (ﷺ) ay Nangalaga sa Mga Kristiyano ng Madinah

Ito ang panahon na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay sa mga monghe ng "Monastry of St. Catherine", malapit sa Bundok Sinai, ng kanyang malayang kasunduan. Pinangunahan niya at ng kanyang mga kasamahan ang pangangalaga sa mga kristiyano - na ipagtanggol ang kanilang mga simbahan at mga tirahan ng kanilang mga pari at

pangalagaan sila mula sa lahat ng pananakit. Sila ay hindi dapat patawan ng di-makatarungan at labis na buwis. Walang obispo ang maaaring itaboy mula sa kanyang diyosesis; walang kristiyano ang dapat piliting talikdan ang kanyang relihiyon; walang isang monghe ang maaaring palayasin mula sa kanyang monasteryo; walang isang nagnanais magsagawa ng Hajj ang maaaring pigilin; walang simbahan ng kristiyano ang maaaring sirain para lamang magpatayo ng Masjid o bahay para sa mga Muslim. Ang mga babaing kristiyano na nag-asawa ng Muslim ay may karapatang magsagawa para sa kanyang sariling relihiyon at hindi dapat sumailalim sa pamimilit o ng alinmang pangyayamot. Kung ang mga Kristiyano ay nangangailangan ng tulong para sa pagsasaayos ng kanilang mga simbahan o monasteryo, o anumang nauukol sa kanilang relihiyon, ang mga Muslim ay nararapat na tumulong sa kanila. Ito ay hindi isinasaalang-alang bilang pagtaguyod sa kanilang relihiyon kundi isang karaniwang pagtulong sa kanila sa natatanging kalagayan. Kung mangyari mang ang mga Muslim ay magkaroon ng kaaway sa mga kristiyanong nagmumula sa labas, walang kristiyanong naninirahang kabilang ng mga Muslim ang nararapat pakitunguhan nang may pang-aalipusta nang dahil sa kanyang pananampalataya.

Ang Propeta (ﷺ) ay nagbabala na sinumang Muslim ang lumabag sa alinmang alituntunin ng kasunduan ay dapat ituring bilang isang taong sumuway sa kautusan ng Allah, isang taong mapanlabag sa Kanyang mga Banal na Kasulatan at nagpapabaya sa kanyang pananampalataya.

## Ang Kasunduan ng Hudaibiyah

Anim na taon ang lumipas simula nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) at ang kanyang mga tagasunod na taga-Makkah ay lumikas mula sa kanilang sinilangang bayan. Ang kanilang mga puso ay nagsimulang manabik sa kanilang pamamahay at para sa kanilang sagradong bahay-dalanginan (Ka'bah). Dahil ang panahon ng Hajj ay papalapit na, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpahayag ng kanyang layuning dumalaw sa Makkah, at karamihan sa kanyang mga tagasunod ay tumugon sa panawagan nang

may sigasig at pananabik. Ang paghahanda ay dagliang ginawa para sa paglalakbay patungong Makkah. Ang Sugo ng Allah (ﷺ), kasama ng pito o walong daang Muhajireen at mga Ansar, lahat ay walang dalang sandata, ay humayo upang magsagawa ng Hajj. Ang mga Quraish, na mayroon pa ring kinikimkim na galit sa mga Muslim ay nagtipon ng isang malaking pangkat na kawal upang hadlangan ang kanilang pagpasok sa Makkah at kanilang pinagmalupitan ang kinatawan na ipinadala ng Sugo ng Allah (ﷺ) upang humingi ng pahintulot na dumalaw sa mga sagradong pook ng Makkah. Pagkaraan ng labis na kahirapan, isang pinagtibay na kasunduan na ang lahat ng hidwaan o galit ay dapat itigil ng sampung taon; na sinuman ang lumapit sa Sugo ng Allah (ﷺ) mula sa Quraish nang walang pahintulot sa tagapangalaga o pinuno ay nararapat pabalikin sa mga Mushrik (nag-iidolo); na sinumang Muslim na magtungo sa mga taga-Makkah ay hindi dapat isuko; na ang alinmang tribung nagnanais sumapi sa kasunduan sa Quraish o sa mga Muslim ay dapat maging malaya nang walang alitang magaganap; na ang mga Muslim ay dapat magbalik sa Madinah sa kasalukuyang kalagayan at tumigil sa pagpapatiuna o pagsulong; na sila ay nararapat na pahintulutang dumalaw sa Makkah sa sumunod na taon at manatili roon nang tatlong araw na may sandata na kanilang gamit sa paglalakbay. Kaya, ang kasunduang Hudaibiyah ay nagwakas, at ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbalik kasama ng kanyang mga mamamayan patungong Madinah.

## Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay Nagpadala ng Mga Kinatawan

Sa panahong ito, ipinahayag sa Sugo ng Allah (ﷺ) na ang kanyang pagpapalaganap ng Islam ay pangkalahatan. Ipinadala niya ang maraming kinatawan upang anyayahan ang mga karatig pamayanan sa Islam. Ang hari ng kaharian ng Persiya, si Chosroes Parvis ay tinanggap ito nang may paghamak at pang-aalipusta. Siya ay nagitlang nagmalaki sa katapangan ng pananalita ng Sugo ng Allah (ﷺ) hinggil sa batas

ng pagkakapantay-pantay ng bawa't tao. Sa kanyang matinding galit, pinagpupunit niya ang liham na paanyaya sa Islam ng Sugo ng Allah (ﷺ) at pinagtabuyan niya sa kanyang harapan ang kinatawan ng Sugo ng Allah (ﷺ) nang may panlalait. Nang mabatid ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang pakikitungong ginawa ng hari ng Persiya, siya ay mahinahong nagsabi: **"Ganyan magkakasira-sira ang Imperyo ni Chosroes."**

Isa pang kinatawan ang ipinadala sa isang arabong prinsipe ng tribung Ghassan, isang kristiyanong pyudalismo ni Heraklius. Ang prinsipeng ito, sa halip na tanggapin ang kinatawan nang may paggalang ay malupit na pinaslang. Ang pagpaslang na ito ay lumikha ng matinding galit sa mga Muslim, na isinaalang-alang ito bilang isang poot laban sa mga pangkalahatang pananagutan (o tungkulin).

## Si Heraklius ay Kumilala sa Dakilang Allah

Ang paanyaya kay Heraklius, ang Emperador ng Roma, ay tinanggap nang may pitagan at karangalan. Pinakitunguhan niya ang kinatawan ng Sugo ng Allah (ﷺ) nang may paggalang at nagbigay ng magandang katugunan sa mensahe ng Sugo ng Allah (ﷺ).

Si Abdullah bin Abbas ay nagsalaysay: **"Ipinagbigay-alam ni Abu Sufyan bin Harb sa akin na si Heraklius ay nagpadala ng isang tagapaghatid ng balita sa kanya habang kanyang sinamahan ang isang karaban mula sa mga Quraish. Sila ay mga mangangalakal na nangangalakal sa Sham (Syria, Palestine, Lebanon, at Jordan) sa panahon na iyon nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagkaroon ng kasunduan kay Abu Sufyan at sa mga Quraish."**

Si Abu Sufyan at ang kanyang mga kasama ay nagtungo sa Ilya (Herusalem). Sila ay ipinatawag ni Heraklius sa hukuman at sila ay nakaharap sa mga namumunong Byzantino. Tinawag ni Heraklius ang kanyang tagapagsalin ng wika upang isalin ang anumang sinasabi ni Heraklius sa kanila at nagsabing: **"Sino ba sa inyo ang malapit na kamag-anak ng lalaking nagsasabing siya ay isang Propeta?"** Si

Abu Sufyan ay sumagot: **"Ako ang pinakamalapit niyang kamag-anak (sa pangkat na naririto)!"**

Si Heraklius ay nagsabi: **"Dalhin siya (si Abu Sufyan) nang malapit sa akin at hayaang nasa likuran niya ang kanyang mga kasama."** Si Abu Sufyan ay nagdagdag: **"Si Heraklius ay nagsabi sa kanyang tagapagsalin na sabihin sa akin at sa aking mga kasama na nais niyang magbigay ng mga katanungan hinggil sa taong iyon (ang Propeta Muhammad ﷺ) at kung ako ay magsisinungaling, (silang mga kasama ko na nasa aking likuran) ay dapat tutulan ang aking sinabi. Sumpa man sa Allah, kung hindi nga lamang ako nangangambang ako ay tawaging isang sinungaling ng aking mga kasama, hindi ko gagawing magsalita ng katotohanan tungkol sa Propeta (Muhammad ﷺ)."**

Nagpatuloy si Abu Sufyan sa kanyang pagsasalaysay: **"Ang unang tanong sa akin tungkol sa kanya ay: Ano ang katayuan ng kanyang pamilya sa inyo?" Ako ay sumagot: "Siya ay kabilang sa isang mabuti at marangal na pamilyang kabilang sa amin." Si Heraklius ay nagpatuloy sa pagtatanong: "Mayroon ba sa inyo ang nagtangka upang mag-angkin tulad niya bilang Propeta bago pa man siya?" Ako ay tumugon: "Wala." Siya ay nagsabi: "Mayroon bang kabilang sa kanyang mga ninuno ang naging isang hari?" Ako ay sumagot: "Wala." Si Heraklius ay nagtanong: "Ang mga mararangal at mga mahihirap ba ay sumusunod sa kanya?" Ako ay sumagot: "Ang mga mahihirap ay sumusunod sa kanya." Siya ay nagsabi: "Ang mga tagasunod bang ito ay dumarami o kumukunti (araw-araw)?" Ako ay sumagot: "Sila ay dumarami."**

Pagkaraan siya ay nagtanong: **"Mayroon bang kabilang sa kanila ang tumiwalag pagkaraan ng kanyang pagyakap?" Ako ay sumagot: "Wala." Si Heraklius ay nagsabi: "Nakita mo na ba siyang nagsinungaling bago siya nag-angkin (bilang Propeta ng Allah)?" Ako ay sumagot: "Hindi." Si Heraklius ay nagsabi: "Siya ba ay sumisira sa kanyang mga pangako?" Ako ay sumagot: "Hindi. Kami ay may kasunduan sa kanya at hindi namin nalalaman kung ano ang kanyang gagawin dito." Wala akong makitang dahilan para magsabi**

**na anumang laban sa kanya maliban diyan." Si Heraklius ay nagtanong: "Kayo ba ay nagkaroon na ng digmaan laban sa kanya?" Ako ay sumagot: "Oo." At siya ay nagsabi: "Ano ang ibinunga ng mga digmaang iyon?" Ako ay sumagot: "Minsan, siya ang nananalo at minsan naman kami ang nananalo." Si Heraklius ay nagtanong: "Ano ba ang kanyang ipinag-uutos sa inyo?" Ako ay sumagot: "Siya ay nag-uutos na sambahin ang Allah at tanging ang Allah lamang at huwag kaming magbigay ng anumang bagay bilang katambal ng Allah sa pagsamba sa Kanya at kami ay inuutusang talikdan ang lahat ng sinasamba ng aming mga ninuno. Siya ay nag-utos sa amin na magdasal, magsalita ng katotohanan, maging dalisay at malinis at manatili sa magandang ugnayan para sa mga kamag-anakan."**

Si Heraklius ay humiling sa tagapagsaling-wika na sabihin sa akin ang mga sumusunod na mga puna: **"Tinanong kita tungkol sa kanyang pamilya at ang iyong kasagutan ay siya ay kabilang sa isang marangal na pamilya. Katunayan, ang lahat ng mga Sugo ng Allah ay nagmula sa mga mararangal na pamilyang kabilang sa kanilang mga mamamayan. Tinanong kita kung mayroong isa sa inyo na nag-aangkin ng gayong bagay, ang iyong kasagutan ay wala. Kung ang iyong kasagutan ay Oo, maaari kong isipin na ang taong ito ay gumagaya lamang sa pag-aangkin ng naunang tao. Pagkaraan, tinanong kita kung nagkaroon ba ng isang hari sa kanyang mga ninuno, ang iyong kasagutan ay wala, kung ang iyong kasagutan ay mayroon, maaari kong isipin na ang taong ito ay naghahangad lamang na muling ibalik sa kanila ang paghahari. Karagdagan pa, tinanong kita kung mayroong pagkakataon na siya ay pinaratangan ng iba bilang isang sinungaling at ang iyong kasagutan ay hindi. Kaya, ako ay nagtataka kung paano ang isang taong hindi nagsisinungaling tungkol sa iba ay magagawang magsabi ng kasinungalingan tungkol sa Allah. At ikaw ay tinanong ko kung ang mga mayayamang tao ay sumunod sa kanya o ang mga mahihirap. Ang iyong kasagutan ay ang mga mahihirap ay sumunod sa kanya. Katunayan, lahat ng Sugo ng Allah ay sinunod ng mga mahihirap na uri ng tao. Pagkaraan, tinanong kita kung ang kanyang mga tagasunod ay dumarami o kumukunti? Sinabi**

**mong sila ay dumarami, at katunayan, ito ang landas ng tunay na pananampalataya hanggang ito ay umabot sa kaganapan."**

**"Tinanong kita kung mayroong isang yumakap sa kanyang relihiyon at pagkaraan ay tumiwalag sa kanyang relihiyon, nguni't ang iyong kasagutan ay walang sinuman ang tumiwalag, at katunayan ito ang palatandaan ng tunay na relihiyon, kapag ang liwanag nito ay pumasok sa puso at tumimo nang ganap. Tinanong kita kung siya ay nagtaksil, ang iyong kasagutan ay hindi at gayun din naman, ang mga Sugo ng Allah ay hindi nagtataksil. Pagkaraan ay tinanong kita kung ano ang kanyang ipinangangaral, ang iyong kasagutan ay kayo ay inuutusan na sumamba sa Allah at tanging ang Allah lamang, at kayo ay pinagbabawalang sumamba sa mga idolo, at kayo ay inuutusang magsagawa ng pagdarasal, na magsalita ng pawang katotohanan at maging dalisay. Kung ang iyong sinabi ay katotohanan, darating ang araw na sasakupin niya ang lupang kinatatapakan ko ngayon at aking nababatid (mula sa mga banal na kasulatan) na siya ay lilitaw, nguni't hindi ko lamang nababatid na siya ay magmumula sa inyo (sa inyong lahi) at kung siya man ay aking abutan, ako ay dagliang makikipagtipan sa kanya at kung ako ay makakaharap niya, katiyakang huhugasan ko ang kanyang mga paa."**

Pagkaraan niyon, hiniling ni Heraklius ang liham ng Sugo ng Allah (ﷺ) na ipinadala ni Dihya sa gobernador ng Basra, upang ito ay kanyang basahin. Ang mga nilalaman ng liham ay ang mga sumusunod:

**"Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain. Ang liham na ito ay nagmula kay Muhammad (ﷺ), ang alipin at Sugo ng Allah para kay Heraklius, ang pinuno ng Byzantine. Kapayapaan sa iyo na tumatahak sa matuwid na landas. Higit sa lahat, ako ay nag-aanyaya sa iyo sa Islam, at kung ikaw ay maging isang Muslim, ikaw ay maliligtas, at daragdagan ng Allah ang iyong gantimpala, at kung ikaw ay tumanggi sa paanyayang ito ng Islam, ikaw ay magkakasala sa pamamagitan ng paglihis mo sa mga taong iyong kinasasakupan."**

Pagkaraan, si Abu Sufyan ay nagsabi nang karagdagan: **"Nang matapos ang pagsasalita ni Heraklius at nabasa ang liham, nagkaroon ng malaking hiyawan sa loob ng silid-hukuman. Kaya, kami ay**

**nagsilabas mula sa silid-hukuman. Aking sinabi sa aking mga kasamahan na ang mga katanungan kay Ibn Abu Kabsha (ang Propeta Muhammad ﷺ) ay naging bantog, sapagka't maging ang hari ng Bani Al-Asfar (Byzantine) ay natatakot sa kanya. Pagkaraan, ako ay nagsimulang magkaroon ng katiyakan na siya (ang Propeta ﷺ) ay magiging mananakop sa darating na panahon hanggang ako ay nagpasiyang yumakap sa Islam."**

Ang tagapagsalaysay ay nagdagdag na si Ibn An-Natur ay siyang Gobernador ng Ilya (Herusalem) at si Heraklius ay siyang namumuno sa mga kristiyano ng Sham. Si Ibn An-Natur ay nagsalaysay na minsan habang si Heraklius ay dumadalaw sa Ilya (Herusalem), siya ay bumangon sa umaga nang may masamang pakiramdam. Ang ilan sa kanyang mga pari ay nagtanong kung bakit siya nasa ganoong kalagayan. Si Heraklius ay isang manghuhula at isang astrologo. Siya ay sumagot: **"Sa gabi kapag ako ay sumusulyap sa mga bituin, aking nakikita na ang pinuno ng mga taong nagsasagawa ng pagtutuli ay lilitaw (at magiging mananakop). Sino ang mga nagsasagawa ng pagtuli?"** Ang mga tao ay sumagot: **"Maliban sa mga Hudyo, walang sinuman ang nagsasagawa ng pagtuli kaya huwag kayong matakot sa kanila. Maglabas na lang kayo ng kautusang patayin ang bawa't Hudyo na narito sa bansa."** Habang ito ay kanilang tinatalakay, isang tagapaghatid ng balita ang ipinadala ng Hari ng Ghassan upang ipaalam ang balita tungkol sa ipinadalang liham ng Sugo ng Allah (ﷺ) kay Heraklius. Nang marinig ang balitang ito, siya (si Heraklius) ay nag-utos sa mga tao na magtungo at tingnan kung ang tagahatid ng liham ng Hari ng Ghassan ay tuli. Nang makita ito, ang mga tao ay nagsabi kay Heraklius na siya (ang tagahatid ng balita) ay tuli. Kaya, siya ay tinanong niya kung ang mga Arabo ay mga tuli, ang tagahatid ng balita ay nagsabi: **"Ang mga arabo ay nagpapatuli rin."** Pagkaraang ito ay kanyang marinig, si Heraklius ay nagsabi na ang kapamahalaan (o kadakilaan at kapangyarihan) ng mga Arabo ay lumitaw. Kaya, si Heraklius ay lumiham sa kanyang kaibigan sa Roma na isa ring tulad ni Heraklius na maalam. Pagkaraan, si Heraklius ay naglakbay patungong Homs (isang bayan sa Syria) at siya ay namalagi roon hanggang matanggap niya ang kasagutan ng liham ng kanyang matalik na kaibigan, na umayon sa kanyang kuru-kuro o paniniwala tungkol sa paglitaw ng

Propeta (ﷺ) at ang katotohanan na siya [si Propeta Muhammad (ﷺ)] ay isang tunay na Propeta. Dahil doon, inanyayahan ni Heraklius ang lahat ng mga namumuno sa Byzantine na magsitipon sa kanyang palasyo sa Homs. Nang sila ay nagsitipon, itinagubilin niya na ang lahat ng pinto ng kanyang palasyo ay isara. Pagkaraan, siya ay lumabas at nagsabi: **"O mga mamamayan ng Byzantine, kung ang tagumpay ay siya ninyong minimithi, at kayo ay humahanap ng matuwid na patnubay, at inyong nais na ang inyong Imperyo ay manatili, samakatuwid, magbigay kayo ng pangako ng katapatan sa Propetang ito (o yumakap sa Islam). (Nang marinig ang pananaw ni Heraklius) ang mga tao ay nag-unahang nagsitakbong patungo sa mga pintuan ng palasyo na tila mga hayop (onedyer), nguni't kanilang nakita na ang mga pinto ay nakasara. Natunghayan ni Heraklius ang kanilang poot sa relihiyong Islam at nang nawalan siya ng pag-asang sila ay yayakap sa Islam, siya ay nag-utos na ibalik ang mga tao sa kanyang harapan. (Nang sila ay nagsibalik) siya ay nagsabi: "Anuman ang nasabi ko ay isa lamang pagsubok sa katatagan ng inyong paniniwala at ito ay aking nakita." Ang mga tao ay nagsipagpatirapa sa kanyang harapan at sila ay nasiyahan sa kanya, at ito ang naging wakas ng kasaysayan ni Heraklius (hinggil sa kanyang pananampalataya)."** [Sahih Al-Bukhari].

## Ang Pananalakay ng Mga Hudyo ng Khaibar ay Nabigo

Sa nasabing taon, ang mga Hudyo ng tribung Khaibar, isang malakas na teritoryo sa layong apat na araw na paglalakbay mula sa Madinah, ay nagpakita ng walang pakundangang poot sa mga Muslim. Nagkaisa sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa tribu ng Ghatfan at sa iba pang mga tribung magkakamag-anak, ang mga Hudyo ng Khaibar ay gumawa ng isang masigasig na pagtatangka upang magtatag ng isang pagsasanib ng lakas laban sa mga Muslim. Napag-alaman ng Propeta (ﷺ) at ng kanyang mga kasamahan (at mga tagasunod) ang kilusang ito

at agad na gumawa ng hakbangin upang sugpuin ang alinmang bagong balaking pananalakay sa Madinah.
Isang paghahanda (para sa pagkikipaglaban) na may bilang na isang libo at apat na raang katao ang agad na inihanda upang humarap laban sa Khaibar. Ang mga kapanalig ng mga Hudyo ay humayo upang harapin ang mga Muslim. Ang mga Hudyo ay matatag na hinarap ang paglusob ng mga Muslim, nguni't sa huli, ang lahat ng kanilang pinagtataguan ay isa-isang nalugmok at napasakamay ng mga Muslim. Sila ay humingi ng kapatawaran na ipinagkaloob sa kanila nang ayon sa kanilang itinakdang kasunduan. Ang kanilang mga lupain at mga ari-arian ay ibinalik sa kanila kabilang na ang kanilang kalayaan sa pagsasagawa ng kanilang relihiyon. Pagkaraang magapi ang Khaibar, ang mga Muslim ay nagsibalik sa Madinah na ligtas sa anupamang panganib.

## Ang Sugo ng Allah (Muhammad ﷺ) at Ang Mga Muslim ay Nagsagawa ng Hajj

Bago nagtapos ang taon, ang ika-pitong taon ng Hijrah, nakatulong sa Propeta (ﷺ) at sa kanyang mga tagasunod ang pagtigil ng labanan sa mga Quraish upang makadalaw sa sagradong-bahay dalanginan (ang Ka'bah). Ang Propeta (ﷺ), kasama ng dalawang daang Muslim ay nagtungo sa Makkah upang magsagawa ng Hajj. Sa pagkakataong ito, ang mga Quraish ay nagsialisan sa loob ng Makkah bilang paggalang habang ang mga Muslim na naroroon ay isinasagawa ang mga ritwal ng Hajj nang tatlong araw.
Sa kanyang aklat na may pamagat na "Life of Mohammed Vol. III" si Sir William Muir ay nagbigay-puna sa naganap na pangyayari tulad ng sumusunod: "Isang kakaibang tanawin sa kasaysayan ng mundo ang ipinakita sa kapatagan ng Makkah. Ang matandang lungsod ay tatlong araw na nilikasan ng lahat ng mga naninirahan doon, mayaman o mahirap man, bawa't bahay ay iniwan pansamantala. Ang mga dating mamamayang Muslim na itinaboy mula sa kanilang bayang sinilangan, ay dumating

kasama ng kanilang mga kapwa-Muslim (at kasamahan), muling dinalaw ang mga walang-taong pamamahay ng kanilang kamusmusan, at sa loob ng maikling puwang, ay kanilang naisakatuparan ang mga ritwal ng Hajj. Ang mga mamamayan sa labas ng lungsod ay nagsisiakyat sa mga ituktok sa paligid; nagkakalimpumpunan sa nakayungyung na taluktok ng Abu Qubeis, mula roon ay kanilang namamatyagan ang mga galaw ng mga Muslim sa mababang bahagi nito. Sila ay nagsisipag-ikot sa palibot ng Ka'bah at mabilis na nagtungo sa pagitan ng Safa at Marwah. Kanilang masigasig na iniisa-isa ang bawa't naroon upang sakali ay kanilang makilala sa mga naroroon ang kanilang dating mga kaibigan o kamag-anakan. Ito ay isang matiwasay na tagpo na isinagawa sa pamamagitan ng pagpapakasakit upang magbigay-daan sa paglitaw ng Islam. Ayon sa pinagkasunduang alitutunin, ang mga Muslim ay magsisialis sa Makkah pagkatapos ng tatlong araw na pagdalaw. Itong mapayapang pagdalaw ay sinundan ng mga mahahalagang usapan ng mga Quraish. Si Khalid bin Al-Walid, kilala bilang "Espada ng Allah" bago pa man ito, ay isang malupit na kaaway ng Islam at siya ang namumuno sa mga mandirigmang Quraish sa labanang Uhud at si Amr bin Al-As, isa ring mahalagang mandirigma ay yumakap sa bagong pananampalataya.

## Ang Paghihiganti sa Pagpaslang ng Isang Kinatawang Muslim

Nang magbalik sa Madinah ang Sugo ng Allah (ﷺ) kasama ng kanyang mga tagasunod, sila ay naghanda para sa pakikipaglaban upang ipaghiganti ang pananakit at pagpaslang na ginawa ng prinsipe ng tribung Ghassan sa isang kinatawan ng Muslim. Isang pangkat ng mandirigma na may bilang na tatlong libo ang ipinadala sa ilalim ng pamumuno ng ampon ng Propeta (ﷺ) na si Zaid upang ipakita sa kanila ang kanilang nasaktang damdamin at di-makatuwirang dinanas. Si Khalid bin Al-Walid ay isa sa mga heneral na napili para sa pakikipaglaban. Nang sila ay nakarating sa karatig pook ng Mu'ta, (ito ay isang) lambak sa

bahaging timog silangan ng Dead Sea (Jordan), kanilang nakasagupa ang isang napalaking pangkat ng mandirigma mula sa mga Arabo at sa mga Romano na nagtipon upang sila ay hadlangan. Gayunpaman, ang mga Muslim ay matatag at matibay na naitaboy ang mga kaaway. Ang katapangan ng mga kaaway ay hindi nakapagdulot sa kanila ng kabutihan at sila ay dumanas ng malaking kawalan sa pangkat ni Khalid bin AI-Walid. Sa labanang ito sina Zaid at Ja'far, isang pinsan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ng marami pang mabubuting kasamahan ay nasawi. Pagkaraan, si Khalid bin Al-Walid sa pamamagitan ng sunud-sunod na pakikipaglaban, ay matagumpay na naitaboy ang mga kaaway nang walang nagbuwis na buhay mula sa mga Muslim. Pagkaraan ng isang buwan, si Amr bin Al-As ay humayong nakipaglaban nang walang pagsalangsang sa mga lupain ng mga mararahas na tribu, tumanggap nang kanilang buong pagtalima sa Islam, at naibantayog ang dangal ng Islam sa mga dulong lupain ng Syria.

**Nilabag ng mga Quraish ang Kasunduan ng Hudaibiyah, ang mga Kawal ng Propeta (ﷺ) ay Nakipaghamok Laban sa mga Nang-iidolo.**

Sa pagtatapos ng ika-pitong taon ng Hijrah (Paglikas), ang tribung Quraish at ang kanilang mga kapanalig, ang Bani Bakr, ay nagtalu-sira sa kanilang mga itinakdang kasunduan ng kapayapaan na pinagtibay sa Hudaibiyah nang kanilang sinalakay ang Bani Khuza`ah, na noon ay mayroong kasunduan sa mga Muslim. Ang Bani Khuza`ah ay humingi ng tulong at pangangalaga kay Propeta Muhammad (ﷺ). Ang Propeta (ﷺ) ay masigasig na nagpasiyang supilin ang nananaig na kawalang katarungan at pang-aabuso o paniniil na namayani sa Makkah. Madalian niyang tinipon ang sampung libong kalalakihan upang mangalaga laban sa mga Mushrik (nang-iidolo) at ito ay itinatag noong Enero, 630AD.

Pagkaraan ng walong araw, ang mga kawal na Muslim ay tumigil, at nanatili sa Marr Az-Zahran, isang araw ng paglalakbay mula sa Makkah. Sa araw ng kanilang pagdating, si Abu Sufyan, na kinatawan ng mga Quraish ay hiniling kay Propeta Muhammad (ﷺ) na lisanin ang kanyang layunin, ipinakilala ang sarili at humingi ng pakikipagtalakayan. Kinaumagahan, ito ay ipinagkaloob. **"Ang oras ba ay hindi pa dumarating, O Abu Sufyan, para inyong tanggapin (at kilalanin) na walang ibang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at**

**ako ay Kanyang Sugo?"** ang tanong ng Propeta (ﷺ). Si Abu Sufyan, pagkaraan ng sandaling pag-alinlangan, ay nagpahayag ng paniniwala at kanyang niyakap ang Islam. Pagkaraan, siya ay ipinadalang pabalik upang ihanda ang lungsod para sa pagdating ng Propeta (ﷺ).

Maliban sa bahagyang pagtutol ng ilang pangkat na pinamumunuan nina Ikrima at Safwan, na kung saan maraming Muslim ang pinatay, ang Propeta (ﷺ) ay pumasok sa Makkah nang halos walang tumutol. Ang Makkah na dati ay naging malupit sa kanya, at nagtaboy sa kanya at sa kanyang mga matatapat na kasamahan ay nasa ilalim ng kanyang kapangyarihan sa ngayon. Ang mga dating umusig sa kanya ay ganap nang nasa kanyang paa. Ang Propeta (ﷺ) ay pumasok sa Makkah sakay ng kanyang kinalulugdang kamelyo, ang Kaswa, sa likod nito ay nakaupo si Usama bin Zaid. Sa kanilang daraanan, binigkas niya ang Surah Al-Fath (Ang Tagumpay), ang mga unang talata nito:

**{Katotohanan, Aming ipinagkaloob ang tagumpay sa iyo (O Muhammad ﷺ) - isang malinaw na tagumpay.[1] Upang patawarin ng Allah para sa iyo ang anumang nakaraan mong mga kasalanan (o pagkakamali) at ang anumang susunod, at (upang) Kanyang lubusin ang Kanyang pagpapala sa iyo at ikaw ay patnubayan sa matuwid na landas. At (upang) ikaw ay tulungan ng Allah ng isang makapangyarihang tulong (o tagumpay)}. Qur'an (48:1-3)**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nag-utos na wasakin ang mga idolo (mga rebulto, estatwa at imahen).

Ang mga kawal (mandirigmang) Muslim ay pumasok sa lungsod nang mapayapa at walang pagkukunwari. Walang sinumang lalaki o babae ang nilait, inalipusta at hinamak. Walang pamamahay ang ninakawan o nilooban. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay naggawad ng pangkalahatang pagpapatawad at pagpapaumanhin sa buong mamamayan ng Makkah. Apat lamang na uri ng krimen, na kung saan ang katarungan ang ipinag-utos. Nguni't, ipinag-utos niya ang pagwasak para sa lahat ng mga idolo at mga paganong larawang inaalayan ng pagsamba. At itinapon

1 Si Imam Ahmad ay nagtala mula kay Abdullah bin Mughaffal na nagsabi na binigkas ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang Surah na ito sa Araw ng Pananakop ng Makkah. Si Abdullah bin Mas`úod at ibang kasamahan ay nagsabi: "Itinuturing ninyo ang pananakop sa Makkah ang siyang Al-Fath (Tagumpay), samantalang kami ang tagumpay ay ang (Pangako ng Katapatan) sa Hudaibiyah."

ang mahigit na tatlong daan at animnapung paganong diyus-diyusan, mga imahen, mga larawan at mga rebulto na nasa sagradong bahay-dalanginan (Ka'bah). Sinira ng Propeta (ﷺ) ang isang estatwa ng kalapati na yari sa kahoy na nakabitin mula sa atip at ito ay itinuring bilang isang diyos ng mga Quraish. Sa sandali ng pagbagsak ng mga larawan o imahen at mga bagay na iniidolo, ang sigawang:

**"Allaahu akbar, dhaharal Haqqu wa zahaqal Batil, innal Batila kaana zahuqa (ang Allah ay Dakila, tunay ngang ang katotohanan ay dumating na at ang kabulaanan ay naglaho, at katotohanang ang kabulaanan ay hindi nagtatagal)."** ay umalingawngaw at nangibabaw sa buong kapaligiran ng Ka'bah.

Ang mga matatandang Mushrik (nang-iidolo) na naroroon ay nakasulyap lamang habang binubuwag ang kanilang mga diyos, na hayagang walang kapangyarihan. Pagkaraang sirain ang mga paganong idolo at buwagin ang bawa't paganong ritwal, siya ay nagbigay ng Khutbah (talumpati) sa mga taong nakatipon. Tinalakay niya ang likas na pagkakapatiran ng sangkatauhan batay sa ipinahayag na mga salita ng Banal na Qur'an:

**{O sangkatauhan, katotohanang kayo ay Aming nilikha mula sa lalaki at babae, at kayo ay Aming ginawang mga pamayanan at mga tribu, upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa (paningin ng) Allah ay ang may (taglay na) ibayong takot (sa Kanya). Katotohanan, ang Allah ay Maalam, Lubos na Nakababatid}. Qur'an (49:13)**

Isinalaysay ng ama ni Hisham**: "Nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtungo sa Makkah sa taon ng pananakop (ng Makkah) at ang balitang ito ay nakarating (sa mga di-naniniwala ng Quraish), sina Abu Sufyan, Hakim bin Hizam at Budail bin Waraqa ay lumabas upang mangalap ng balita tungkol sa Sugo ng Allah (ﷺ). Sila ay humayo sa kanilang paglalakad hanggang sila ay makarating sa isang pook na kung tawagin ay Marr az-Zahran (ito ay karatig pook ng Makkah). Pagmasdan! Doon ay nakita nila ang maraming apoy na tila mga apoy ng Arafah."**

Si Budail bin Waraqa ay nagsabi: **"Ang Banu Amr ay kakaunti ang**

**bilang kaysa riyan."** Sila ay nakita ng ilan sa mga bantay ng Sugo ng Allah (ﷺ) at sila ay dinakip at dinala sa Sugo ng Allah (ﷺ). Si Abu Sufyan ay yumakap sa Islam. Nang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtuloy, siya ay nagsabi kay Al-Abbas: **"Hayaan mong manatiling nakatayo si Abu Sufyan sa itaas ng bundok (sa pook na iyon) upang makita niya ang mga Muslim."**

Kaya, hinayaan ni Al-Abbas si Abu Sufyan na manatiling nakatayo (sa pook na iyon) at ang mga tribung kasama ng Propeta (ﷺ) ay nagsimulang magdaan nang pangkat-pangkat sa harap ni Abu Sufyan. Ang isang pangkat ay nagdaan sa harap ni Abu Sufyan at siya ay nagsabi: **"O Abbas sino ang mga ito?"** Si Abbas ay nagsabi: **" Sila ang (tribu ng) Banu Ghaffar."** Si Abu Sufyan ay sumagot: **"Wala akong kinalaman sa tribung Banu Ghaffar."**

Pagkaraan ang pangkat ng tribu ng Juhaina ay dumaan at siya ay nagsabi rin nang gayon sa itaas. Pagkaraan ang pangkat ng tribu ng Saad bin Huzaim ay dumaan at siya ay nagsabi rin nang gayon. Pagkaraan, dumating ang isang pangkat na hindi pa nakita ni Abu Sufyan. Siya ay nagsabi: **"Sino ang mga ito?"** Si Abbas ay nagsabi: **"Sila ang mga Ansar na pinamumunuan ni Saad bin Ubada, siya yung isang nagtatangan ng watawat."** Si Saad bin Ubada ay nagsabi: **"O Abu Sufyan! Ngayon ang araw ng dakilang labanan at ngayon (anuman ang ipinagbawal sa) Ka'bah ay pinahihintulutan."** Si Abu Sufyan ay nagsabi, **"O Abbas! Sadyang napakaganda ng araw ng pagsira (ng mga idolo)!"** Pagkaraan, dumating ang isa pang pangkat ng mandirigma na siyang pinakamaliit na bilang sa lahat ng mga pangkat, at doon ay naroroon ang Sugo ng Allah (ﷺ) at ang kanyang mga kasamahan, at ang watawat ng Propeta (ﷺ) ay dala-dala ni Az-Zubair bin Al-Awwam. Nang dumaan ang Sugo ng Allah (ﷺ) kay Abu Sufyan, nagsumbong ang huli at siya ay nagsabi sa Propeta (ﷺ): **"Alam mo ba kung ano ang sinabi ni Saad bin Ubada?"** Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Ano ang kanyang sinabi?"** Si Abu Sufyan ay nagsabi: **"Sinabi niya ang ganito at ganun."** Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: **"Si Saad ay nagsabi ng isang kasinungalingan, nguni't ngayon ang Allah ay magbibigay ng pagdakila sa Ka'bah at ngayon ang Ka'bah ay babalutan ng telang takip".** Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nag-utos na ang kanyang watawat ay idikit sa Al-Hajun (isa sa mga bundok ng Makkah).

Isinalaysay ni Urwa: si Nafi’ bin Jubair bin Mut`im ay nagsabi: **“Narinig ko si Al-Abbas na nagsabi kay Az-Zubair bin Al-Awwam, O Abu Abdullah! Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ba ay nag-utos sa iyo na ikabit ang watawat dito?” Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nag-utos kay Khalid bin Al-Walid na pumasok mula sa itaas na bahagi mula sa Kadaa habang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay pumasok mula sa Kadaa. Dalawang lalaki mula sa hukbong mandirigma ni Khalid bin Al-Walid na nagngangalang Hubaish bin Al-Ashar at Kurz bin Jabir Al-Fihri ang napatay sa araw na iyon.”** [Sahih Al-Bukhari].

Ngayon, maraming bilang ng mga tao ang dumating upang yumakap sa Islam at kumuha ng katapatan ng panunumpa sa Sugo ng Allah (ﷺ). Para sa layuning ito, isang pagtitipon ang idinaos sa bundok ng As-Safa. Si Umar, bilang kinatawan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay siyang nangasiwa para sa panunumpa na kung saan ang mga tao ay tapat na nangako sa kanilang mga sarili na hindi sasamba maliban sa Allah, na sila ay susunod sa Sugo ng Allah (ﷺ), na sila ay iiwas mula sa gawaing pagnanakaw, pangangalunya, pagpatay sa mga anak, pagsisinungaling at paninirang-puri. Kaya, ang pahayag ng Qur’an tungkol sa pangyayaring ito ay tunay na natupad at naganap nang ayon sa pagkakapahayag sa Surah Al-Fath (Kabanata: 48).

Sa panahon ng kanyang pamamalagi sa Makkah, ipinadala ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang mga pangunahing kasamahan sa bawa’t pook upang ipangaral ang Islam sa mga tribung naninirahan sa mga ilang disyerto at kagubatan at sila ay inanyayahan tungo sa tunay na relihiyon ng Allah. Nagpadala rin siya ng maliliit na pangkat ng mga kawal sa mga labas ng bayan upang wasakin ang mga templo ng mga diyus-diyusang tulad nina Uzza, Suwaa, at Manat, ang tatlong bantog na idolo sa mga templo ng mga magkakalapit na tribu. Ang Propeta (ﷺ) ay nagbigay ng mahigpit na tagubilin na ang mga paglalakad (na may layong ipamahagi ang Islam) na ito ay nararapat na isagawa sa mapayapang paraan. Ang mga tagubiling ito ay sinunod sa lahat ng pagkakataon maliban sa isang pagkakataon. Ang pangkat ay nasa pangunguna ni Khalid bin Al-Walid, isang mapusok na bagong yakap sa Islam, na pinatay ang ilan sa mamamayan ng Bani Jazima. Nang ang balita ng pagdanak na dugo ay umabot sa kaalaman ng Propeta (ﷺ),

siya ay lubhang nalungkot at sinabing: **"O aking Panginoon, ako ay walang kamalayan sa anumang ginawa ni Khalid."** Nagpadala siya ng malaking bilang ng salapi para sa mga nabiyuda at mga naulila ng mga napatay at mahigpit na pinagalitan si Khalid.

Sa mga pagkakataong ito ang mga tribu ng Hawazin at Thakif ay nagpakita ng katabangan ng loob na magbigay ng pagsunod sa mga Muslim nang walang pagtutol. Sila ay bumuo ng isang samahan na ang layunin ay salakayin ang Propeta (ﷺ), nguni't maingat na nahadlangan ang kanilang balakin. Isang malaking labanan ang naganap laban sa bagong kaaway na ito sa Hunain, isang malalim na lambak siyam na milya mula sa hilagang silangan ng Makkah. Ang mga Mushrik (nang-iidolo) ay ganap na natalo. Isang pangkat ng mga kaaway na kinabibilangan ng tribung Thakif ay nagtungo sa bayan ng Taif bilang kanilang kanlungan. Ito ang bayan na kung saan, walo o siyam na taon na ang nakararaan nang ang Propeta (ﷺ) ay itinaboy mula rito at siya ay dumanas ng mga pananakit at pang-aalipusta. Ang mga natitira sa mga natalong pangkat, na kinabibilangan ng tribung Hawazin, ay nakakita ng isang kampo sa lambak ng Autas. Ang kampo ay sinalakay ng mga pangkat ng mga Muslim. Ang mga pamilya ng Hawazin, ang kanilang mga hayupan at mga pastol kasama ng kanilang mga kagamitan ay nadakip ng mga pangkat ng Sugo ng Allah (ﷺ). Ang Taif, pagkaraan noon ay sinakop ng ilang araw lamang, pagkatapos ay inihudyat ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang pananalakay upang ang mga mamamayan ng Taif ay sapilitang tumalima o sumunod nang walang kasasangkutang pagdanak ng dugo. Sa pagbabalik ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang himpilan na kung saan ang mga bihag na pangkat ng Hawazin ay iniwanang ligtas, natagpuan niya ang isang kinatawan mula sa marahas na tribung ito upang makiusap sa kanya na palayain ang kanilang mga pamilya. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi na handa niyang ipaubaya ang kanyang sariling bahagi para sa mga bihag at maging ang bahagi ng mga bihag na nauukol sa mga anak ni Abdul Muttalib, nguni't hindi niya magagawang pilitin ang kanyang mga tagasunod na talikdan ang bunga (o biyaya) ng kanilang tagumpay. Ang mga Muslim ay sumunod sa magandang halimbawa ng kanilang Propeta (ﷺ). Bunga nito, ang mga puso ng maraming kasapi ng tribung Thakif ay lubhang humanga sa kabutihang-asal na ipinakita rito kaya naman sila ay nagkusang magbigay ng katapatan at pagkaraan ay yumakap sa Islam bilang masisigasig

na Muslim. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbalik sa Madinah nang ganap na nasisiyahan sa natamong tagumpay ng kanyang pagpapalaganap ng Islam. Ang ika-9th na taon ng Hijrah ay kilala sa tawag na Taon ng mga Delegasyon (o Kinatawan), sapagka't ito ang taon na kung saan ang iba't ibang tribu ay sumunod sa panawagan ng Propeta (ﷺ) para sa aral ng Islam at nagpadala ng mga kinatawan upang magbigay ng pagkilala o paggalang sa kanya. Ang mga tribung ito ay naghintay sa usaping nauukol sa labanan sa pagitan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ng tribung Quraish; nguni't hindi naglaon, ang Quraish, bilang ugat ng buong pamayanan at pinagmulang lahi ni Propeta Ismail ay hindi nagtangka ng anumang pagtatalo - sila ay tumalima, sapagka't sila ay nasisiyahan at wala sa kanilang kapangyarihan ang sumalangsang sa Propeta (ﷺ). Sa gayon, ang kanilang pamayanan ay nagtungo sa Madinah upang tanggapin ang kanilang pagyakap sa Islam. Ang pananakop sa Makkah ang nagbigay ng pasiya sa naging kinahinatnan ng idolatriya sa buong Arabia. Sanhi nito, ang mga kinatawan ng iba't ibang tribu ay nagsimulang dumating mula sa lahat ng panig ng Arabia upang magbigay ng pagtalima at panunumpa sa Islam. Sa mga natitira, limang prinsipe ng Tribu ng Himyar ang yumakap sa Islam at nagpadala ng kinatawan upang ipabatid sa Sugo ng Allah (ﷺ) ang gayong nakakatulad na mensahe. Ito ay ang mga prinsipe ng Yemen, Mahra, Oman at Yamama.

Ang mga Mushrik (nang-iidolo) ng Taif, yaong mga taong nagtaboy sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa gitna na kanilang karahasan at poot, ay nagpadala ngayon ng isang kinatawan upang humingi ng kapatawaran at kanilang hiniling na sila ay ibilang sa kanyang mga tagasunod. Sila ay nagsumamo, bagaman ito ay bilang pansamantalang pananatili ng kanilang mga iniidolo. Sa huling pakiusap, sila ay humiling para sa isang buwang palugit lamang. Nguni't ito ay hindi rin tinanggap. **Ang Propeta (Muhammad ﷺ) ay nagsabi: "Na ang Islam at ang mga idolo ay hindi maaaring magsama."** Kaya, sila ay nakiusap para sila ay maging malaya sa pagsasagawa ng pang-araw araw na pagdarasal. Ang Propeta (ﷺ) ay tumugon na kung walang pagsamba, ang relihiyon ay walang kabuluhan. Sa huli, sila ay tumalima sa lahat ng kinakailangan sa kanila. Sila ay nakiusap na sila ay malaya mula sa pagsira ng mga idolo sa pamamagitan ng kanilang sariling mga kamay. Pinili ng Propeta (ﷺ) sina Abu Sufyan at Al-Mughira upang pangasiwaan ang pagwasak ng mga idolo ng Taif na ang pangunahing idolo rito ay

ang rebulto na kung tawagin ay al-Lat. Ang pagwasak ay ipinatupad sa gitna na mga nag-iiyakan at nalulungkot na mga kababaihan ng Taif. Ang pagyakap ng tribu ng Taif ay kapansin-pansin. Gayunpaman, ang tribung ito ay nagpakita ng pagiging marahas sa relihiyong Islam, sapagka't sila ay dating bantog mula sa mga paring Arabo na mapagsamba sa mga idolo. Ang isang maliit na himpilan sa ilalim ng pamumuno ni Ali ay ipinadala upang sila ay lubusang sumunod at wasakin ang kanilang mga sinasambang idolo. Ang prinsipe ng tribung ito ay si Adi, ang anak na lalaki ng isang kilala o bantog na si Hatim, na ang taglay nitong pagiging mapagbigay ay usap-usapan sa buong Arabia. Sa pagdating ng lakas-puwersa ng Muslim, si Adi ay tumakas patungong Syria, iniwan ang kanyang kapatid na babae kasama ng iba pa nilang mga kamag-anakan at sila ay nadakip sa kamay ng mga Muslim. Ito ay isinagawa sa pamumuno ni Ali nang may paggalang at pagmamalasakit sa Madinah. Nang ang kapatid na babae ni Adi ay lumapit sa harapan ng Propeta (ﷺ), nagsalita siya at sinabing: **"O Sugo ng Allah! Ang aking ama ay namatay; ang aking kapatid na lalaki, na siyang nalalabi kong kapatid ay tumakas patungong bundok. Hindi ko magagawang ipagpalit ang aking sarili bilang kabayaran; ako ay umaasa sa iyong kagandahang-loob para sa aking kaligtasan. Ang aking ama ay kagalang-galang, ang prinsipe ng kanilang tribu, siya ay lalaking tumutubos ng mga bihag, pinangangalagaan niya ang dangal ng mga babae, pinakakain ang mga mahihirap, at kinukupkop ang mga kapus-palad at hindi siya bingi sa mga nagsusumamo."**

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Ang iyong ama ay mayroong mga katangian ng pagiging tunay na Muslim; kung pinahihintulot lamang na humiling sa Allah ng habag para sa sinumang namatay sa kalagayan ng isang Mushrik (nag-iidolo), ipananalangin ko para sa habag ng Allah ang kaluluwa ni Hatim."**

Pagkaraan, siya [ang Sugo (ﷺ)] ay nagsalita sa harap ng mga Muslim na nakapaligid sa kanya: **"Ang anak na babae ni Hatim ay malaya, ang kanyang ama ay isang mapagbigay at makatao; kinalulugdan ng Allah at ginagantimpalaan ang isang mahabagin."** Dahil sa anak na babae ni Hatim, ang lahat ng kanyang mga mamamayan ay binigyang-laya. Siya ay nagtuloy patungong Syria at isinalaysay nito sa kanyang kapatid na lalaki ang kabaitan ng Sugo ng Allah (ﷺ). Si Adi,

ay nakadama ng pasasalamat, nagmadaling nagtungo sa Madinah na kung saan siya ay tinanggap ng Sugo ng Allah (ﷺ). Siya ay yumakap sa Islam at nagbalik sa kanyang mga mamamayan at inanyayahan silang talikdan ang idolatriya. Silang lahat ay tumalima at naging mga matatapat na Muslim.

Sa panahong ito, walang pagbabawal ang ipinataw laban sa mga Mushrik (nang-iidolo) na pumapasok sa sagradong bahay-dalanginan (ang Ka'bah) o ang pagsasagawa ng kanilang mga kasuklam-suklam na mga ritwal sa paligid ng sagradong pook. Sa mga huling araw ng ika-9th na taon ng Hijrah sa buwan ng Hajj, si Ali ay ipinadala ng Propeta (ﷺ) upang basahin ang pahayag na ganito: **"Walang Mushrik (nang-iidolo) ang maaaring magsagawa ng pilgrimahe pagkaraan ng taong ito; walang sinuman ang maaaring mag-ikot sa palibot ng Ka'bah nang nakahubo't hubad (iyan ang kasuklam-suklam na kaugalian ng mga paganong arabo sa panahong iyon). At ang kasunduan sa Propeta (ﷺ) ay dapat ipatupad, nguni't ang apat na buwan ay ipinahihintulot sa bawa't tao na magbalik sa kanyang sariling tinitirahan; pagkaraan niyan wala nang pananagutan sa panig ng Propeta (ﷺ), maliban sa mga iba na ang kasunduan ay pinagtibay."**

Ang mga nakararaming nakinig sa binanggit na alituntunin sa itaas ay nagsibalik sa kanilang mga pamamahay, at bago matapos ang kasunod na taon, ang nakararami sa kanila ay mga Muslim. Sa ika-10 taon ng Hijrah, tulad ng naunang taon, maraming bilang ng pangkat ang nagtungo sa Madinah mula sa lahat ng bahaging sulok ng Arabia upang sumaksi (o magpahayag) ng katapatan sa kanilang mga pinuno at kanilang mga tribu. Ang mga tagapagturo ay ipinadala ng Propeta (ﷺ) sa iba't ibang lalawigan upang magturo sa mga bagong yakap na Muslim ng mga prinsipiyo at konsepto ng Islam. Ang mga tagapagturong ito ay binigyan ng walang pagbabagong alituntunin kapag sila ay magsisipaglakbay patungo sa kanilang layunin: **"Makipag-ugnayan nang mahinahon sa mga tao, at huwag maging marahas, at maging magiliw sa kanila, at huwag silang laitin o hamakin. Inyong matatagpuan ang maraming naniniwala sa mga banal na kasulatan, na magtatanong sa inyo: Ano ang susi patungong Paraiso? Sila ay inyong sagutin na (ang susi ng Paraiso)**

**ay ang pagsaksi sa banal na katotohanan Laa ilaaha illallah (Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) at paggawa ng kabutihan."**

Magkagayon, ang layunin ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay naipatupad, ang buong pagpapalaganap ay nakamit nang lubusan sa kanyang buhay. Ang idolatriya ay ganap na naglaho. Ang mga taong nahulog sa pamahiin, pagmamalupit, at masasamang asal sa mga iba't ibang pook na kung saan ang espiritwal na pamumuhay ay hindi nakilala, ay nabigkis batay sa pananampalatayang Islam nang may magandang pag-asa, at kawanggawa. Ang mga tribung dati ay nakasadlak sa walang katapusang hidwaan at labanan ay nagkaisa at nagsama-sama sa diwa ng pagkakapatiran, pagmamahal, at pagmamalasakit. **Kaya, ang kanilang mga mithiin ay hindi lamang nakatuon sa makamundong gawain, bagkus sila ay nagkaroon ng magandang pananaw hinggil sa kabilang buhay - isang buhay na higit na wagas, matayog at banal - sila ay nanghihikayat para sa mga gawaing kawanggawa, kabutihan, katarungan at pangkalahatang pagmamahal. Ngayon, sila ay nakakaramdam na ang Allah ay hindi Isang Diyos na kanilang ginagawan ng hugis mula sa bato o kahoy, bagkus Siya ang Allah na hindi nakikita at Siya ay Diyos na Makapangyarihan, Mapagmahal, Mahabaging Tagapaglikha ng buong santinakpan.**

# Ang Huling Khutbah (Talumpati) ni Propeta Muhammad (ﷺ), sa Bundok ng Arafah

Sa kanyang pagbabalik sa sagradong buwan ng Hajj, ang Sugo ng Allah (ﷺ), sa ilalim ng kutob ng loob ng kanyang papalapit na pagyao, ay naging masigasig upang makapagsagawa ng Hajj sa Makkah bilang Pamamaalam. Noong Pebrero taong 632, siya ay lumisan ng Madinah kasama ng maraming bilang ng mga Muslim. Ito ay naitala na ang bilang ng mga Muslim ay mula sa 90,000 hanggang 140,000 na sumabay sa Sugo ng Allah (ﷺ). Bago lubusang gampanan ang kabuuang ritwal ng Hajj, siya ay nagbigay ng pananalita sa mga nakatipong tao mula sa itaas ng bundok ng Arafah, ayon sa sumusunod na nilalamang mga salita:

**"O aking mamamayan! Makinig kayo sa anumang aking sasabihin sa inyo, sapagka't hindi ko nalalaman kung kayo ay aking makakatagpo pang muli sa pook na ito pagkaraan ng kasalukuyang taong ito. Ipinagbabawal para sa inyo na magpadanak ng dugo ng inyong kapwa o kamkamin (nang di-makatarungan) ang yaman ng iba sa inyo. Ito ay mga ipinagbabawal tulad ng pagdanak ng dugo sa gayong araw tulad din sa araw na ito at sa gayong buwang tulad nitong bawal na buwan at sa gayong ding sagradong lungsod tulad ng sagradong lungsod (ng Makkah at ng mga karatig nito)."**

**"Alalahanin! Lahat ng uri ng gawaing paganismo at kamangmangan ay nasa ilalim ng aking mga paa sa ngayon. Ang dugong paghihiganti ng araw ng Jahiliyah (Kamangmangan) ay sinugpo. Ang unang paghiling sa dugo ay yaong kay Ibn Rabi`ah bin Harith na pinangalagaan sa tribu ng Saad na kung saan si Hudail ay pinaslang. Ang Riba (patubuan) ay ipinagbabawal, at pasisimulan ko ito sa pamamagitan ng pagpapawalang-saysay sa halaga ng tubo na tatanggapin ni Abbas bin Abdul Muttalib. Katotohanan, ito ay ganap na ipinawalang-saysay."**

**"O (aking) mamamayan, inyong katakutan ang Allah hinggil sa (inyong pakikitungo sa) mga kababaihan. Katotohanan, kayo ay kumuha mula sa kanila ng isang pangangalaga ng Allah at ginawang pinahihintulutan ang kanilang sarili para sa inyo sa pamamagitan ng Salita ng Allah. Nararapat para sa kanila na inyong igalang (o kilalanin) ang kanilang mga karapatan (bilang asawa), at huwag kayong gumawa ng mga gawaing di-kaaya-aya na kung ito ay kanilang gagawin, kayo ay may karapatang sila ay inyong parusahan, nguni't hindi nararapat na ito ay humantong sa kalabisan. Kung ang inyong mga asawa ay umiiwas mula sa di-kaaya-ayang gawain at sila ay sadyang matatapat sa inyo, sila ay inyong bihisan at pakainin nang maayos (nang ayon sa inyong mga kakayahan)."**

**"Katotohanan, aking iniwan sa inyo ang Aklat ng Allah (Qur'an) at ang Sunnah ng Kanyang Sugo (ﷺ), na kung ito ay inyong mahigpit (at maingat) na panghawakan (at panindigan) kayo ay hindi kailanman maliligaw."**

**"O (aking) mamamayan, wala nang darating pang Propeta pagkaraan ko, at kayo ay hindi rin naman susundan pa ng isang pamayanang (magsisilbing bilang halimbawa). Kaya aking itinatagubilin sa inyo na sambahin ang inyong Panginoon, magsagawa ng limang ulit na pagdarasal, mag-ayuno sa buwan ng Ramadhan at magbigay ng Zakah mula sa inyong mga yaman nang kusang-loob. Aking itinatagubilin sa inyo na magsagawa ng Hajj (pagdalaw sa sagradong bahay-dalanginan ng inyong Panginoon), at kayo ay sumunod sa sinumang namumuno sa inyo, upang sa gayon kayo ay gantimpalaang makapasok sa Paraiso ng inyong Panginoon."**

**"At kung sila ay magtanong hinggil sa akin, ano ba ang inyong itutugon?"**

**Sila ay sumagot: "Kami ay sumasaksi (at nagpapahayag) na iyong (lubusang) naihatid ang mensahe (ng Islam) at nagawa mong tuparin ang iyong (tungkulin sa) pagpapalaganap (ng relihiyong Islam)."**

Kaya, kanyang itinaas ang kanyang hintuturo sa dakong langit at pagkaraan ay dahan-dahang iginalaw sa dakong harapan ng mga tao habang nagsasabing:

**"O Allah, (Ikaw) ay saksi." Sinabi niya ito nang tatlong ulit.** Ang pananalita ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay inulit nang malakas ni Rabi`ah bin Umaiyah bin Khalaf. Pagkaraan maiparating ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang mensahe, ang sumusunod na kapahayagan ng Qur'an ay dumating sa kanya:

**{Sa Araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, ginawang lubos ang Aking pagpapala sa inyo at ikinalugod (na pinili) para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon}. Qur'an (5:3)**

Nang ito ay marinig ni Umar, siya ay umiyak. Siya ay tinanong, **"Bakit ka umiyak?"** Ang kanyang tugon ay: **"Walang kasunod ang kaganapan kundi kagahulan (o kakulangan)."**

Pagkaraan ng pananalita, si Bilal ay tumawag ng Adhan para sa pagdarasal, at ilang sandali ay muling nanawagan (para sa Iqamah). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsagawa ng Salat Adh-Dhuhr at Salat

Al-Asr nang magkahiwalay, at walang anumang pagdarasal sa pagitan ng dalawang ito. Pagkaraan, siya ay sumakay sa kanyang kamelyong Al-Qaswa, nagtungo sa pook na kanilang hihimpilan, at pagkaraan ay ibinaling ang kanyang mukha sa dakong Qiblah, at siya ay nanatiling nakatayo hanggang sa paglubog ng araw (ito ay sa sandaling) ang paninilaw na kulay ng himpapawid ay naglaho nang kaunti at ang pisngi ng araw ay nawala. Si Usamah ay nagdagdag na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtungo sa dakong Muzdalifah na kung saan ay kanyang isinagawa ang Salatul Maghrib at Isha nang may isang Adhan at dalawang Iqamah. Hindi siya bumanggit (o umusal) ng anumang papuri sa Allah sa pagitan ng dalawang pagdarasal;. Pagkaraan, siya ay humiga hanggang sa oras ng Salat Al-Fajr. Ito ay kanyang isinagawa nang may isang Adhan at isang Iqamah nang halos magbubukang-liwayway na. Pagkaraan sumakay sa kanyang kamelyong (Al-Qaswa), siya ay lumakad patungong Al-Mash`ar Al-Haram. Siya ay humarap sa dakong Qiblah at nagsimulang manalangin: **"Allaahu Akbar. Laa ilaaha illallah."** Siya ay nanatili roon hanggang maging lumaganap nang maliwanag ang umaga at bago tumaas ang sinag ng araw, siya ay naglakbay patungong Mina. Siya ay lumakad nang kaunti at binagtas niya ang gitnang daraanan patungo sa malaking Jamrah na kung saan siya ay tumigil at bumato rito nang tatlong maliliit na bato kasabay ng pagsasabing **"Allaahu Akbar"** sa bawa't pagbato. Ito ay katulad ng mga maliliit na bato na inihahagis mula sa ilalim ng lambak. Pagkaraan siya ay humayong nagtungo sa pook ng pagkatay na kung saan siya ay nagkatay ng animnapu't tatlong kamelyo, at inutusan si Ali na katayin ang mga iba, na ang kabuuan ay umabot sa bilang na isang daan at tatlumpu't pito. Binahagian niya si Ali sa kanyang sariling Hadi. Isang pirasong laman ng bawa't kinatay ay inihabiling lutuin sa isang palayok at mula rito ay nagsikain ang mga kalalakihan, at humigop ng sabaw.

Pagkaraan, muling sumakay ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang kamelyo at nagbalik sa bahay-dalanginan (Ka'bah) na kung siya ay nagsagawa ng Salat Adh-Dhuhr sa Makkah, at doon ay kanyang dinatnan ang mga anak ni Abdul Muttalib na namamahagi ng inumin ng Zamzam sa mga tao**. "Magsipagsalok kayo ng tubig, O mga anak ni Abdul Muttalib. At kung hindi ko lamang pinangangambahan na ang mga tao ay**

**kumuha ng karapatang ito pagkaraan ko, ako ay maaari ring makisalok nang kasama ninyo.”** Kanilang iniabot ang isang lalagyan ng tubig at siya ay uminon sa kanyang sisidlan.

Sa buong maghapon ng ikasampu ng Dhul Hijjah sa araw ng Pagkatay (Yawm An-Nahr), ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng isang pananalita. Ito ay naganap sa oras na ang araw ay nasa kasikatan habang siya ay nakasakay sa isang kulay abong asno. Ipinarating ni Ali ang kanyang salita sa mga taong nakatayo o nakaupo. Inulit niya ang ilan sa mga (mahahalagang) salita na kanyang nauna (o dati na niyang) sinabi noon. Ang dalawang Shaikh (na sina Al-Bukhari at Muslim) ay nagtala ng isang paliwanag na isinalaysay ni Abu Bakrah na nagsabing: [Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng isang pananalita sa Araw ng Pagkatay (Yawm An-Nahr) at kanyang sinabi: **“Ang panahon ay sumulong tulad sa anyo at kalagayan noong panahon na nilikha ng Allah ang mga kalangitan at ng kalupaan. Ang isang taon ay (binubuo ng) labing dalawang buwan, ang apat nito ay Hurum (sagrado). Tatlong magkakasunod. Ito ay ang mga buwan ng Dhul Qaidah, Dhul Hijjah, at Muharram. Ang ikaapat na buwan ay ang Rajab Mudar, na dumarating sa pagitan ng Jumada at Sha`ban.”**

**Siya (si Muhammad ﷺ) ay nagtanong. “Anong buwan ito?” Kami ay nagsabing: “Ang Allah at ang Kanyang Sugo (ﷺ) ang higit na nakaaalam sa lahat.” Siya ay nanatiling tahimik nang ilang sandali hanggang aming inakala na maaaring siya ay magbigay dito na naiibang pagpangalan. “Hindi ba ito ang Dhul Hijjah?” Wari bang siya ay nagtataka. Kami ay nagsabing: “Oo, ito nga”. Pagkaraan, siya ay nagtanong: “Ano ang tawag sa bayang ito?” Kami ay nagsabing: “Ang Allah at ang Kanyang Sugo (ﷺ) ang higit na nakaaalam sa lahat.” Siya ay tahimik nang ilang sandali habang aming inakala na maaaring siya ay magbigay dito ng naiibang pagpangalan. Siya ay nagtanong: “Hindi ba ito ang Al-Balad (o ang Bayan)?”. Kami ay tumugon: “Oo, ito nga”. Pagkaraan, siya ay muling nagtanong: “Anong araw ngayon?”. Kami ay tumugon: “Ang Allah at ang Kanyang Sugo (ﷺ) ang higit na nakaaalam ng lahat.” Pagkaraan,**

**siya ay nanatiling tahimik nang ilang sandali at siya ay wari bang nagtataka: “Hindi ba ito ang araw ng An-Nahr (araw ng pagkatay)?”. Kami ay tumugon: “Oo, ito nga.” Pagkaraan siya ay nagsabi: “Ang (pagdanak ng) dugo ng isa’t isa at ang paglamon (o pagkamkam) sa kabuhayan ng iba (nang walang pahintulot) at ang inyong dangal ay sagradong lahat. Ipinagbabawal na labagin ang kabanalan nito. Kaya, ang mga ito ay nararapat na sagrado sa isa’t isa tulad ng sagradong araw na ito, sa sagradong buwan na ito sa sagradong bayang ito. Kayo ay magsisibalik pagkaraan ng inyong pagkabuhay na muli (pagkaraan ng kamatayan) sa inyong Panginoon. Doon, kayo ay papananagutin para sa inyong mga gawa. Kaya huwag kayong maging mga mamamayan na napaligaw at nagpapatayan sa isa’t isa.” Siya ay nagsabi: “Hindi ko ba naihatid ang mensahe (ng aking Panginoon)?” Sila ay nagsabing: “Oo, ito ay naihatid (at naipalaganap) mo (nang lubusan)”. Siya ay nagsabi: “O Allah! (Ikaw ang) saksi. Hayaang ang sinumang naririto na iparating sa sinumang wala rito (sa oras na ito). Upang sakali, ang karamihan sa mga tao na ang mensahe ay naihatid ay higit na maging maingat dito kaysa sa mga tagapakinig nito.”**

Sa ibang salaysay, sinabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa naturang pananalita na:

**“Sinuman ang nahulog sa kapahamakan ay katiyakang manlulumo para sa kanyang sarili. Kaya, sinuman sa inyo ay huwag maghasik ng kasamaan sa kanyang mga magulang. Katotohanan, ang Satanas ay hayagang nawalan ng pag-asa na siya ay sambahin sa bansa ninyong ito; nguni’t siya (si Satanas) ay inyong susundin (sa pamamagitan ng) inyong mga maliliit na gawain na inyong (itinuturing na) walang halaga. Ang Satanas ay nasisiyahan na sa gayong mga bagay.”**

Ginugol ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang mga araw ng **Tashriq** ($11^{th}$, $12^{th}$ at $13^{th}$ ng Dhul Hijjah) sa Mina sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga ritwal na pag-aaral ng Islam, pag-aalaala (pagdarasal at pagdakila) sa Allah, pagsunod sa mga pamamaraan ng patnubay ni Propeta Ibrahim,

paglipol (o paglinis) sa lahat ng bakas at palatandaan ng **Shirk** (pagsamba sa diyus-diyusan). Sa ibang mga araw ng Tashriq, siya ay nagbibigay rin ng mga pananalita (o mga aral at payo)**.** Sa isang pagtatala ni Abu Daud na may mabuting kinalaman kay Sarra', ang anak na babae ni Nabhan, siya ay nagsabi: Nagbigay sa amin ng isang talumpati ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa araw na tinaguriang "Yawm Arru-uos (mga pangunahing araw)", siya (si Propeta Muhammad ﷺ) ay nagsabi: **"Hindi ba ito ang kalagitnaang araw ng Tashriq?"**

Ang kanyang pananalita sa araw na iyon ay katulad ng (kanyang pananalita) noong Araw ng An-Nahr. Ito ay ginawa pagkaraan ng kapahayagan ng Surah An-Nasr.

**{Kapag dumating ang tulong ng Allah at ang pananakop (bilang tagumpay),[1] At iyong makikita ang mga tao na nagsisipasok sa relihiyon ng Allah (Islam) nang maramihan, Kaya, luwalhatiin mo ng mga papuri ang iyong Panginoon at hingin mo ang Kanyang kapatawaran. Katotohanan, Siya ay Lagi Nang tumatanggap ng pagsisisi}. Qur'an (110:1-3)**

Sa ikalawang araw ng An-Nafr (o paglisan) - sa ikalabing tatlo ng Dhul Hijjah, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtuloy sa paglisan patungong Mina at nanatili sa isang mataas na gilid ng bundok sa Bani Kinanah mula sa Al-Abtah. Doon ay kanyang ginugol ang mga nalalabing oras sa araw at gabi na iyon - na kung saan siya ay nagsagawa roon ng Salat Adh-Dhuhr, Asr, Maghrib at Isha'. Pagkaraan, siya ay natulog nang ilang sandali at sumakay na lumisan patungong Ka'bah. Siya ay nagsagawa ng Tawaf Al-Wada' (pamamaalam) pagkaraang kanyang pag-utusan ang kanyang mga kasamahan na gawin ang gayong bagay. Sa sandaling maisakatuparan ang mga ritwal, siya ay nagmadaling humayo patungong Madinah. Siya ay nagtungo roon hindi upang mamahinga kundi upang ipagpatuloy ang pakikipaglaban at pagpupunyagi sa landas ng Allah.

1 Ang pananakop sa Makkah.

# Ang Propeta (Muhammad ﷺ) ay Nagbalik sa Madinah

Pagkaraan ng lubos na pagsasagawa ng lahat ng mga ritwal ng Hajj upang ang kanyang halimbawa ay sundin ng lahat ng mga Muslim, ang Propeta (ﷺ) ay nagbalik kasama ng kanyang mga tagasunod. Ang ika-11 taon ng Hijrah, bilang huling taon ng buhay ni Propeta Muhammad (ﷺ) ay kanyang ginugol sa pananatili sa Madinah. Doon ay kanyang itinatag at binuo ang pagsasaayos ng pamayanan sa ilalim ng pagsunod sa batas ng Islam at naging bahagi ng lipunan ng mga Muslim. Itinalaga ang maraming manunungkulan (bilang tagapatnugot at tagapangasiwa) sa loob at labas ng mga lalawigan para sa layunin ng pagtuturo sa kanilang mga mamamayan ng konsepto ng relihiyon, pananatili ng katarungan, at paniningil ng Zakah (kawanggawa). Si Mu`ad bin Jabal ay ipinadala sa Yemen. Sa kanyang paglisan sa malayong pook, ang Propeta (ﷺ) ay nagtagubilin sa kanya na gamitin ang sariling pagpapasiya sa pagkakataong wala siyang matagpuang maliwanag na kasagutan batay sa kapahayagan ng Qur'an. Si Ali ay ipinadala sa Yamama sa timog-silangan ng tangway ng Arabia.

Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi sa kanya: **"Huwag kang magpapasiya sa pagitan ng alinman sa dalawang pangkat na lumapit sa iyo para humingi ng katarungan malibang iyo munang kapwa mapakinggan ang kanilang sariling salaysay."**

**Ang mga Pagpaslang at mga Bulaang Propeta ay Naglitawan.**

Isang lakas ang inihanda sa ilalim ng pamumuno ni Usama bin Zaid, na ang ama ay napatay sa Mu'ta, laban sa mga Byzantine, upang ipataw ang matagal nang nakabinbing paghihiganti sa pagpaslang ng kinatawan sa Syria. Nguni't, ang balita ng pagkakasakit ng Propeta (ﷺ) at ang paghulog ng kalusugan nito ay naging dahilan upang ang paglalakbay (para sa pakikipaglaban) ay nahinto. Ang balitang ito ay agad na naging laganap sa ibang lugar at nagdulot ng kaguluhan sa ilang purok

(pook). Tatlong mapagkunwari ang lumitaw na nag-aangkin bilang mga propeta at nagtangka ng ilang uri ng panghuhuwad upang makuha ang pagsang-ayon ng kanilang mga tribu. Ang pinakamapanganib sa mga mapagkunwaring ito ay kilala sa tawag na Al-Aswad. Siya ang pinuno ng Yemen at isang bihasang salamangkero. Hindi naglaon, siya ay nagtagumpay na nakuha ang paniniwala ng kanyang katribu at sa tulong na ipinagkaloob sa kanya, ang ibang karatig na bayan ay pumailalim sa kanyang pamumuno. Pinatay niya si Shahr, na itinalaga ng Propeta (ﷺ) bilang gobernador ng San`a bilang kapalit ng kanyang amang si Bazan, na namatay pagkaraan lamang ng ilang araw. Si Bazan ay naging pinuno ng Yemen sa ilalim ng pamamahala ni Chosroes ng Persia; pagkaraang yakapin ang Islam siya ay pinahintulutan ng Propeta (ﷺ) na manatili bilang gobernador ng Yemen. Nagawa niyang payakapin sa Islam ang lahat ng mamamayang nasasakupan ng Persia sa lalawigang iyon. Si Al-Aswad, ang bihasa sa mahika ay matagumpay na pinaslang si Shahr, nguni't hindi naglaon, siya ay pinatay ni Fairuz, isang persiyano (mula sa mga mamamayan ng Persia) ng Yemen. Ang kanyang ulo ay pinugot isang araw at isang gabi bago namatay ang Sugo ng Allah (ﷺ). Ang isa pang nalalabing huwad na propeta ay si Musailamah at hindi nahadlangan (o nasugpo) hanggang pagkaraan lamang ng pagyao ng Propeta (ﷺ), sa panahon ng pamumuno ni Abu Bakr bilang Khalifa. Noong nabubuhay pa ang Sugo ng Allah (ﷺ), si Musailamah ay nagpadala kay Propeta Muhammad (ﷺ) ng isang liham na naglalaman ng ganito: **"Mula kay Musailamah, ang Propeta ng Allah, para kay Muhammad (ﷺ) ang Propeta ng Allah. Kapayapaan sa iyo. Ako ang iyong kasama (bilang Propeta). Hayaan nating dalawa na hatiin ang (pangangasiwa sa) pamamahala. Ang kalahati ng kalupaan ay magiging akin, at ang kalahating bahagi ay para sa inyong mga Quraish."**

Sa liham na ito, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: **"Mula kay Muhammad (ﷺ), ang Sugo ng Allah, para kay Musailamah, ang sinungaling. Kapayapaan sa mga sumusunod sa matuwid na landas. Ang kalupaan ay pagmamay-ari ng Allah. Siya ang nagtalaga sa sinumang nais Niyang mamahala. Yaon lamang may takot sa Panginoon ang tunay na magtatagumpay."**

Sa mapananaligang salaysay ni Ibn Mas`uod, siya ay nagsabi: Nang

ang dalawang kinatawan ni Musailamah - sina Ibn An-Nawaha at Ibn Athal - ay lumapit sa Sugo ng Allâh (ﷺ), siya ay nagtanong sa kanila: **"Kayo ba ay sumasaksi na ako ay Sugo ng Allah?" Ang kanilang kasagutan ay: "Kami ay sumasaksi na si Musailamah ay sugo ng Allâh."** -Ako ay naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo ﷺ-, **ang Propeta ay nagsabi, "Kung maisipan ko mang pumatay ng isang kinatawan, kayong dalawa ay aking pinagpapatay."**

Ang pagiging bulaang propeta ni Musailamah ay naganap noong ika-sampung taon ng Hijrah. Nguni't siya ay pinatay sa labanang naganap sa Al-Yamama sa panahon ng pamumuno ni Abu Bakr. Siya ay pinatay ni Wahshi, ang taong pumaslang din kay Hamzah bin Abdul Muttalib.

# Ang Mga Huling Araw ng Sugo ng Allah (ﷺ)

Araw ng Lunes ng ika-29 ng buwan ng Safar sa ikalabing-isa ng Hijrah, siya ay sumama sa paglilibing sa Al-Baqi'. Sa daang pauwi siya ay nakaramdam ng pananakit ng kanyang ulo. Ang kanyang lagnat ay lubhang mataas, kaya ang init nito ay naramdaman niya sa kanyang buong ulo. Sa kabila ng kanyang sakit, pinamunuan niya ang mga Muslim sa pagdarasal ng labing-isang araw. Ang kabuuang bilang ng araw ng kanyang pagkakasakit ay alin sa labing tatlo o labing apat.

Nang ang kanyang sakit ay lumubha, tinanong niya ang kanyang mga asawa: **"Saan ba ako mananatili bukas?" Saan ako mamalagi?"** Kanilang naunawaan kung ano ang kanyang nais. Kaya, siya ay pinahintulutang manatili kung saan niya nais. Siya ay humilig habang naglalakad kina Al-Fadl bin Al-Ábbas at Ali bin Abu Talib patungo sa pamamahay ni Aishah. Ang kanyang ulo ay nakabigkis, kanyang kinakaladkad ang kanyang mga paa hanggang siya ay makarating sa kanyang patutunguhang bahay. Doon niya ginugol ang huling linggo ng kanyang buhay. Sa panahong ito, lagi nang binibigkas ni Aishah ang Al-Muáwwidhat (Surah-113 at Surah-114 ng Qurán) at iba pang Duá (panalangin) na naituro niya sa kanya.

# Limang Araw Bago Siya (Muhammad ﷺ) Namatay

Miyerkules, limang araw bago siya namatay, ang kanyang lagnat ay lubhang tumaas, nagpahiwatig ng kalubhaan ng kanyang sakit. Siya ay hinimatay at nagdusa mula sa kirot**.** Siya ay nagsabi: **"Buhusan ako ng pitong Qirab (tabo ng tubig) ng iba't ibang tubig ng balon upang sakali ako ay makalabas para makaharap ang mga tao at sila ay aking makausap."** Kaya, siya ay kanilang iniupo sa isang lalagyan (na karaniwang ginagamit para sa paglalaba) at binuhusan siya ng tubig hanggang siya ay nagsabi: **"Iyan ay sapat na, iyan ay sapat na."**

Pagkaraan, siya ay nakaramdam ng ginhawa upang pumasok sa Masjid. Siya ay pumasok nang nakatali ang ulo, naupo sa pulpito at siya ay nagsalita sa mga tao na nangatitipon sa kanyang paligid. Siya ay nagsabi: **"Ang sumpa ng Allah ay ibinaba sa mga Hudyo at Kristiyano, sapagka't kanilang ginawang pook ng pagsamba ang mga libingan ng kanilang mga Propeta."** At siya ay muling nagsalita, **"Huwag ninyong gawin ang aking libingan bilang isang pook ng pagsamba sa isang idolo."** Pagkaraan, siya ay nagsabi sa mga tao: **"Sinumang nagawa kong hampasin ang kanyang likuran, aking iniaalay ang aking likod upang siya ay makaganti sa akin. Sinumang nagawa kong dungisan ang kanyang dangal, narito akong iniaalay ang aking dangal upang sakali siya ay makaganti sa akin."**

Pagkaraan, siya ay bumaba, at nagsagawa ng Salat Adh-Dhuhr. Muli, siya ay nagbalik sa lugar ng pulpito at naupo rito. Kanyang ipinagpatuloy ang kanyang unang pananalita tungkol sa hidwaan at ilang mga bagay. Ang isang lalaki, pagkaraan, ay nagsabi: **"May utang ka sa akin ng tatlong dirham." Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Fad'l, bayaran mo ang aking utang."** Siya ay nagpatuloy sa pagsabing: **"Ako ay nagpapayo sa inyo na maging mabuti sa mga Ansar. Sila ay aking pamilya, at sa kanila ko natagpuan ang pagdamay (matutuluyan).**

**Sila ay kumilos nang ganap sa mga pananagutang iniatang sa kanila. Nararapat ninyong kilalanin at pasalamatan ang kagandahang-loob na kanilang ipinakita, at nararapat ninyong ipagpaumanhin ang kanilang mga pagkukulang."**

# Apat na Araw Bago Siya (Muhammad ﷺ) Namatay

Huwebes, apat na araw bago ang kamatayan ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya ay nagsabi sa mga tao - bagaman siya ay nagdurusa mula sa malubhang sakit: **"Halina kayo rito. Aking ipasusulat ang isang bagay upang kayo ay hindi kailanman masadlak sa kamalian."** Nang marinig ito ni Umar bin Al-Khattab, siya ay nagsabi: **"Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagdurusa mula sa malubhang sakit at kayo ay may Qurán na nasa inyo; ang aklat ng Allah ay sapat na para sa inyo."** Nguni't ang mga iba ay nagnanais na ang pagsulat ay isagawa. Nang marinig ng Sugo ng Allah (ﷺ) na sila ay nagtatalu-talo hinggil dito, siya ay nag-utos na sila ay lumisan at iwanan siyang mag-isa.

## Ang Araw na Siya ay Nagtagubilin ng Tatlong Bagay:

1. Ang mga Hudyo, Kristiyano at mga Pagano ay nararapat na itaboy mula sa tangway ng Arabia.
2. Siya ay nagtagubilin na ang mga kinatawan ay nararapat na igalang at pakitunguhang mabuti tulad ng kanyang laging ginawang pakikitungo sa mga ito.
3. Ang mananalaysay ay nagsabi na ito ay kanyang nalimutan. Ito ay maaaring nauukol sa pagpapatupad o pagsunod sa Qurán at sa Sunnah at ang pagsasagawa ng pagdarasal.

Kinagabihan, siya ay naging malubha na hindi niya magawang lampasan ang hirap ng sakit o makalabas upang pumasok sa Masjid. Si Aishah ay nagsabi: [Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagtanong: **"Nakapagdasal na**

**ba ang mga tao?" Siya ay sumagot: "Hindi pa. sila ay naghihintay para sa iyo."** Siya ay nagsabi: **"Maglagay ng ilang tubig sa hugasang sisidlan."** Sinunod naman ang kanyang ipinag-utos. Kaya siya ay naghugas at nagnais na tumayo, nguni't siya ay hinimatay. Nang siya ay mahimasmasan, siya ay muling nagtanong **"Nakapagdasal na ba ang mga tao?"** Pagkaraan, ang gayong magkakasunod na pangyayari ay muling naganap at muli sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Samakatuwid, inatasan niya si Abu Bakr na pamunuan ang pagdarasal sa mga araw na iyon. Ito ay ang mga labing pitong pagdarasal sa buhay ni Propeta Muhammad (ﷺ). Tatlo o apat na ulit na pinakiusapan ni Aishah ang Sugo ng Allah (ﷺ) na ipagliban si Abu Bakr mula sa pamumuno sa pagdarasal upang huwag na hindi mawalan ng pag-asa sa kanya, nguni't siya ay tumanggi at nagsabing: **"Kayo (mga kababaihan) ay tulad ng mga kababaihang nagtangkang akitin si Yusuf sa kalaswaan. Iparating ang aking pakiusap kay Abu Bakr upang kanyang pamunuan ang pagdarasal."**

## Isa o Dalawang Araw Bago Siya (Muhammad ﷺ) Namatay

Araw ng Sabado o Linggo, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakaramdam na siya ay maayos nang sapat upang magsagawa ng pagdarasal, kaya siya ay lumabas na nakahilig sa dalawang tao upang magsagawa ng pagdarasal ng Dhuhr. Si Abu Bakr, na noon ay nakahandang mamuno sa pagdarasal ay umurong nang kanyang makita na siya ay paparating, nguni't ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbigay ng pahiwatig sa kanya na manatili sa kanyang kinaroroonan at siya ay nagsabi: **"Iupo ninyo ako sa tabi niya."** Siya ay kanilang iniupo sa kaliwang kanang panig ni Abu Bakr. Pinamunuan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang pagdarasal, at siya ay sinunod ni Abu Bakr at inilalakas ang kanyang tinig sa bawa't pagbigkas ng Allaahu Akbar (ang Allah ay Dakila) ng Propeta Muhammad (ﷺ), upang ito ay marinig nang malinaw ng mga tao.

# Isang Araw Bago Siya (Muhammad ﷺ) Namatay

Linggo, isang araw bago siya namatay, pinalaya ng Propeta (ﷺ) ang kanyang alipin, binayaran bilang isang kawanggawa ang pitong dinar na kanyang pagmamay-ari at ibinigay ang kanyang sandata bilang handog sa mga Muslim. Nang dumating ang gabi, nanghiram si Aishah ng kaunting langis sa kanyang kapitbahay upang ilawan ang kanyang lampara. Maging ang kanyang baluti (bakal na damit pangdigmaan) ay isinanla bilang lagak sa isang Hudyo sa halagang Tatlumpu ng  Sa'a (salop) ng trigo.

# Ang Huling Araw Na Siya (Muhammad ﷺ) ay Buhay

Sa isang salaysay ni Anas bin Malik, siya ay nagsabi: **"Habang nagsasagawa ng pagdarasal ang mga Muslim para sa Salat Al-Fajr nang araw ng Lunes - na pinamunuan ni Abu Bakr, siya ay nagulat nang kanyang matanaw ang Sugo ng Allah (ﷺ) na itinataas ang kurtina ng silid ni Aishah. Siya (ang Propeta ﷺ) ay tumanaw sa kanila habang sila ay nagdarasal nang maayos ang pagkakahanay at siya ay nakangiti. Nang siya ay makita ni Abu Bakr, umurong si Abu Bakr upang sumama sa hanay at magbigay ng puwang sa kanya upang kanyang pamunuan ang pagdarasal, sapagka't kanyang inakala na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagnanais na lumabas at magdasal."** Si Anas ay nagsabi: **"Ang mga Muslim na nagsisipagdasal ay nagalak nang labis at halos nalulugod sa kanilang pagdarasal. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagpahiwatig na ipagpatuloy ang kanilang pagdarasal, at siya ay pumasok sa silid at ibinaba ang kurtina."**

Nang mag-uumaga, tinawag ng Sugo ng Allah (ﷺ) si Fatimah at sinabi sa kanya ang isang bagay sa mahinang tinig at siya (si Fatimah) ay

napaiyak. Pagkaraan, siya ay bumulong sa kanya ng isang bagay na kung saan siya ay napangiti. Si Aishah ay nagtanong sa kanya (kay Fatimah) pagkaraan ng kamatayan ni Propeta Muhammad (ﷺ), tungkol sa pag-iyak at pagtawa niyang iyon. At si Fatimah ay sumagot**: "Ang unang pagkakataon na kanyang inihayag sa akin na siya ay hindi na gagaling pa mula sa kanyang sakit kaya ako ay umiyak. Pagkaraan, sinabi niya sa akin na ako ang mauuna (yayao) sa kanyang pamilya upang makasama niya, kaya ako ay napatawa."** Ibinigay niya ang magandang balita na siya (si Fatimah) ay magiging isa sa mga natatanging babae ng lahat ng mga kababaihan sa mundo. Sinaksihan din ni Fatimah ang malaking paghihirap na dinanas ng kanyang ama. Kaya, sinabi niya: **"Kay laking paghihirap ang dinaranas ng aking ama."**

Hiniling niya na sina Al-Hassan at Al-Hussain ay dalhin sa kanya. Hinalikan niya ang dalawa at iminungkahi na sila ay pangalagaan. Hiniling din niyang makita ang kanyang mga asawa. Sila ay dinala sa kanya. Sila ay kanyang pinagpayuhan at kanyang sinabi sa kanila na alalahanin ang Allah nang palagian. Ang kanyang sakit ay lumubha at ang bakas ng lason sa Khaibar ay kanyang muling nalalasahan. Ito ay sadyang masakit na kanyang sinabi kay Aishah: **"Nararamdaman ko pa ang masakit na dulot ng lason mula sa pagkain na aking natikman sa Khaibar. Sadyang nararamdaman ko na ang kamatayan ay papalapit na sa akin."**

Ipinag-utos niya sa mga tao na magsagawa ng pagdarasal at maging maasikaso sa mga alipin. Inulit niya ito nang maraming ulit.

## Ang Huling Hininga ng Sugo ng Allah (ﷺ)

Nang nagsimula ang hirap ng paghihingalo, siya ay inihilig ni Aishah sa kanyang dibdib. Laging sinasabi ni Aishah (Nawa'y kalugdan siya ng Allah): **"Habang ako ay nabubuhay, isa sa mga biyayang ipinagkaloob ng Allah sa akin ay ang pagkamatay ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa aking pamamahay. Siya ay namatay sa pagitan ng**

**aking dibdib at leeg habang siya ay nakahilig sa akin. Pinaghalo ng Allah ang aking laway at ang kanyang laway sa oras ng kanyang kamatayan." Sa sandaling iyon, si Abdul Rahman - ang anak na lalaki ni Abu Bakr - ay dumating na may dalang siwak sa kanyang kamay, habang hinihilig ko ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa aking dibdib, napansin ko na siya [ang Sugo ng Allah (ﷺ)] ay nakatingin sa siwak, kaya tinanong ko siya - sapagka't alam ko na ito ay kanyang nais - "Nais mo bang kunin ko ito para sa iyo?" Siya ay tumango. Kaya, ito ay aking pinalambot sa aking laway at pagkaraan ay kanyang inilipat (sa kanyang mga ngipin)."**

Sa ibang salaysay, sinabi na: **"Kaya, kanyang nilinis (istana) ang kanyang mga ngipin nang maayos."** Mayroong (Rakwa) sisidlan ng tubig sa kanyang kamay na may tubig. Inilagay niya ang kanyang kamay dito at ito ay ipinunas sa kanyang mukha at nagsabi: **"Laa illaaha illallaah (Walang diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). Ang kamatayan ay (kaakibat ng) matinding paghihirap."**

Sa sandaling matapos ang kanyang paglilinis (mula sa Siwak), itinaas niya ang kanyang kamay o ang kanyang daliri, tumingin sa itaas (sa kisame) at gumalaw ang kanyang mga labi. Inilapit ni Aishah ang kanyang tainga (sa kanyang mga labi at) kanyang pinakinggan ang mga salitang namumutawi sa kanyang labi. Narinig niyang sinasabi ang mga ganitong **Du'a** (panalangin):

**"(O Allah)! Ikaw ang naggawad ng Iyong Pagpapala sa mga Propeta at mga makatotohanan (Siddiq), sa mga martir (Shahid) at sa mga mapaggawa ng kabutihan (Muhsin). O Allah! Patawarin Mo ako, at kahabagan Mo ako at ako ay iyong ibilang (at ihanay) sa mga Kasamahang nasa Kaitaasan."**

Pagkaraan, sinambit niya nang salit-salitan ang mga katagang ito:

**"(O Allah)! Ikaw ang siyang Dakilang Kasamahan sa Kaitaasan. Sa Allah ang aming pagbabalik at sa Kanya, kami ay magbabalik para sa (Iyong) tulong at huling hantungan."**

Ang pangyayaring ito ay naganap sa umaga (sa kasikatan ng araw) ng Lunes, ika-12 ng Rabi'ul Awwal, ng labing isang taon ng talaarawang Hijri. Siya ay animnapu't tatlong taong gulang at apat na araw nang siya ay namatay.

# Ang Kalagayan ng Mga Sahabah Hinggil sa Kamatayan ng Sugo ng Allah (ﷺ)

Ang kamatayan ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay agad na lumaganap at naging isang malaking balita sa buong Madinah. Ang dilim ng kalungkutan ay kumalat sa lahat ng pook at dako nang abot-tingin.

Si Anas ay nagsabi: **"Kailanman ay wala akong nasaksihang araw na higit na mainam o higit na maliwanag kaysa sa araw na kung saan ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay dumating sa amin; at kailanman ay wala akong nasaksihang araw na higit na madilim (puspos ng kalungkutan) kaysa sa araw na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay yumao."**

Nang siya ay yumao, si Fatimah ay nagsabi: **"Tinugon ng kanyang Panginoon ang dalangin ng aking ama!"**

# Ang Naging Asal ni Úmar Bin Al-Khattab

Si Umar (Kalugdan nawa siya ng Allah) sa kanyang pagkamangha ay halos mawalan ng ulirat at tumayo sa harap ng mga tao na nagsabing: **"Ang ilan sa mga mapagkunwari ay nagsasabi na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay namatay. Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay hindi namatay, nguni't siya ay humayo patungo sa kanyang Panginoon, siya ay humayong patungo sa kanyang Panginoon tulad ng pagtungo ni Musa (Moises), anak ni Imran. Siya ay lumayo nang apat na pung araw, nguni't sa huli siya ay bumalik bagaman sila ay nagsabing siya ay namatay. Sumpa man sa Allah, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay babalik at kanyang puputulin ang mga kamay at mga paa niyaong mga nagsasabing siya ay patay na."**

# Ang Naging Asal ni Abu Bakr As-Siddiq

Umalis sa kanyang pamamahay mula sa As-Sunh si Abu Bakr (Kalugdan nawa siya ng Allah) at siya ay dumating sa Masjid sakay ng asno. Siya ay bumaba at pumasok sa Masjid. Siya ay hindi nakipag-usap kaninuman at tuluy-tuloy ang kanyang paglalakad hanggang siya ay pumasok sa loob ng silid ni Aishah na kung saan nakahimlay ang Sugo ng Allah (ﷺ). Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakatakip ng tela na yari mula sa Yemen. Inalis ni Abu Bakr ang takip sa kanyang mukha at inihilig niyang pababa, hinalikan ito at siya ay umiyak. Pagkaraan siya ay nagsabi: "**Isinakripisyo ko ang aking ama at ina para sa iyo. Katotohanan, hindi hahayaan ng Allah na ikaw ay mamatay nang dalawang ulit. Ikaw ay nakaranas lamang ng kamatayan na siyang itinakda ng Allah (para sa iyo).**" Pagkaraan, siya ay lumabas at natagpuan niya si Umar na nakikipag-usap sa mga tao. Siya ay nagsabi: **"Umar, maupo ka."** Tumanggi si Umar. Kaya lumisan ang mga tao sa harapan ni Umar at nagsilapit kay Abu Bakr, na nagsimulang magsalita na nagsabing: **"At ngayon, sinumang sumasamba kay Muhammad (ﷺ), si Muhammad (ﷺ) ay patay na. Nguni't sinuman ang sumasamba sa Allah, Siya ay Laging Buhay (Nananatiling Buhay) at Siya (ang Allah) ay hindi namamatay."**

Binigkas niya ang talata ng Qur'an na nauukol sa pangyayaring ito.

**{At si Muhammad (ﷺ) ay walang iba kundi isang sugo lamang, may (ibang) mga sugo ang (nagsiyaong) una pa sa kanya. Kaya kung siya man ay mamatay o masawi, kayo ba ay magbabalik sa inyong yapak (sa kawalan ng paniniwala)? At sinuman ang magbalik sa kanyang (dating) yapak, kailanman ay hindi niya mapipinsala ang Allah kahit bahagya. At gagantimpalaan ng Allah ang mga mapagpasalamat}. Qur'an (3:144)**

Nang marinig ni Umar ang pagbigkas ni Abu Bakr, tinanggap nito ang kanyang pagkakamali, at ang mga tao ay nagsilayo na.

At si Ibn Abbas ay nagsabing: **"Sumpa man sa Allah, ito ay wari bang hindi kailanman narinig ng mga tao ang Ayah (talata) na ito hanggang ito ay binigkas ni Abu Bakr bilang isang paalala. Kaya ang mga tao ay nagsimulang bigkasin ito hanggang walang sinumang tao ang hindi bumigkas nito."**

Si Ibn Al-Musaiyab ay nagsabi na si Umar ay nagsabi: **"Sumpa man sa Allah, nang ito ay marinig kong binibigkas ni Abu Bakr, ako ay nawalan ng ulirat at bumagsak sa lupa. Naramdaman ko na tila ako ay walang kakayahang dalhin ng aking mga paa, kaya ako ay nawalan ng ulirat nang marinig kong ito ay kanyang binibigkas. Noon ko lamang napagtanto na si Muhammad (ﷺ) ay tunay ngang namatay na."**

## Ang Paghahanda Para sa Paglilibing at Pamamaalam sa Sugo ng Allah (ﷺ)

Araw ng Martes, ang kanyang katawan ay pinaliguan (at hinugasan) habang suot ang kanyang damit. Siya ay hinugasan nina Al-Abbas, Ali, ang dalawang anak na lalaki ni Al-Abbas, na sina Al-Fad'l at Qathm. Kasama rin sina Shuqran - ang pinalayang alipin ng Sugo ng Allah (ﷺ), Usama bin Zaid at Aws bin Khauli. Habang pinaliliguan (at hinuhugasan) nina Al-Abbas, Al-Fad'l at Qathm ang nagtatagilid (at nagbabaling) ng kanyang katawan, samantalang sina Usamah at Shuqran ang nagbubuhos ng tubig. Si Ali ang siyang naghugas (at humaplos) sa kanya habang ang [katawan ng Propeta Muhammad (ﷺ)] ay nakahilig sa dibdib ni Aws. Siya ay binalutan ng tatlong puting koton na telang sahooli na walang tela para sa ulo, ni pambalot at siya ay ipinasok dito. Isang uri ng di-pagkakasundo ay naganap tungkol sa pook ng kanyang paglilibingan. Sinabi ni Abu Bakr: **"Aking narinig ang Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsabing: Ang isang patay na Propeta ay inililibing sa pook na kanyang kinamatayan."** Kaya, iniangat ni Abu Talha ang higaan na kung saan siya namatay, at hinukay ang ilalim nito. Bago inilibing. ang mga tao ay nagsipasok nang sampu-sampu upang ipagdasal ang

Sugo ng Allah (ﷺ). Ang unang nagsipagdasal ay ang kanyang pamilya at angkan, pagkaraan ay ang mga Muhajirun, sinundan ng mga Ansar. Pagkaraan ng mga lalaki ay sinundan ng mga babae. Ang mga kabataan ay ang mga huling nagsipagdasal. Ang pangyayaring ito ay naganap sa araw ng buong Martes hanggang Miyerkules ng gabi. Si Aishah ay nagsabi: "**Hindi namin nababatid na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay inililibing hanggang aming narinig na lamang ang tunog ng mga kagamitan para sa paghuhukay ng lupa sa oras ng hatinggabi ng Miyerkules.**" [Hinango mula sa Aklat na Mukhtasar Sirat Al-Rasul. Pahina: 471, ni Ibn Hashim].

Ganyan nagwakas ang dakilang buhay ng ating mahal na Propeta at marangal na Sugo ng Allah (ﷺ).

IslamHouse.com

IslamHouseTl islamhouse.com/tl/ islamhouse.com/tl/

user/IslamHouseTl

For more details visit
www.GuideToIslam.com

GUIDE TO ISLAM

contact us :Books@guidetoislam.com

Guidetolslam.org Guidetoislam1 Guidetoislam www.Guidetoislam.com

المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

هاتف: ٩٦٦١١٤٤٥٤٩٠٠+ فاكس: ٩٦٦١١٤٩٧٠١٢٦+ ص ب: ٢٩٤٦٥ الرياض: ١١٤٥٧

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 TEL: +966 11 4454900 FAX: +966 11 4970126

# ANG TALAMBUHAY NI PROPETA MUHAMMAD

## Ang Huling Sugo ng Allah

Isang kapaki-pakinabang na aklat tungkol sa talambuhay ng Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan) sa wikang Filipino, tinalakay ng may-akda sa aklat na ito ang kasaysayan ng Propeta □ mula sa kanyang kapanganakan at kamusmusan hanggang sa kanyang kamatayan.




IslamHouse.com
OsoulCenter
www.osoulcenter.com
Rabwah